

*Isang Kapurihang Imandog*  
SAMPAGUITA PICTURES

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES  
BRACK  
**ILANG-ILANG**

NOYEMBRE 2, 1947 • 30 s.

73



**CARMEN ROSALES**  
**OSCAR MORENO**  
*Katulong si* **LILLIAN LEONARDO**



**Hele-Hele**  
**Bago Quiere**

BAKIT KAYA ITINANAN PA NI  
OSCAR SI MAMENG, ANG  
KANYANG TUNAY NA ASAWA?


ANG PINAKATUMPAK AT  
KATAWA-TAWANG TUGON AY  
MAKIKITA NINYO SA—  
"HELE-HELE BAGO QUIERE"  
NG SAMPAGUITA!

*Pinatampok din sa* **ROBERTO ROSALES**

*Kasama sina:*  
EDUARDO DEL MAR • VICENTE LIWANAG • TERESITA MARTINEZ • PACO ZAMORA  
LEONORA RUIZ • PEDRO FAUSTINO • JOSE LUZ BERNARDO • MARIA BALLESTEROS  
BILL TUELLS • MANUEL ANDRADE JR. • *Pinakikilala si* BERT OLIVAR

SINULAT AT PINANAMATANGUTAN NI LORENZO T. TUELLS • TUGTUGIN NI BASTOR DE JESUS • FOTOGRAPIYA NI R. J. ALLORINA  
ABANGAN SA CENTER (HOMEOF SAMPAGUITA PICTURES)

# LAPIANG LIBERAL



**VICENTE MADRIGAL**

**KANDIDATO SA PAGKA**

**SENADOR**

**ANG KANYANG BIYOGRAPIYA**

Isinilang sa Munisipyo ng Ligao, Lalawigan ng Albay, noong Abril 7, 1880.

Nagtapos sa Kursong Bachiller en Artes sa Kolehiyo ng Letran. Nag-aral ng Batás sa Unibersidad ng Santo Tomas.

Palibhasa'y isinilang siyang maralitá ang kanyang mga magulang, sa panahon pa lamang ng kanyang kabataan ay napilitan na siyang maghanap-buhay. Nagsimula siyang magtrabaho na isang karaniwang kawani lamang sa kanyang Lalawigan ng Ligao na ang schod ay P20.00 isang buwan. Pagkatapos pumunta siya ng Maynila at ang naging gawain niya rito ay ang tumikin sa mga kasko sa Ilog Pasig. Makaraan lamang ang maikling panahon, naging importador na siya ng karbon. Iniwanang nag-iisá ng kanyang dalawang kasama na nawalan na ng pag-asa sa kanilang pagtatagumpay sa negosyo, unti-unti siyang napatanyag at nagkaroon ng luklukan sa daigdig ng pangangalakal at lipunan.

Isang Mangangalakal, may Karunungan sa Pagsasaka, Manglilimbag, manglilikhá ng Industriya at Hari sa Pagbabapor, ang kanyang karanasan at kaalaman ay pámbihira na mahirap na pántayan ng sino man.

Ang kanyang mga nagawa ay ang mga sumusunod: Chairman, Lupon ng mga Patnugot ng Bangko Nasyonal ng Pilipinas, Kasapi sa Lupon ng mga Patnugot, Unibersidad ng Pilipinas; Tagapayo sa Pananalapi ng Pangulong Manuel L. Quezon; Senador noong 1941; May-ari, mga babasahing D-M-H-M; Chairman ng Philippine Chapter, Krus na Pula; Pangulo, Kamara de Comercio ng Pilipinas.

"Si Madrigal kailanman ay hindi lumahok sa politika; datapuwa't bigama't siya'y isang mahirap na kaya lamang nakapagpátuloy sa kanyang pag-áaral ay dahil sa magandang-loob na tulong ng mga Pare (Dominican Order), siya'y isang matalino, masinop sa paggawa at marunong na mangangalakal na bago dinating tiya ang gulang na limampung taon ay naging isá siya sa mga multimilyonario ng Pilipinas. At idinadagdag ko pa sa pagtatapos na ito na ang bawat sentimo na kanyang kinita, ay kinita niya sa mabuting pamamaraan at sa pamamagitan ng tulo ng pawis sa kanyang noo." — Sinipi sa "The Good Fight" ng Pangulong Manuel L. Quezon.

**Si Madrigal, Pinakapangunahing Mangangalakal, Ay Magiging Senador ng mga Senador**—Sinipi sa Manila Tribune

Ako ay gagawa ng pataas hinggil sa katatagan ng industriyang pantahanan, upang maging mahalaga sa mga magbubukid ang maghahabang araw at buwan kung hindi panahon ng pagtatanim o paggapas. Ang kahinaan ng pag-unlad ng ating mga nayon ay dahil sa katotohanang kung dumarating na ang panahon na walang magawa sa bukid ay nauwi na lamang sa paglilimayon ang mga mamamayan o magbubukid sapagka't walang nakatalagang gawaing para sa kanila; isang malungkot na katotohanan na siyang pinagmamulan ng mga gawaing hindi nararapat—na kung hindi magumon sa pagsusugal ay nagagawa naman ng mga bagay na liya sa kabutihang-asal.

Upang maitaguyod ang layuning ito, ako ay magtatagala ng isang palagiang ambag na hindi bababa sa APATNAPUNG LIBONG PISO (P40,000.00) upang siyang magugol ng mga may ipinangangakong mamamayan na mapipili ng "Scholarship Board" na bubuquin ng limang kasapi, sa pamamagitan ng mga alituntunin at kasunduan na pagtitibayin at susundin ng "Board." Ang "Scholarship Board" ay siyang mamamahala sa aking "Scholarship Fund" na itatatag at ang malaking bahagi pa ng ambag na ito ay mauwi sa pamumuhunan para sa maliliit nguni't matatag na pagkakakitaan. Ang tubo o pakinabang ay mauwi sa pag-aral ng mga pensyonado dito sa Pilipinas o sa ibang bansa. Itinatagubilin ko na dapat pagbigyan ng mga unang pagpapahalaga at pag-aaral ang hinggil sa paggawa ng mga kasangkapang pambaháy, damit, bisikleta, mga laruan ng bata, mga maletang pambiyaha at mga munting bagay na maaaring magawa lalo na't kung ang mga sangkap at pangangailangan para sa paggawa ng mga ito ay matatagpuan lamang sa loob ng ating mga bakuran.

Ako ay taos-pusong nangangako na gagawa ako para sa kabutihan at kapakanan ng mga beteranong Pilipinong napalaban nitong nakaraang digmaan, gayun din naman sa kanilang mga naiwang mga asawa't anak.

Ako ay gagawa ng hakbang upang magkaroon ng batas na magbibigay ng pensyon na magkakahalaga ng P10 isang buwan sa bawat isang anak na bata ng mga beteranong nagkaroon ng sakuna at hindi na makapagtrabaho sa kasalukuyan.

Ako ay gagawa para sa kabutihan ng mga naulila, lalo na ng hinggil sa kanilang suliranin sa pamamahay at upang madulutan sila ng mabuti at maginhawang pamumuhay sa loob ng kanilang mga tahanan.

Ang pagmamalasakit at pagpapahalaga sa ating mga beterano at sa mga nagawa nila ay siyang tanda ng ating pag-ibig sa lupang tinubuan.

Maging sa panahon ng digmaan o kapayapaan ay naipamalas ko ang aking mataos na loobin sa mga nagtanggol sa ating bayan. Sina Koronel Dominguez, Komandante Ramsey, Komandante Neri, Koronel Quintin Gellidon at marami pang mga pinuno ang magpapatibay sa mga naibigay kong tulong upang mapupil lamang ang ating kalaban noong panahon ng digmaan. At matagal pa bago ako iminungkahi para sa pagka-Senador, ako ay nagbigay-tulong kina Koronel Razon, Koronel Tuason at Komandante Marcos nang magtungo sila sa Estados Unidos upang lakarin ang suliranin ng ating mga beterano sa Kongreso ng Amerika.

Mga Katulong

NEMESIO E. CARAVANA

JESUS S. ESGUERRA

GEMILIANO PINEDA

LINA FLOR

Tagapangasiwa ng Ahunsiyo  
CONRADO M. ALVAREZ

# ILANG-ILANG

"*Ligaya't Aliw ng Lahat ng Tahanan*"

Inilala ha. a tuwing araw ng Linggo ng  
ILANG-ILANG PUBLICATION, INC.

Pasulatan a: Pangasiwaan: Gusaling Roces,  
1055 Soler, Sta. Cruz, Maynila

INIGO ED. REGALADO  
Patnug t

PEDRO SANZ  
Tagapamahata

HALAGA NG SUSKRISYON

6 na buwan ..... P 7.00

1 taon ..... P14.00


Ibayo (doble) ang halaga sa ibang  
bansa.

*Nakatala sa Kawanihan ng  
Koreo bilang Pangalawang Uri  
sapul noong Enero 11, 1946.*

TAON III

NOBYEMBRE 2, 1947

BILANG 3



## Ang **K**andilà

Nang ikaw'y binyagan siya ay kumislap  
niliwanagan kang may luha ng galak  
At, nang ikasal ka nama'y naglagablab  
na may kasama ring luhang nalalaglab...  
Ngayong mamatay ka't malimot ng lahat  
ang iyong libingang sa buhay ay salat  
hayu't sa puntod mo'y kasama ring tapat  
ang kandilang laging may luhang nanatak.

*Jun Espina*

# LAGALAG NA

*Kasintahan*

**A**NG lumang libingan sa nayon ng Bambang, bayan ng Bulakan, ay pinagdumugan ng makapal na tao upang gawin ang pag-aalaala sa kanilang mga patay. Sarisari ang kani-kanilang mga dala na pahiyas at pampalamuti—mga bulaklak na sariwa at mga bulaklak na papel, mga maliliit at malalaking kandila, mga kurus na tabla at kawayan na ang iba'y may mga pintura at ang mga iba'y wala, mga ilawang maliliit at malalaki at kung anu-ano pang pahiyas na mga kulatintihin ng mga babaing nagkaisip at tuman-da sa mga nayon at kabukiran.

Bago pa makipaghalikan ang malamlam na takipsilim sa mga abuhing alapaap at sa mga luntiang damo o palayan sa paligid-ligid ng libingan ay nagkasiksikan na ang mga bata, mga kadalagahan at kabaguntauhan, mga matatandang-lalaki at babae na nagyayaut-dito, ang karamiha'y nangingilid sa mga puntod, ang

iba'y tumatahak sa ibabaw ng mga libing na walang gayak at hindi nalinis, habang ang iba pa ay nagsisindi na ng mga kandila.

Sa pinakadulo at sa gawing kaliwa ng nasabing libingan ay may isang puntod na mabuti ang pagkakaayos, sa mga paligid ay may mga paso ng halamang nagsisipamulaklak, may isang korona ng sariwang bulaklak na nakasabit sa malaking kurus na may mga titik na "Lagalag Na Kasintahan." Sa masusing pagmamasid ay hindi noon lamang iniayos ang nasabing puntod kundi matagal nang inaalagaan ng masisinop na kamay. May labindalawang malalaking kandila sa buong paligid na ang mga ningas ay nagsisipagtimpalak na pinapagaspas ng malamig na hangin. Sa malas ay



mawiwika na rin na sinadya ang pagkakabukod ng libing na yaon, sapagka't hiwalay sa mga puntod na karaniwang nagkakadikit-dikit na pinamamagitanan ng masinsin at mahahabang damo na hinahati namán ng maliit na lágusang sa pook na yaon humahangga. Mula sa mga damuhang yaon ay nag-huhunihan ang maliliit na hayop na kung minsan ay gumagawa ng mahihinang kaluskos.

Subali't ang isang babae at isang batang lalaking mag-dadalawang taong gulang lamang ay waring hindi natitigatig sa kani- lang pagkakaupo sa isang hapag na kawayan sa may paanan ng puntod at nawiwiling nagmamasid sa mga bulaklak na nakalatag sa ibabaw ng libing. Nakadamit ng itiman ang babae at sa ulo'y nakapindong ang isang alampay na itim din na bahagya na lamang naglalantad ng kanyang maputing balat at ng mga malalamlam na matang katulad na nagsisipag-antok na bituin.

Ang babaing yaon na bahagya pa lamang nakalalampas sa dalawang-pung taong tag-araw ay ki-

lala sa tawag na Rustica del Pan, nguni't hindi siya katutubo sa nayon ng Bambang, kundi siya'y nanirahan na lamang doon at nagtayo ng isang patahian ng mga damit-babae na sapagka't mahusay naman ang kanyang pagtabas ay hindi naglipat-buwan at nagkaroon ng maraming suki. Ang kanyang bunsong si Roberto ay iisang taon pa lamang noon, na sa dahilang magandang bata, ay kinatutuwaaan naman. Isa sa mga suki ni Rustica ay si aling Rosa na maykaya naman sa buhay at tanyag na angkan sa nabanggit na nayon. Ito ay malimit magtungo sa patahian ni Rustica at kung mataunang maraming ginagawa ang kanyang dinalaw ay si Roberto naman ang linalaro at kinahuhumalingan.

Nang may ilang buwan na ngang nanirahan si Rustica sa Bambang ay may nagsasabing isa siyang mabait at masayang balo at may nagpapalagay namang nagkaanak siya sa pagkadalaga at siyang tumakas sa kanyang mga magulang upang ifkanlong ang kanyang kahihyan. At sa dahilang ang karikitan ni Rustica ay hindi pangkaraniwan ay may mga binata ring nagsipaghandog sa kanya ng pag-ibig, subali't wala siyang tinanggap na isa man doon, at ang kanyang palaging itinutugon ay "si Roberto na lamang ang mamahalin ko".

Nguni't ang ipinagtaka ng mga taga-nayon ay ang pangyayaring nang makaraang "todos los santos" ay nakita-kita na lamang nila si Rustica na naggayak ng isang puntod at nang itanong sa kanya kung kaninong libing yaon ay wala siyang isinagot kundi doon "nalalagak ang pag-ibig ng isang lagalag na kasintahan."

Mula noon ay nakikita minsan isang linggo si Rustica at ang kanyang anak na dumadalaw at naglalagay ng bulaklak sa nasabing puntod. Tinamnam niya ng mga halamang nagsisipamulaklak na nakalagay sa paso ang mga paligid ng libing at inalis niya ang mga damong doon ay tumutubo. Nagkaroon ng mga bulungbulungan tungkol sa mahiwagang lihim na ginagawa ni Rustica na kung bakit nag-aayos siya ng puntod gayong halos natitiyak nila na wala namang nakalibing doon. Ang kanilang pagtataka ay lumalo nang mabasa nila sa kurus ang mga salitang "Lagalag Na Kasintahan", kaya't may nakapaghinalang si Rustica ay isang sawimpalad sa pag-ibig.

Hanggang diyari na lamang ang kanilang nalalaman tungkol sa katauhan ni Rustica del Pan, nguni't ang hindi nila natalalos ay kung ano ang kasaysayan ng buhay at pag-ibig nito at kung sino ang tinawag niyang "Lagalag Na Kasintahan."

Labingwalong Mayo pa lamang siya noon nang makilala niya si

## Sa Puso Ni Rustica Ay Malaon Nang Patay Ang Kanyang "Lagalag Na Kasintahan" Kung Kaya't Ipinagpatayo Niya Ng Isang Puntod

Cecilio sa isang malaking sayawan at koronasyon ng mga nagtapos sa pagtabas. Si Rustica ay isa sa mga tumanggap ng katibayan sa pagkamodista at sinabugan siya ng maraming bati at papuri. Si Cecilio ay nagpakita agad ng paggiliw sa dalaga at sa buong panahon ng kanilang pagsasayaw ay inihayag ng binata ang kanyang pag-ibig. Gayon na lamang ang pagkakimi ni Rustica, nguni't ang matatamis na pananalita at ang makisig na tindig ni Cecilio ay siyang nagkatulong na lakas upang mabatubalani rin ang da-

at hingin ang katuparan ng sumpa ni Cecilio ay nawala na lamang at sukat ang binata. Maraming linggo at buwan ang ipinaghintay ni Rustica sa pagbabalik ng kanyang irog hanggang sa isang gabi ay tumakas na rin siya upang ikanlong ang iluluwal na bunga ng kanyang pagkakasala. Umiwas siya sa magiging ngitngit at parusa ng kanyang mga magulang at tumakas siya sa magiging sumbat ng lipunang kanyang ginagalaan. Sa isang maliit na tahanan sa labas ng Maynila siya nakitulong, nguni't pagkaraan pa ng



Umupo silang magkapiling sa luklukang kawayan at ibinuhay ng bawa't isang kanilang mga naranasan.

laga hanggang sa ihatid pa siya sa tahanan. Ipinakilala ni Rustica sa kanyang mga magulang si Cecilio at ito naman ay nagbalita ng ilang mahahalagang bagay tungkol sa kanyang sarili.

Hindi naglipat-buwan at nagkaunawaan naman ang kanilang mga puso. Sumumpa ang binata na hindi magmamaliw sa kanyang pag-ibig at nangako naman ang dalaga na kamatayan lamang ang makahahadlang sa kanyang pagsuyo. Para silang mga kalapating masasaya na sa tuwina'y umaawit ng pag-ibig. Nagtiwala

si Rustica at naisanla ang tanging hiyas ng kanyang pagkababae, subali't nang ipagtapat niya ang kanyang malungkot na hinaharap ilang buwan ay lumipat siya ng pook, at sa nayon nga ng Bambang ipinadpad siya ng kapalaran.

Nakapagpapasalamat siya sa Diyos, sapagka't naging mabuti naman sa kanya ang mga taga-nayon, lalo na nga si aling Rosa na naging malapit sa kanilang mag-ina. Noong isang "todos los santos" ay sinaglit pa siya ni aling Rosa sa puntod na kanyang ginayakan at dinalhan siya ng

pagkain at tinulungan pa siyang mag-aayos ng mga bulaklak. Ngayon ay nangako pa sa kanya si aling Rosa na dadalawin siya bago mag-ikapito, subali't lumagpas na ang nasabing oras ay hindi pa ito dumarating. Ang datingan at alisan ng mga tao ay patuloy, datapuwa't ang mag-inang Rustica at Roberto ay matiayaga pa ring nagbabantay sa kanilang puntod.

Itinatanong ni Roberto kung sino ang taong nakabaon doon at ang sagot naman ni Rustica ay ang "ama mong lagalag", at sa dahilang hindi nalalaman ng bata kung ano ang ibig sabihin ng lagalag ay muli siyang tinanong. Ang sagot ng ina "ang lagalag ay yaong layas nang layas", kaya't kung lumaki raw si Roberto ay huwag maglalayas na katulad ng kanyang ama. Si Roberto ay biglang tumindig at sinugod ang mga kandilang luha nang luha at pinagtiyagaang tipunin sa kanyang maliit na kamay ang nalulusaw na kandila na taglay ang masayang loob na katutubo sa mga musmos na katulad niya.

Sinundan naman ng tanaw ni Rustica ang ginagawang yaon ng kanyang anak at sumagi sa kanyang loob na para na ring ang kanyang mga luha ang tinitipon ng maliit na daliring yaon ng kanyang walang malay na bunsong. Habang siya'y matamang nagmamalas ay para siyang naalimpungatan at nang ititig na mabuti ang kanyang mga mata ay dalawang anino ang kanyang nakitang lumalapit mula sa dakong ulunan ng puntod. Kinusot niya ang kanyang mga mata na taglay ang pag-aalinlangan, datapuwa't dahan-dahang lumiliwanag sa kanyang paningin, at sa tulong ng mga kandila ay napagsiya niyang ang mga yaon ay hindi mga anino kundi mga taong may laman at may buto.

Nang ilang hakbang na lamang sa puntod ang mga dumarating ay nagtindig na bigla si Rustica at humandang bumati't sumalubong, nguni't naunahan siya ng tawag ng babae na nakangiti at masayang nagsasalita.

—Rustica! —ang wika nito. — Nabalang ako nang dating sapagka't nataon sa biglang pag-uwi ng aking anak. Narito siya at ipinakilala ko sa iyo!

Ang binati ay humakbang ng tatlong hakbang na papalapit sa unang nagsalita.

—Alin Rosa! —ang kanyang wika.

Hindi sa mukha ni aling Rosa tumuon ang mapanuring mga mata ni Rustica kundi sa lalaking nasa gawing likuran nito. Sa loob pa ng ilag saglit ay nagkadoop ang kanilang mga palad at nagkatitigan silang mabuti, nguni't kapuwa sila natigilan at napadilat ang kanilang mga mata.

—Cecilio del Amor! —at napa-

**Kuwento ni Pedro Reyes Villanueva**



— XXVIII —

**Unti-unti Nang Itinataas Ang Tabing Sa Kahiwagaang Bumabalot Sa Pagkamatay Ni Estrella. Sino Nga Kaya Ang Salarin?**

**A**NG lahat ng matá sa malaking bulwagan ng "Fiesta Pavilion" ay pahangáng nápapako sa magkasayáw na siná Manuel Makabuhay at Marta Makairog,

na ipinalálagáy ng madláng siyáng tunay na si Estrella Madrid na naghimaláng muling mabuhay, pagkatapos ng humigit-kumulang sa santaong pagkakalibing sa ilalim ng lupa. Ang mahiwagang lalaking nagparaya kay Manuel sa sayáw na násabi'y waláng kakuráp-kuráp ang mga paningning nakapako sa dalawa. Aywan kung ano't nakáramdám siyá ng di-karaniwang tibok ng puso. Ginapangan ng panibugho ang kanyáng damdamin. Nagsisi siyá sa pagpaparayáng ginawa. Kung tinanggáp niyá ang inialok na sáplarán ni Manuel Makabuhay, maáring siyá ang pinalad na kasayáw ni Estrella Madrid. Magkabagay na magkabagay ang indák at paghahabulán ng mga paá niná Manuel at Marta.

Nagayuma rin ng magkabagay na magkapareha ang pihikang paningin ni Rosendo. Nguni't hindi nakawala sa kanyáng matatalas na mga matá ang pagkaligalig ng mahiwagang lalaking kapiling niyáng naiwan sa luklukan.


—Magaling magsayáw ang asawa ni Dr. Medel Magsalin, ano po?—ang pukaw ng kubang si Rosendo sa lalaki.—Siyá'y si Estrella Madrid.

Luminga-linga ang lalaking pinag-ukulan ng mga kataga ni Rosendo, at nang mápunáng waláng maáring makárinig sa kanyáng isásagot ay nagsalitáng sabáy sa paglalapit nang bahagya sa kanyáng kináupáng silya sa tabi ng kuba:

—Siyá'y hindi si Estrella Madrid. Nákilala ko ang asawa ni Magsalin, muláng ulo hanggáng sa kanyáng talampakan.

Pamangháng tinapunan ng tingin ng kuba ang mahiwagang lalaki, saka...

—Ano ang inyong pagkákilala?—ang di napigilang usisa ng ma-



Nanginig ang buóng kataván ni Dr. Medel nang mabatid ang pumatáy sa kanyáng asawa. (Tagpo sa "Ang Kamáy Ng Diyós.")

**Mga NAGSISIGANAP SA "ANG KAMAY NG DIYOS"**

Estrella	CAPITEN ROSALE
Mascardo	EOPOLDO SALCEDO
Amado	GERARDO DE LEON
Nila	ROBERTO ROSALES
Clara	Teresta Martinez
Rosendo	Rosie Lorenzana
Mario	Oscar Frascenda
Don Alfonso	Bert Olivas
Doña Felicidad	Jose Luz Bernardo
	Candida Valderama

Direksiyon ni EDDIE ROMERO  
 (SINASAPLIKULA NA NGAYON!  
 Produksiyon ng Sampaguita Pictures, Inc.

## Dugtong ni NEMESIO E. CARAVANA

tabil na si Rosendo.

—Ang babaing iyá'y nagpá-panggáp lamang na “Estrella”—ang pakli ng lalaki.—Ang asawa ni Dr. Magsalin ay matagál nang lusáw sa ilalim ng lupa.

—Ano ang iryong sinabi?—patakáng tanong ni Rosendo.—Hindi kayo naniniwalang siyá'y...

—Hindi!—ang ágarang tugon ng lalaki.—Katulad ng paniniwala kong namatáy siyá at hindi na maáaring mabuhay pa.

Muling tinapunan ng tingin ng kuba ang mukháng balbasin ng lalaking kaharáp.

—Ano ang ibig sabihin ng iyong mga tingin?—ang puná ng mahiwagang lalaki sa nanunuring mga mata ng kuba.—Dapat mong malaman na isá ako sa mga naki-paglibing kay Estrella. Kitang kita ng dalawá kong matá na tinabunan siyá ng lupa.

—Hindi ba kayo naniniwala sa himala at milagro?—ang wikang ibig maakit ni Rosendo ang kausap.—Hinangád ng Diyos na mabuhay uli si Estrella Madrid, upáng maging dakilang saksi sa haráp ng mga alagád ng batás na ang kanyáng asawa'y waláng kasalanan. Kitang-kita ko siyá nang magbangon sa libingan, katulad ng pagkákita ng mga hudyo sa pagkabuhay ni Kristo.

—Ulol—ang di-napigilang pakli ng lalaki na pinamilaylayan sa mga labi ng isáng ngiti.—Manong magtigil ka nga, Rosendo. Itáhan mo ang iyong matabil na dila at papalapit na sa atin si Mascardo. Dapat mo akong mákilala: ako'y si Dr. Medel Magsalin!

Nápatayo si Rosendo sa kanyáng nárinig. Hindi niyá akalaing si Dr. Magsalin palá ang kanyáng pinaglálakuan. Hinangaán niyáng gayon na lamang ang ginawáng pagbabagong-ayos ng kanyáng panginoon. Talagáng hindi niyá nákilala ang dalubhasang manggagamot, matangi na lamang nang gamitin nito sa dakong huli ang karaniwang tinig na kilaláng-kilalá niyá.

—Kahanga-hanga kayo, Dr. Magsalin—ang paaná na wika ni Rosendo.—Ang mga matáng itong ipinaglibing sa mga matá ng lawin ay manaká-naka lamang mádaya. Pambihira kayo sa pagbabalát kayo.

—Ssssit!—ang sawáy ng manggagamot na nakabalát kayo sa kanyáng tsuper.—Malapit na sa atin ang matalinong ispektor. Itinátagubilin ko sa iyong huwág kang magsasalita ngayong gabi. Hindi na naalis ang iyong katabilán.

Nanahimik namán si Rosendo, bagamá't ang mga matá'y waláng kaalis-alis sa mukha ng kan-

yáng panginoon.

Natapos ang malambing na tutugin ng orkesta. Masasayang nagsilapit sa mesa ang dalawáng katáapos lamang na magsayáw.

—Ang susunod na tugto ay pará sa inyo namán, ginoong...—ang naputol na pangungusap ni “Estrella.”—Ano ang inyong pangalan?

Tumayo ang hindi nákilalang

panauhin ng nagpápanggáp na asawa ni Dr. Medel Magsalin. Yumukod nang bahagya at marahang nalaglág sa mga labi:

—Bagong lingkod ninyo: Salvador Braganza Zorrilla y Serrano.


Nápangiti si “Estrella” sa kanyáng nárinig na mahabang pangalan.

—Ikinararangál kong mákilala ang isáng lalaking kanluraning katulad ninyo—ang masayang náwika ni Marta Makairog.—Kung di ako namamali'y nakadaupang-palad ko na kayo, nang minsang magdaos ng sayawan sa bahay na may kinálaman sa pagbubunyi sa kaarawán ng aking

asawa.

—Hindi kayo nagkákamali—ang sagot namán ng nakabalát-kayong si Dr. Magsalin, na humanga sa katalinuhan ni Marta Makairog, na pinagáganáp niyá ng isáng maselang na papel, saka binalingan ang lalaking naging kaysayáw:—G. Makabuhay, si G. Salvador Braganza Zorrilla y Serrano.

Nagkamáy ang dalawáng lalaki. Náramdamán ni Dr. Magsalin na parang napasong ang kanyáng palad nang magkamáy silá ni Manuel. Náramdamán niyáng may gumapang na galit sa kanyáng  
(Nasa pah. 48 ang karugtong)



—Medel, huwág kang padalá sa silakbó ng kalooban—pagsusumamo ni Marta. (Tagpo sa “Ang Kamay Ng Diyos.”)

# SARUNG BANGGI

ISANG GABI

• Nobela ni SUSANA C. de GUZMAN

(Ika-15 Labás)

**S**INA Maneng at Celia ang naging taga-alih ni Marina.

—Pinahintulutan mo—ani Maneng,—at ngayo'y umiiyák ka, ano ba iyan?

—Umiiyák ako dahil sa kagalakan—ang paliwanag namán ng dalaga,—at ako'y umiiyák pagká't ito ang káuná-unahan naming pagkakálayo.

—Sa ikabubuti namán ninyong dalawá!—ang sagot ni Celia,—gunitain mo na lamang ang tagumpáy na tátamuhin ni Nanding sa Maynila. Isipin mo na lamang na mápapanood natin siyá sa pinilakang tabing at máririnig pa ang tugtuging kanyáng ginawa.

—Iyan ang inásám-asám ko—ani Marina,—naniniwala akong tutulungan siyá ng Maykapál at siyá'y tiyák na magtátagumpáy.

—Kung maging tanyág ang kanyáng pangalan—ang wika pa ni Manuel,—ay mákakasama ka sa katanyagáng iyan pagká't sa iyo iháhandog ang kanyáng tugtugin at pati ng iyong pangalan ay kanyáng bábanggitin. Nakaiingit kayong dalawá.

—Nakaiingit din namán kayong dalawá—ang birong-totohanan namán ni Marina,—pagká't hindi kayo nagkálayo at kagustuhan pa ng inyong mga magu-magulang ang inyong pag-iibigan na di gaya namin ni Nanding na kinallangan ko pang iwan ang aming táhanan upáng...

—Huwág mo na ngang gunitain ang bagay na iyan—ang hadlang ni Celia pagká't nálalaman niyáng manánamláy na namán ang mahál na kaibigan,—dárating ang araw na kayo'y magkásasundo-sundo rin, kung kayo'y kasál na ni Nanding...

—At, magkaroon na ng supling!—ang dugtong na pagbibiro ni Maneng,—matátanggihan pa ba kayo ni kabisang Berong? Siyá na ang mamámanhik sa inyong pumisan sa kanilá upáng laging mákita ang kanyáng mahál na apo.

—Malayo pa iyan, Maneng—ang paiwás ni Marina na pinamulahán ng mukha,—máunahan pa ninyo kaming dalawá, kami'y wala pang tiyák na araw samantalang kayo'y... nangángamoy na!

Si Celia namán ang pinamulahán ng mga pisngi; binago agád ang sálitaan:

—Balitaán mo kami agád kung makátanggáp ka ng sulat buhat kay Nanding—anyá,—ibig na-

Marina,—ipabábasa ko nang malakás kay Maneng ang liham upáng málaman nating lahat.

—Kung susulatan mo siyá ay ikumusta mo na lamang kami ni Celia,—ang paalaala namán ng

ang tatlo, dátapwá't may nágunita si Marina:

—Siyanga palá, Celia—anyá,—ang mabuti'y mag-isip-isip na tayo ng isusuot pagká't tayo raw ay susunduin ni Nanding sa unang araw ng pagtatanghál ng kanyáng pelikula, at tayo ng mga tata-Bestre at mga tata-Ibyong ang kanyáng magiging panauhing pandangál.

—Naku, matátagalán pa iyon!—ang pagunita ni Maneng.

—Mabuti na ang nakahanda—sagot namán ng kasintahan,—ang lagáy ba'y saka lamang maghá-handa kung oras na? Magbuburdá pa kami ni Maring.

—Kayo na ang bahala!—ang madaling pagpapatianod ng bina-ta.

Naghiwá-hiwaláy siláng si Marina ay masayá na, napawi na ang luha sa mga matá at nabaháw ang pagdaramdám dahil sa káuná-unahang pagkakálayo ng pinakamámahál na katipán.

Nang gabing yao'y humaba ang kanyáng pananalágin pagká't hinihiling niyá sa Maykapál na pánuntán ng magandang kapalaran si Fernando, mabawasan ang ka-dunguán, mákagaanang loob ng mga mákakasama at huwág paghirapang turuan sa pagka-artista.

SA Maynila...

Isáng katamtaman ang laking táhanan sa Maynila ang mádaliang nátagpuán ni direktor Fernandez pará sa kanyáng bagong artista. Nilagyan ng karampatang mga kasangkapan at saka siyá binigyan ng isáng utusan tumutugon sa pangalang Kikoy. Kasama

## Sa Pansamantalang Pagkakalayo Nina Marina At Nanding Ay Walang Nakatitiyak Kung Saan Sila Dadalhin Ng Mapagbirong Kapalaran

ming málaman agád kung ano na ang nangyayari sa bituin ng nayon.

—Mangyari pa!—ang sagot ni

binata,—at kung siyá'y may kailangan ay ipaalám lamang agád sa atin.

Maghihiwá-hiwaláy na sana



—Umiiyák akó dahil sa kagalakan—ang paliwanag ni Marina,—at akó'y umiiyák pagká't itó ang káuná-unahang pagkakálayo namin ni Nanding.

Isinásapelikula ng LVN

Tinatampukán niná

ROGELIO DE LA ROSA

MILA DEL SOL

TONY ARNALDO

Pinamatnugutan ni

SUSANA DE GUZMAN



si Rosa Rosál nang si Fernando ay pasukatan ng mga damit, sa-patos at lahat ng mga kailangan, at ang bituin pa ang namili ng mga ináakalang bagay sa kanyang bagong tuklás na **leading man**. Siyá rin, si Rosa, ang nagpaayos ng táhanan ng bagong artista; nagpalagáy ng mga palamuti at nagbigáy ng mga tagubilin sa utusáng si Kikoy.

Nagkagalit nang tuluyan si Rosa at si Alfonso Castelvi.

—Hindi ko iniáalis na siyá'y iyong tulungan—ang pagtatampo ni Alfonso,—subali't huwág namáng ikáw nang lahat ang guma-wa ng dapat gawin ng ibá. Nagpápakalabis ka sa pagtingin sa gutom na artistang iyán!

—Magtigil ka, Alfonso—ang galit na galit na sansala ng artistang babae,—naninibugho ka lamang kaya ka ganyán, naiinggit ka!

—May matuwid ako upáng manibugho—ang sagot ni Alfonso,—pagká't nálalaman ko ang iyong karupukan, batid ko ang iyong ugali at mga kahinaán...

—Ikáw ba'y naparito upáng makipagkagalit o upáng magsanay tayo sa shooting bukas?

—Hindi ako nakikipagkagalit, pinagpápagunitaán lamang kitá. Nagpápakalabis ka sa pagtingin mo sa probinsyanong...

—Huwág mo siyáng isangkot sa ating sálitaán—ang hadláng ni Rosa,—huwág mo siyáng matahin pagká't ang probinsyanong

iyán ang balang araw ay tsiiba-baw sa pangalan mo.

—Bakit ka nagsalita ng ganyán? Ano ang kahulugán ng iyong sinabi? Tinátakot mo ba ako?—ang sunud-sunod na tanong ni Alfonso.

—Oo, tinátakot kitá—ang waláng kapangá-pangambáng sagot namán ni Rosa,—pagká't sa sandaling mahasa si Nanding, oras na lumitáw at mákilala ng madla ang kanyáng katangian ay...

—Nanding!—at sinabayán ng halakhák na hadláng ni Alfonso—ang sadyang pinangingibabawan na ng malabis na panibugho.—Bukas-makalawá, iyán ay honey na at...

—Wala kang pakialám, Alfonso! Lumakad ka na... umalis ka na!—ang pasigáw na ni Rosa.

Madali namáng tumalima ang naggingitngit na si Alfonso. Umalis siyáng ang panibugho at galit ay gayon na lamang; si Fernando Flores ang napag-iinitan ng kanyang ulo.

Samantala...

Wala namáng kamalay-malay sa mga nangyayari ang kahabághabág na binatang pinag-áawayan. Nang mga sandaling yao'y lihim na nagsasanay si Nanding kung paano siyá makikiharáp sa mga tao sa estudyó.

—Marami bang tao sa estudyó, Kikoy?—ang usisa sa kanyáng utusáng binatilyo.

—Opo—ang sagot namán ng utusán.

—Ano ba ang ginágawa sa kinukunan ng **screen test**?—ang tanong pa rin niyá. Sinabi sa akin ni direktor na magbihis daw ako at kukunan ako ng **screen test** sa estudyó ngayong hapon.

—Lálagyán po kayo ng **make-up**—ang simula ng utusáng lihim na nátatawá sa katangahan ng probinsyanong pinaglilingkurán,—pagkatapos ay íaayos kayo sa harap ng kámara, pakikilusin kayo at papagsásalitaan.

—Ano ang ipasásabi sa akin?

—Kung anu-ano po, maáring pagpahayagin kayo ng pag-ibig kay aling Rosa.

—Susmaryosep!—ang nábigkás ni Fernando,—mahirap yata iyon?

—Lakasán ninyo ang inyong loob—payo namán ng utusán,—sa una po lamang kayo nenerbiyosin, nguni't sa susunod ay hindi na, masásanay din po kayo.

—Magsanay nga tayong dalawá—ang hiling ni Nanding,—turuan mo ako Kikoy, ibig kong bago ako magtungo sa estudyó ay alám ko na ang gágawin ko.

—Kayó po, eh!

—Maupo ka rito—patuloy ni Nanding at iniupo si Kikoy sa sopáng nakaharáp sa may pintuan,—kunwari'y ikáw si Bb. Rosa Rosál at magpápahayag ako sa iyo ng pag-ibig.

—Opo.

—Ano ang sásabihin ko?—ang tanong ni Nanding nang nakalikmo na sa tabi ni Kikoy.

—Magpahayag kayo ng pag-

ibig sabihin ninyong... iniibig kitá, Rosa, ikáw ang aking lángit... ang aking bituin...—ang turo ni Kikoy.

Umayos na si Fernando at sinanay ang kanyáng sásabihin.

—Heto na!—anáng mag-áartista,—iniibig kitá, Rosa, ikáw ang aking langit... ang aking...

Isáng matunog na halkhák ang kaniláng náulinigan buhat sa may pintuan na ikinágulantáng ng dalawá. Wala siláng kamalay-malay na si Rosa Rosál palá'y nakatayo na sa may pintuan at pinanonood ang kaniláng pagsasanay.

—Iniibig mo nga ba ako?—ang biro ni Rosa sabáy lapit kay Nanding.—Hindi ka makapagkákaila, dinig na dinig ko?

—E... e... nagsásanay po kami ni Kikoy—ang hindi magkantututong sagot ni Nanding.

—Madali iyán, magbihis ka na at lálakad tayo—anáng babae,—ako na ang bahala sa iyo sa estudyó at saka... huwág sanang matigás ang ulo mo, ayoko sabi ng pinupupo mo ako, eh!

Tumango lamang ang pinanlámigán ng kamáy na si Fernando at nagtuloy na sa silid upáng magbihis.

Makaraán pa ang iláng sandali'y sakáy na silá ng magarang awto ni Rosa upáng magtungo sa estudyó.

Habang nasa sasakyá'y nasa kabiláng dulo si Fernando at waláng katinag-tinag man lamang. (Nasa pahina 46 ang karugtong)

**Black Panther**  
**UNTAMED**  
**PERFUME**

Ang mapanggayumang halimuyak ng "Black Panther" ay tumukso sa puso ng isang lalaki... tumukso sa puso ng isang babae... hanggang ang dalawang pusong ito'y malango sa walang kahulip na pagmamahalan. Gamitin ang pabangong ito sa isang gabing kapangapangarap... kung nais ninyong maakit ang lahat

Pangkalahatang Tagapamahagi:  
**PETER & COMPANY**  
142 ROSARIO, MANILA

# Kayumangging Kaligatan

## 29. ROSIE LORENZANA

**H**INDI siya mestisa. Iyan ang isa sa unang bagay na kanyang tiniyak sa akin. Kaiba sa karamihan ng aking mga kina-panayam, si Rosie Lorenzana ay isang taal na pilipina. Ang url ng ganda niya'y agad nagpapatunay nito sa sinumang magmamam-sid. Ang kulay ng kanyang balat, ang hugis ng kanyang mga mata at ilong, ang kanyang mga labi, ang itim ng kanyang buhok at pati na ng kanyang taas at pangangatawan—lahat-lahat, ay bumubuo ng isang kagandahang kung tawagin noong araw ay "kayumangging kaligatan."

Tatlong panig ng Kapuluan na may iba-ibang wikain ang bumuo ng kanyang pagkatao: ang kanyang ama'y buhat sa Kailokohan at inianak sa Tagudin, Ilokos Sur; ang ina niya'y isang taga Maynila; at siya naman, si Rosie, ay ipinanganak sa Dabaw.

Ang araw ng kanyang kapanganakan ay ika-28 ng Agosto, 1928, kaya't masasabing si Rosie Lorenzana ay kasalukuyan pa lamang "namumukadkad"; kung baga sa bulaklak ay nakatikom pa ang karamihan sa kanyang mga talulot. Pangalawa siya sa bunso ng anim na magkakapatid. Karamihan sa kanyang mga kapatid ay may asawa na't mga anak. Kay dami raw niyang mga pamangkin! Kay saya-saya nilang mag-aanak kung nagkakatipuntipon! Nguni't ito'y paminsanminsang lamang maganap, sapagka't ang iba sa kanila'y nangasa-Dabaw pa rin hangga ngayon, samantalang ang iba naman ay dito sa Maynila nagsisipanirahan. Gayon pa man, tulad ng karamihan sa ating mga pilipino ay hindi lubusang "nagkakalayo" ang lahat-lahat sa kanilang pamilya. Kahit na ang karamihan sa kanila'y may mga sarili nang tahanan at nangasa-ibayong dagat ng



Mábabakás sa kaaya-ayang mukha ni Rosie Lorenzana ang isang mahinahong kalooban.

Kapuluan, magkakalapit pa rin ang kanilang mga damdamin; nag-aalalahanan silang lagi!

Kahit batang-bata pa'y napagdaanan na ni Rosie ang mga kaka-kila-kilabot at kalunus-lunos na karanasang bunga ng digmaan: patayan, nakawan, sunugan, pahirap at iba pa. Sa siyudad ng Dabaw sila inabot ng unang siklab ng digma sa dakong ito ng Pasipiko. Bukod sa kanilang tahanan sa lunsod, ang mga magulang ni Rosie ay may iba pang mga bahay sa malalayong nayon sa Dabaw. Nang magsimula ang pagsalakay ng mga *aeroplanong* Hapon ay minarapat ng kanyang ama na lumikas sa isa nilang *hacienda* sa Tugbok.

Sila raw ay pinapalad; pagkaalis na pagkaalis nila sa siyudad ay pinatakan ang panig na kina-

titirikan ng kanilang bahay ng isang bombang Hapon. Kabilang sa mga nawasak at nasunog ang tahanan nilang nilisan!

At ang anghel na sumusubaybay sa kanila ay waring nagsumidhi sa pag-iwas na sila'y mangapahamak. Pagkatapos ng dalawang buwan lamang sa Tugbok ay naisipan na naman ng kanyang ama na sila'y lumipat sa isa pa nilang tahanan sa kabilang nayon na nasa lalong liblib na pook na malapit sa kabundukan. Hindi pa raw nalalaunang makarating sila doon ay nabalitaan na nilang binomba na rin ang pook na kanilang pinanggalingan!


Sa loob ng panahon ng pananakop ay nagtiis sila ng hirap, gutom at di-maisiwalat na pangamba. Kabilang sila sa mga nahanan sa kabundukan, sa pagna-

nais na mapalayo hangga't ma-aari sa malulupit na Hapon. upang maiwasan ang mga pahirap na tinatamo ng ibang mamamayang nangasa-kabayanan.

Buwan ng Mayo, 1945, nang makuha ng mga kawal na amerikano ang panig ng Dabaw na kinaroroonan nila. Nguni't bago ito naganap ay marami munang mga nakapangingilabot na pangyayari ang nasaksihan ni Rosie. Ayon sa kanya, lagi silang naliligtas ng "ga-buhok lamang", sa mga bagay na tulad ng pagsaksak ng bayoneta, pangagahasa, paninilab, pagpapahirap, na siyang naging kapalaran ng ilan nilang mga kasamahan na hindi nakaligtas sa mga kuko ng kaaway, nang mahigpitan na ang labanan at nang nakikita na ng mga kanaan (Nasa pah, 45 ang karugtong)

# Kung bakit ang SAMSON FASHION SCHOOL

ay umaagapay sa mga pangunahing Paaralan ng Moda sa Amerika



Gusaling Plaza Sta. Cruz, kanto ng Escolta

## MGA DAHILAN

Ang istandard ng pagtuturong ginagamit ay tulad sa Amerika

Ang mga Tagapagturo ay Pinili

Makabago at Kompletong Kasangkapan at Aparato Mga Makabagong Gusali



Mrs. A. T. SAMSON, B.S.E.  
Dekana sa Dressmaking at Embroidery

### 1. Mrs. A. T. Samson, B.S.E.

Sumulat ng:

The Art of Dressmaking  
Thinking Lessons  
Philippine Fashions  
Modern Embroidered Collars  
Men's Light Garments  
Samson Fashions  
Samson's Art of Embroidery



P. CELESTIAL  
Dekano sa Master Tailoring

### 2. P. Celestial

Nagtapos sa Nueva York; may katangiang naging katulong na Tagapagturo sa American Gentlemen School of Designing and Cutting sa siyudad ng Nueva York.

Sumulat ng:

Celestial's Designing of Men's Garments

### 3. Maurice L. Luce

Bantog sa daigdig na Hair "Stylist" at guro sa "Coiffure design". Naging Direktor ng Antoine of Paris at Technical Director ng American Hair Design Institute of New York.

### 4. Mrs. H. Lusonghap

Kaunaunahang Babaing Pilipina na nagturo ng karunungan sa pagluluto dito sa Pilipinas. Nagtapos sa pangunahing mga Paaralan sa Pagluluto sa Amoy at Paris.



M. L. LUCE  
Dekano sa Hair at Beauty Culture



Mrs. H. LUSONGHAP  
Dekana sa Tanging Pagluluto

*Mga Klase sa Gabi at Araw*

*Ang Pagpapatala Ay Sa Lahat ng Panahon*

# SAMSON FASHION SCHOOL

Kanto, Escolta—Plaza Sta. Cruz

859 Oroquieta, Maynila



— XXVIII —



Isáng palase ang inilagáy sa turulán at sinipat ang batobalaning ang luningning ay nakasisilaw.

**U**NTI-UNTI nang naghingalo sa silangan ang mga huling sinag ng araw...

Mabilis na pumailanláng sa papawirin ang labintatlong kalapati. Sinalát ni Abá ang kanyáng kuwintás at ang palawit nito'y pinaglaruan ng kanyáng mga daliri, saka marahang ibinulong: "Ibig kong maging isáng malaking ibon."

At si Abá'y naging malaking ibon, na kahawig na kahawig ni Pakpák. Lumipád siyáng kasunod ng labintatlong kalapati. Lumagáy siyá sa layong limampung dipá sa likurán ng pangkát niná Magandá. Nang malapit na malapit nang kumagát ang dilim ay sumigáw si Magandá:

—Tumigil ka, kung di mo ibig na masawi!

At si Abá namá'y pabulusok na

### **Nakarating Na Si Aba Sa Pintuan Ng Yungib Ng Higtang Si Sinukuan At Sa Pamamagitan Ng Bilis At Talino Ay Nakapasok Siya Roon**

bumaba sa lupa. Nátanaw ng binata ng Banabá ang pagpasok ng pangkát niná Magandá sa mahiwagang pintuan ng yungib ni Sinukuan. Isá-isáng nawala ang mga kalapati sa mga gulod ng bundok, na wari'y kinákain ng laho. Matagál na sandaling natubigan ang baguntau. Laganap na noon ang kadiliman. Hinanap ng mga matá ni Abá ang batobalaning may hugis matá na inihimatong sa kanyá ni Magandá, na siyá umanong nag-iingat ng agimat ng matibay na pintuan ng yungib ni Sinukuan. Dahil sa malabis na kadiliman ay hindi niyá maaninag man lamang ang sinásabing batobalani.

Hinintáy ni Abáng sumikat ang buwán, na namámanaag na noon sa bunton ng mga ulap. Waláng anu-anc'y nagsabog na ng kanyáng pinilakang buhok ang marilág na sultana ng langit. Isáng nakasisilaw na bagay ang

náantungán ng masid ni Abá, na waláng iniwan sa munting salaming tinátamaán ng luningning ng araw.

—Ito na marahil ang batobalancing sinásabi ni Magandá—ang náibulong sa sarili ng baguntao.

Matagál na tinitigan ang batobalancing nasa gulod ng bundok ng Arayat. Halos hindi makatagál ang kanyáng mga matá sa pagtitig sa tila matáng batobalancing. Nasilaw ang kanyáng mga paningin.

Inihanda ni Abá ang kanyáng busog. Humugot ng isáng palaso sa kanyáng kaluban. Ibininit sa bagting at saka hinigit ito at sinipat nang buong igi ang batobalancing gága-matá lamang ng isáng tao.

Hindi nakuhang paigkasin ni Abá ang kanyáng palaso. Pano'y nag-alinlangan ang kanyáng mga matá. Ang malabis na pagkasilaw ay siyáng nakapigil sa kanyáng ibig na gawin. Iláng sandaling ikinuráp-kuráp ang kanyáng mga paninging nagwawating-wating noon.

Humingá nang bahagya ang baguntao. Nágunita niyá ang naging-isdáng si Ban. Kailangan niyáng iligtás ito. Nálalaman niyáng ang tanging paraán upáng mápanumbalik si Ban sa pagiging tao'y nasa mga palad lamang ng makapangyarihang si Sinukuan. Nágunita niyá ang pangakong binitawan sa kanyáng kapatid, na: "Magbábalik ako rito upáng mápanumbalik ka sa rati." Muling itinaás ni Abá ang kanyáng pana. Hinigit ang bagting at sinipat sa turulán ang ga-matáng batobalancing. Sa sangkispá-matá'y nákitá na lamang na humaginít ang kanyáng palaso. Dinurog ng matalim at matigás na dulo ng palaso ang batobalancing. Isáng malakás na putok ang nag-umugong sa katahimikan ng gabl. May nálikháng lagabláb na ang dilá'y halos umabot sa langit. Naramdamán ni Abáng nayanig ang lupang kanyáng tinutuntungán. Gayunmá'y hindi man lamang siyá sinagllahan ng pangambá at pagkatakot. Waláng anu-ano'y napawi ang malaking lagabláb. Isá nauuáng dagundong ang kanyáng nárinig na waláng iniwan sa isáng malaking gulong ng karitong nagdáraán sa kabatuhán. Nátanaw niyáng ang gulod ng bundok ng Arayat ay may munting guwáng na maliwanag, na lumálaki nang lumálaki.

Dahan-dahang lumapit si Abá na halos pigil ang paghingá. Nguni't bigla siyáng nápakó sa tayo nang marínig niyá ang isáng malaking tinig na bumati sa kanya:

—Sino kang pangahás na nagbukás sa matibay na pintuan ng Arayat?

Sa pasimulá'y hindi sumagot si Abá. Waláng ginawa ito kundi pagalain ang kanyáng mga matá. Nákitá niyá ang dalawáng bagay na nagbabaga na ga-suntok halos ng lalaki. Sinapantaha ni-

yáng mga matá ng isáng malaking higante ang nákitá.

—Sino ka?—ang ulit ng malakás na tinig.—Bakit hindi ka sumagot?

—Ako'y anak ni Luyong, na nagpasuko sa kitabot na higanteng si Gumpáy ng Siyera Madre—ang waláng kagatul-gatul na tugon ng binata.—Naparito ako upáng makipagkita kay Sinukuan.

—Hindi pa ipinanganganák ang nilikháng maáaring makipagkita sa kanyá—ang sagot ng tinig.—Lumapit ka rito upáng mákilala ko ang iyong pagkatao. Hindi kita nákitá.

Pasubok na lumapit si Abá.

Ang toto'y hindi siyá námamalas ng higanteng tanod sa puerto ng Arayat.

—Narito na ako ngayon sa iyong harap—ang wika ng binata.—Kilalanin mo akong mabuti.

Lumingas-lingas ang tanod ni Sinukuan. Hindi rin nákitá na nagbabagang mga mata ng higante ang kaliitan ni Abá.

—Saán ka nároon?—ang bali-sáng wika ng higante.—Bakit hindi kita mákita?

—Ha-ha-ha-ha!!!—ang namutawi sa mga labi ng anak ni Luyong.—Bulág! Bulág!

Lalo nang nanlaki ang mga matá ng higante. Nayamot siyáng ngayon na lamang sa panu-

nudyo ng anak ni Luyong.

—Bakit hindi ka makiharáp sa aking tulad sa isáng tunay na lalaki?—ang pagalit na sabi ng higante.—Ang mga tunay na lalaki'y hindi nagtátago at nangungubli sa ibig niláng kaharapin.

Lalo lamang nápahalakhák si Abá.

—Bulág! Bulág!—ang ulit ng binata.—Ano pa ang ibig mo? Gamitin mong mabuti ang iyong mga paningin. Isáng lalaki akong kaharáp mo ngayon, na hindi nagtátago ni nangungubli.

Ibinaba ng higante ang kanyáng mga matáng nagháhanáp. Isáng munting nilikha ang bumu- (Nasa pah. 33 ang karugtong)

## Kararating lamang mula sa Inglatera...

*Pelapone-Ricardo*

### DIESEL-ENGINES

(mga Makinang Diesel)

ukol sa lahat ng

**PANGANGAILANGAN NG LAKAS (power)  
MABIGAT NA PAGGAWA (Heavy duty) —  
"FOUR CYCLES"**

-Kasama sa mga nangungunáng katangian:

Malinis, Maginhawa, Makabagong balangkás at mading matutuháng mga bagay tungkol sa mga piyesang kumikilos.

Matibay, mabuting pagkakabagay-bagay ng pagkakagawá sa ilalim ng makabagong karunungan sa inhinyerya.

Mabigat na paggawa ng lahat ng kumikilos na piyesa at waláng mahihináng kasangkapán.

Maingat na pagkakalagay ng mga Pánala, Piyesang Labasan o Pásukan (Nozzles) at iba pang mga piyesang nangangailangan ng pánsin.


Tumpák na pagkakatimbang upáng matiyák ang walang galaw na pagganap.

MGA MODELONG NASA AMIN NGAYON

N-61 4-6 HP., 1 Cylinder

N-51 8-13 HP., 1 Cylinder

N-52 16-24 HP., 2 Cylinders



Mga Tanging Tagapamahagi:

Gawa sa Inglatera

# COSA CORPORATION

ngayon ay nasa  
22 Escolta, Tel. 2-89-66

# Isang LIHIM

KUWENTO NI  
F. A. Pagsua

**NAHIHINTAKUTAN** na si Itsay sa mga inaanyo at ikinikilos ng kanyang asawang si Ipeng. Nadadala na tuloy ang kanyang pagkukuro sa panghihinuhang may lihim nang paghihinala si Ipeng sa kanyang ipinakalilingid-lingid na gawain.

Si Ipeng naman sa kabilang dako'y parang inaapuyan ng paggingitngit sa buhay. Anuman ang kanyang gawing pagsusumikap ay hindi sila makaipon. "Bakit kaya?" tanong ni Ipeng sa sarili na sa pag-aapuhap ng kasaguta'y di man lamang sumagi sa kanyang pagkukuro ang kahi' bahid ng paghihinala sa mahiwagang lihim na ginagawang kanyang asawa na lingid sa kanya.

—Sa abilidad lamang iyan Ipeng...—ang paliwanag sa kanya isang araw ng isa niyang kaibigang naraanan na nagpapatayo ng isang bagong tahanan.

"Marahil nga! Marahil nga!" ang naibulong-bulong sa sarili ni Ipeng habang pauwing lumalakad buhat sa pakikipag-usap na yaon. Sari-saring balak tuloy ang pumasok sa kanyang isip. Noon pa'y unti-unti nang inihahanda ang sariling kaloban sa pagsuong kahi't sa isang mapanganib na pakikipagsapalaran. "..., at bahala na!" anya pang nasisiyahan sa binabalak. "Kailangang sayawan ang mga bagong tugtugin upang huwag matangi sa kalakaran."

Sa gayong malalim na paghahaka dinating ni Ipeng ang kanilang tahanan. Sa pinuan pa'y pangiti na siyang sinalubong ng maganda niyang maybahay. Pagsampa niya sa maliit nilang barung-barong ay miumpang na sa kanyang mga paa ang isang paris na sinelas na buling karahiwan niyang gamiting pambahay pagkahubad ng sapa os. Hindi nawala ang mga panalubong na ngiti at magigiliw na pangungusap ni Itsay na ipinamamawing-pagod sa asawa kung i'o'y dumarating buhat sa hanap-buhay. Lamang ay mga pamawing-pagod ang mga yaong may ilan nang panahong parang malamig na tinatanggap ni Ipeng sa kaloban.

Sumasal na ang hapdi ng sugat sa puso ni Itsay na nililikha ng gayong pagbabago ni Ipeng. Ang malamlam na mukha at pagwawalang-imik na naipanunukli ni Ipeng sa gayon niyang pagsalubong ay hindi na makayang bathin pa ng mapag-imping damdamin ni Itsay.

—Bakit ba Ipeng, ganyan ka na ngayon sa akin?—ang may palagi-

## Sa Isang Pag-asawahan Ay Hindi Nararapat Mamagitan Ang Ano Mang Lihim Kung Nais Na Manatiling Ligtas Sa Di Pagkakaunawaan

nginig ang tinig at tiyakang tanong ni Itsay sa asawa nang ito'y makatapos mananghali a: makaupo sa isang silyang kawayan. —Parang may palagi kang iniisip na kung warin ko'y nagsasawa ka na sa akin? Isang malungkot na tingin ang naiukol na tugon ni Ipeng kay Itsay. Hindi niya ibig na ma anto ni o ang kanyang ipinagkakagayon. Si Itsay naman ay lalong kinaba-

han sa gayong inanyo ng asawa.

—Magalit ka na kung nagagalit ka man sa akin...—ang patuloy ni Itsay na ibig nang tumangis sa sama ng loob,—nguni't... huwag sanang ganyang dinadaan mo sa pagwawalang-imik; ano ba ang nagawa kong kasalanan sa iyo? —ang sa wakas ay paluhang tanong.

—Kasalanan?—ang pamulagat na tanong din ni Ipeng na napapamang-

na sa asawa.

—Oo...! Kung ako'y nagkulang sa iyo'y gulpihin mo ako, pagbuhatan ng kamay at ang gayong hirap ng ka away magaan-gaang pag tisin kaysa ganitong hirap ng kaloban! —ang halos pahaguhol na tugon ni Itsay.

Tumimo sa kaibuturan ng puso ang habag ni Ipeng sa kanyang asawang noon lamang niya naki ang nagdamdam nang malabis. Hinawakan si Itsay sa dalawang bisig. Inilapit sa kanya't dinampian ng mainit na halik. Inlupo sa kanyang kandungan at sinuob ng mapangaliw na pangungusap. Ipinaliwanag nang di-naikubli ang kanyang dinaramdam. Ipinagtapat ang kanyang mapapanganib na balak upang kumita pg sapa sa kanilang ikaliligaya.

—Naku... Ipeng, huwag...!—paganulandang na tutol ni Itsay.

—Huwag!—sabad ni Ipeng.—Matitilis ko bang mamarati tayo sa ganitong pagsasanap sa buhay?

—Gayon lamang pala! Magtitilis akong magdildil ng asin kung siyang kallangan, sa kaya lamang na kita mo sa maayos na paraan, huwag mo lamang na pasikdu-sikduhin ang aking dibdib sa mapanganib mong binabalak na suungan nang dahil sa akin. Bayaan mo't tutulong ako sa iyang maghanap-buhay. Tatanggap ako ng tahi, kukuha ako ng labada, at... alam mo? Marunong akong maglu'o ng kakanin. Kaya kong lathat iyon,—ani Itsay na sa mayubod na pagsamo ay malambing na hinahaplang pa ng kanyang malalambot na kamay ang mukha ng kanyang asawa.

—Magpapakasaki ka?

—Hus...! Bayaan mo't may awa din ang Diyos sa atin! Maano kung nasa barung-barong? May pagmamahalan naman! Maano kung walang magarang pananamit? May karangalan lamang. Isa ang hinihingi ko sa iyo: pag-ibig! Sarilinin mo ako't sasarilinin kitang walang pag-iimbo sa karangyaan!

Sa gayong alo ni Itsay ay nalasing sa kaluwalhatian ang kaluluwa ni Ipeng.

Si Itsay, palibhasa'y may lihim na balak nang hapong yao'y hindi nakuhang matulog ng tanghali na gaya ni Ipeng. Hinintay lamang na maldip ang asawa't nagmamadaling bumangon. Kinuha sa kanyang taguan ang nangakahanda nang kailangan niya sa paglakad, isinalukbuan ng kanyang bestido at mabilis na nanaog.



Isang binatang magara ang kasarilinan ni Itsay sa loob ng munti nilang tahanan.

Di pa halos nakalayo si Itsay, si Ipeng nama'y pinukaw ng isang mahigpit na bangungot. Isang "Sus Marya'y Husep" ang kanyang mabigkas nang makaupo na. Sinagilahan siya ng kalungkutan at malamlam na hinala nang di-magisnaan sa kanyang piling ang asawang sana'y babalitaan ng kanyang napanagarap. Hinaplos ng kanang kamay ang nangulimlim niyang mukha at nang ibaling ang kanyang patingin sa dakong pin'o ay isang sulat ang kanyang nakita sa katapat na sahig. "Fred!" ang nasa sulat "Tanggapin mo sa maydala nito ang halagang P200.00 na ipinagbili mo sa akin. Hanggang di o kahimanawari'y magtagumpay ka sa iyong pinapagarap.—Itsay"

Parang pinagsukluban si Ipeng ng langit at lupa. "Kaya pala!" anya sa sariling parang inaalog ang dibdib ng malaking kapooan. "Hindi ko akalain!" ang kabuntot na idinugong. Tumindig na pinagsisuklaban ng matinding galit. Tinungo ang munti niyang taguan upang kunin ang mahabang balisong na bantang itarak sa dibdib ng kanyang asawa. Ngunit parang himala ng Langit na una niyang namataan sa ibabaw ng kanyang taguan ang magandang larawan ng itinuwuring na kabiyak ng kanyang puso. Sa halip na magpatuloy sa kanyang balak ay kawing-kawing na pumasok sa gunita na parang pinapanariwa ng nakita niyang larawan, ang mga pangaral at pakiusap ni Itsay sa kanya sa gabi-gabi ng kanilang pag-uusap bago sila makatulog: ang kahinahuanan. Ang pag-lisip sa mararating sa pagsubo sa kasakunaang nililikha ng simbuyo ng kagalitan. Dahan-dahan siyang pinanghinaan ng loob sa bantang gagawin at sa wakas ay minagaling niyang itago ang liham na yaon upang ipaghintay ng karama-dapat na pagkakataon. Pagkatapos ay nagbihis at nanaog na parang walang anumang nangyari.

Nang makaalis na ng bahay si Ipeng ay sa-darating naman si Itsay. Namumulang hagibis nang pagakyat. Naguguniguni niyang baka mapulot ni Ipeng ang sulat na nawala sa kanyang lukbutan. Nang makitang wala doon ang asawa'y mabilis na naghalingkat sa mga sisidlan. Nagmamadali siya at baka di-abutan ang tangi niyang kainalam sa pagpapadala kay Fred ng salapi.

Nasusubukan pala siya noon ni Ipeng.

—I say...!—marahang tawag ni Ipeng habang umaakyat.

Si Itsay ay lalong nasindak. Nabakas sa kanyang putlang mukha ang pagkabakla ng loob. Ibig niyang mapaiyak. Lumakas ang kaba ng kanyang dibdib. Pinanginiginan ng kawayan sa takot napaupo siya sa kanilang silyang kawayan. Nagdilim ang kanyang pag-lisip at nagsawalang kibong tila nakatukang-ahas.

—Itsay...!—ang malambing na muling tawag ni Ipeng.—Hinihintay ko ang iyong mga ngiti... Ayaw mo ba ba?

Sa gayong suliranin ng buhay ay

parang kumat ng sumagi sa alaala ni I say ang larawan ni Luisa. Ito'y kanyang kaibigan at naging sawi sa kamay ng kanyang asawang si Ipeng bago sila makasal. Noon, si Ipeng ay mapusok. Parang tuyong kahoy na sa sandaling salab ng apoy ay agad naglalagablab, kaya't si Luisa'y naging kaawa-awa sa pakikisama sa kanya. Pagkatapos ng may walong buwang magusot na pamumuhay ay hiniwalayan na lamang at sukat ni Ipeng si Luisa, nagdadalang-tac at marali'a. Salamat sa kupkop ng isang tunay na ale sa Maynila, at doon si Luisa'y nakatawid din sa gitna ng paghihinagpis.

Palibhasa'y magkaibigan, ay sinikap ni Itsay na pagsadyaing kausapin si Luisa, sa bahay ng ale nito

di-nakaya ng aking pag-ibig. Alam kong galit na gali. Siya sa akin. Isinumpa niya ako pati ng noo'y nasa aking sinapupunan, nang ako y kanyang lisanin. Nadala siya ng simbuyo ng lisyang panibugho. Ipa-kiusap mo lamang sa kanyang patawarin niya ako kung inaakala niyang ako'y nagkasala sa kanya—ang habol pang pangungusap ni Luisang nabuntuan ng bahagyang haguhol ng iyak, na ikinaawa ng kausap na kaibigan.

—Yayaman Luisang binuksan mo sa akin ang iyong puso at ninais mo ang aking walang sabid na kaligayahan, ay asahan mo namang hindi ko siya pakakasalan hanggang hindi ko nauunawang lubusan nang walang hadlang ang kanyang kaluluwa sa

yang gamitin sa harap ng nagbabagang puso ng kanyang asawa. Mabilis siyang umindig. Sinugod ng yakap si Ipeng.

—Ipeng...! Ipeng...!

—Bakit? Bakit ka nagkakaganayan?—ang pagpapakunwaring tanong ni Ipeng na may pagmamahal. —Nakita ko si Luisa! Oo, Ipeng! Napakita siya sa akin kanginang ayo'y nakahiga, at napakita pa siyang muli ngayon!

—Kangina... bakit di mo ako ginising? At bakit di pa kanginang pakita sa iyo, sinabi mo sa akin?

—Hindi ko na nalaman ang gagawin sa takot!—ang may panginiging na sambot.

—Lulang bata ito, ah... —ang malambing at patapik-apik pang alo ni Ipeng, habang hawak sa kaliwang-kamay ang asawa.—Panaginip mo lamang iyon. Kundanga'y kinalimutan mong may asawa kang sa iyo'y nakalaang magtanggol! Iyan ang nasasapit ng isang babaling...

Hindi naipatuloy ni Ipeng ang sabihin. Tinuop ni Itsay ang kanyang bibig na kamunti nang makapagbulalas ng sa akala ni Itsay ay malambing na panunumbat, ngunit hindi. Munti nang makapagpawala noon si Ipeng ng dagundong ng isang malakas ng bagyo. Nagbabagang noon ang kanyang kalooban. Nag-iingit noon ang isang nagpupumiglas na pool. Salamat sa maagap na pagkatutop na yaon sa bibig ni Ipeng at nakapanahong parang dagitab na sumagi sa kanyang alaala ang lihim niyang binalak na nakapagpahupa sa kanyang naglaang na damdamin.

Anim na buwan ang sapul noo'y kainip-inip na dumaan sa mahigpit na pagmamanman ni Ipeng sa asawa a kapana-panabik na lumipas sa matamang pagtitis ni Itsay sa nagbabalat-kayong pagmamahal ni Ipeng.

Unri-unti na silang nakalipon ngayon. Malinaw iong tanda sa pagkukuro ni Ipeng na ang sanhi ng kanilang paghihikahos noong una'y walang iba kundi ang pag-iustay ni Itsay ng salapi sa kapakinabangan ng ibang tao. Kay pai! Ngunit lalong mapait na gunitaing dahil doo'y may karangalan siyang napupugay, kaya't sa kalooban ni Ipeng ay namumuo ang apoy ng panibughong nagpapayanig at tumutupok sa kanyang damdamin, upang lumikha ng kilabot pagdating ng araw

At itya nga. Si Ipeng ay nakahimahan. Para siyang dinagukan sa dibdib ng kanyang naulinigan sa kanyang pagtungo sa hanap-huhay noong hapong yaon, kaya't sa halip na mag uloy sa patutunguhay mabilis na nagbalik sa kanilang tahanan. Nilagos ang dakong likod ng kanilang bakuran, at buhat sa mababang silong na pagapang niyang pinanubukan ay napatunayan ang kanyang himaton. Isang makisig at may magarang suot na binata ang kasarilinan ni Itsay sa loob ng kanilang mun'ing tahanan.

(Nasa pah. 32 ang karugtong)



Nag-usap ng puso sa puso ang dalawang magkaibigan, na ang isá'y lumuluha at ang isá'y naháhábá.

sa Maynila, bago napakasal kay Ipeng.

—Luisa—ani Itsay sa kausap na noo'y naratnan niyang nararatay na sa banig.—Ayokong mag-asawa sa isang taong may sumpang mailwan ang isang gaya mo.

—Itsay—ani Luisa namang halos pinangangapusan ng hininga,—kita'y magkaibigan. Ako'y paalis na upang mailbis ang pinapasan kong kasawian. Pinatawad ko na si Ipeng. Malalaon na. Huwag kang mag-atubili. Pakasal ka sa kanya. Siya ay mabait. Ikaliligaya kong ikaw ang kanyang makaisang-dibdib. Mahalin mo siya. Ipakits mo sa kanya ang

pag-aasawa, at tutuparin ko ang lahat mong bilin.

—Salamat Itsay—ani Luisa.—Nauunawaan ko ang ibig mong sabihin!

Ilang sandali pa ng malihim nilang pag-uusap at sila'y nagkahiwalay na kapuwa may luhang umaagos sa mga mata.

Ma apos ang gayong paggunita ni Itsay sa kanyang kaibigang malaon nang sumapayapa, at nang manumbalik sa naglayag niyang alaala ang kasalukuyang panganib na kanyang kinasusuungan, ay dagling sumilid sa kanyang isip ang isang mababaw ngunit huling-barahang maaari ni-



# Halik SA BANDILA



(Ika-43 Labás)

## Damdaming Makabayan Ang Nagbubunsod Kay Renato Upang Sumuong Sa Lahat Ng Uri Ng Panganib Sa Pagpapatuloy Ng Pakikilaban

Hindi pa halos nabubuksán ng hardinero ang pinto ay isáng tampál na ang ibinigáy sa kanyá ng pinakapuno ng anim na kawal na dumating. Yukod lamang nang yukod ang

**A**NO ang iniisip ninyong gawin?—ang náitanong din ni Renato pagkatapos mabawi ang kahinahunang nilito rin ng pagkátuklás na wala palá siyang tagláy na sandatang máipagsásang-galang sa sarili, sakaling maghinala sa kanyá ang mga hapon ng anumáng bagay na hindi mabuti.

—Kung di ko buksán ay baka iwalat ang pintuan. Kung mátuklasáng may tao palá rito ay mag-iisip ang mga iyon ng masama sa akin at ipalágáy na ako'y masamáng tao.

—Sa palagáy ko'y dapat nga ninyong buksán ang pinto!—ang náipayo ni Renato.

—At ikáw? Paano kung mákita ka rito?—ang tanong ni tandáng Gilmo.

—May pader sa likuran, hindi po ba?

—Mayroon!

—Hindi gaanong kátaasan?

—Hindi namán gaano. Nguni't mahihirapan kang umigpaw upáng pakabila!—ang alinlangang wika ng hardinero.

Nápangiti nang bahagya si Renato. Hindi nákikilala ng kanyáng kausap na siyá'y manlalaro sa Unibersidad niyang pinagtapusán at kailanmán ay hindi siyá náhuli sa alinmang lundaagn. Nang dalhin siya sa olimpiyada sa Berlín ay nátatandaán pa ni Renato isáng ruso lamang ang tumalo sa kanyá sa "high jump."

—Magtiwala kayo! Buksán na ninyo ang pinto at samantalang nanánaog kayo ay nasa kabila na ako ng pader. Hindi po ba kalye ring maliit ang nasa likod ng bakurang ito?

—Isáng eskinitang matagál nang hindi nararaan ng mga sasakyán, hindi lamang sapagká't nagkálubák-lubák kundi tinubuan din namán ng malalagong kugon ang magkábiláng gilid at nálambungán ng malalabay na sangá ng mga kahoy na nasa magkábiláng bakuran. Sa akala ko'y mapangungublihan mo nga ang dakong iyon—ang pasang-ayong sabi ni tandáng Gilmo.

Pinataanan ni tandáng Gilmo ang binata. Kahit na kalantog nang kalantog ang nasa tárangkahan ay hindi siyá tumitinag hanggáng hindi nákikitang uri't igpaw na si Renato sa pader.



Tumalagá na si Renato sa pagsuong sa bagong pakikipagsá-palarán alang-alang sa tinubuang lupa.

kaawaawang matanda. Hindi man niya náunawaán ang sinásabi ng pinuno ay patuloy rin siyá sa pagbibigáy-galang na waláng wawa.

—Itinátanong opisyal—ang paliwanag na pagago ng interprete—kung saán awto bahay ito!

Nápaunat ang katawán ng matanda nang máunawaán niyá ang sinásabi ng nagsásalin sa masamáng pananagalog ng sinásabi ng pinunong hapon. Ang interprete ay siyang dati'y may tindahan ng "mongo-con-hielo" sa isáng lansangan sa Tundo na nang dumating ang kanyáng mga kababayar ay tumakip sa hukbo at ginamit na tagapagsalin ng wika nilá sa wikang tagalog.

—Wala po!—ang sa wakás ay násabi ni tandáng Gilmo.

—Saán daw takko?—ang tanong ng interprete.

—Hindi po itinago, hinuha po ng mga ameriko at dinalá sa malayo!—ang pagkakaila ng matanda at siyang panagot na itinuro sa kanyá ni Victor nang hulung dalaw nito sa malaking bahay na yaon.


Ganoon man ay naghalughog din ang kawal sa garahe, sa silong at ibá pang panig ng bakuran at kaya lamang umalis ay nang waláng mápala ang kaniláng pagpapagod.

Subali't hindi nakabatá ang mabangis na pinuno nang hindi muna iwanan si tandáng Gilmo ng isáng sipang ikinagik nito. Sa simula, nang hindi pa nakalálayo ang mga kawal, ang hardinero ay sa sarili lamang niyá nanunungyaw. Nguni't nang humarurot na ang trak na sinakyán ng mga umalis ay saka niyá ipinaghiyawa hanggáng langit ang kanyáng sumpa, galit at masamáng salitáng kundi siyá poot na poot ay hindi niyá kayang apuhapin sa alin mang talátinigan.

Dahilan sa pagdidilim ng kanyáng pag-iisip sa sipang waláng habág na inilagak sa kanyáng sikmura nang nagsialis ay nákalimita na niyá si Renato. Nang máalaala niyá'y nang nangangalahati na siyá sa hagdang pinápanhik.

Nanaog siyang muli at nang makasilip sa tárangkahan at matiyák na talagang wala na ang mga tampalasan ay saka siyá lu- (Nasa pah. 39 ang karuotong)





Kailan ma't magluluto kayo . . .  
gamitin ang Makrema—Pinong **WHITEBAND**



**MASARAP NA KAKANING "CAKE"**

3/4 tasa ng cocoa 1 kutsaritang asin  
1/3 tasa ng sukal 1 kutsaritang vanilla  
1-1/4 tasa ng pinakulong gatas 1 tasang sukal  
2/3 tasang Whiteband 1-1/4 kutsaritang soda  
2 tasang sinalang arina

HALUIN at salain ang cocoa na sinamahan ng 1/3 tasang sukal. Idagdag na unti-unti ang binakulong gatas at batihing mabuti. Palamigin—Ihalo ang WHITEBAND, asin at vanilla. Ilang mang unti-unti ang 1 tasang sukal at pabalain. Ihalo ang itlog at batihing mabuti hawa't lang ng makailang ulit. Ihalo ang cocoa, at kanawin na kasaitan ng meskla ng arina sa meskla. Ilang ng tuwing hawa't lagay. Lutain sa 2 may 9" lalim ng saring may WHITEBAND sa hanggang may katamtamang init sa loob ng 25 hanggang 30 minuto. Babaran ng pampasarap ang pagitan (layers) at ibabaw ng cake.

**PARA SA CAKE, "PUDDINGS" AT PASTEL—**

Ang WHITEBAND ay malambot sa hipo—magaang sa kutsara—madaling haluin, kung kaya—makagagawa kayo ng lalong magaang at higit na malalaking mamon, siksik at lalong mabubuting pastel.

**PARA SA GANAP NA PAGPIPRITO—**

Hindi napsik, walang aksaya, malinis at masarap na pipirito sa mantika, sapagka't ang WHITEBAND ay ginawa sa mga pinakamabuting langis ng halaman na siyentipikong dinalisay.



**PRUTAS NA EMPANADA**

2 tasang sinalang arina.  
1 1/2 kutsaritang "baking powder".  
3/4 kutsaritang asin.  
1/2 tasang gatas.  
1/2 tasang WHITEBAND.  
Salain ang arinang kasama ng "baking powder" at asin. Idagdag ang WHITEBAND sa maliit na piraso. Haluin hanggang maging masa.  
Balumbuin ang masa sa ayos rektangulo 12 x 11". Pagputul-pu'tuling parisukat. Ilagay ang pinatamis na prutas sa hawa't parisukat. . . Basalin ang mga dulo ng masa ng maliig na tubig. Lupitin hanggang mag-abot ang 4 na dulo.  
Lutain sa hurno sa loob ng 30 hanggang 35 minuto.

Lang pahatid buhat sa Manggagamot

"... Tiyaking ang inyong pagkain ay bago't sariwa—iwasan ang paggamit ng lipas o sirang mantika—pinasasama nito ang lasa ng pagkain, at iyan ay makapipinsala sa inyo. Upang mamalaging mabuti at malakas, kinakailangan ng mga taong kumain ng masarap at nakakapagpaganang pagkain..."

Upang makatulong sa pagbuo ng malusog na bansa  
gamitin sa pagluluto ngayon ang makrema—Pinong

# WHITEBAND

## Shortening

GAWA AT IPINAMAMAHAGI NG PHILIPPINE REFINING CO., INC.

# Sining

## sa TAHANAN

Pitak ni LINA FLOR

**M**INSAN, sa hindi ko sinásadyang pagkakataón, ay nápadalaw akó sa bahay ng isá kong matalik na kaibigan, na, gaya ko rin, ay isá nang iná ng iláng anak. Náratnán kong namúmugto ang kanyang mga matá na sa wari ko ba'y galing sa matagál na pagiyák; nguni't dahil palibhasa sa pangyayaring kamí'y matagál nang di nagkikita, pagkátanaw ná'y sa akin ay pilit na pinasayá ang mukha. "Tulóy ka!" wika niyá at akó'y niyakap na para bang ibig ipakilala sa akin na waláng anó mang sa kanyá'y nang-

yáyari. Hindi náikaila sa kanyá na nápansin ko ang anyo ng kanyang mukha na nagpápakilala ng kalágyan ng kanyang damdamin. Kaya, bagamán nagpaká-timpi-timpi akó ng pag-uusisa pagká't aniko sa sarili'y dapat kong igalang ang kalágyan niyáng waón, ay siyá na ang nagpáuná sa akin.

—Alám mo'y náhuli-huli mo

ang pamumugto ng aking mga matá—ang simula niyáng sabi sa akin,—batid kong pinagbibigyan mo lamang akó kaya di ka nagtanóng, náalaman mo ba kung bakit?—

—Bakit nga ba, ha?—náitanóng ko namán.

—Mangyari, si Rosendo, laban sa dati niyáng ugali ay kung iláng araw nang pirming gabi kung

dumating ng bahay.

At ang sinabing itó ni Lumen, na dili ibá kundi ang kaibigan kong yaón, ay sinundán ng mahabang pagbabalita hinggil sa pagpapalágyan nilang mag-asawa. Anubá't sa mga sinabi sa akin ni Lumen ay para kong násinag na ang dahil ng pagiging gabi na kung umuwi ng kanyang asawa ay hindi ang pagiging baliw nitó sa mga panandaliang aliw, na gaya ng ibáng lalaki, kundi isáng kadahilanang, ang wika nga'y kapabayaán ng isáng iná ng táhanan na máilagáy ang táhanang itó, na nasa ilalim ng kanyang pangangasiwa, sa isáng ayos at katáyuang gaya ng dapat sakitin ng isáng babaing may-asawa na katulad na nga naming dalawá ni Lumen.

Kaya náitanóng ko sa kanyá:

—Baka namán hindi mo náihá-handóg sa iyóng asawa ang tunay na kaligayahan sa loób ng táhanan?

Ipinukól ni Lumen sa malayo ang kanyang paningin pagkatasap na hugutin sa dibdib ang isáng matalim na buntóng-hini-nga. Tila ba ibig niyáng ipakilala sa akin na akó'y waláng katuwirang magtanóng sa kanyá ng gayón pagká't siyá'y isá namáng nag-aral ding kamukha ko, at dahil diyá'y náalaman niyá kung anó ang kanyang mga tungkulin sa loób ng pamamahay. Napilitan tulóy akóng ipaliwanag sa kanyá ang ibig kong sabihin sa náitanóng na yaón. Wika ko'y hindi ko pinag-áalinlanganan ang matapat niyáng pakikisama at pakikibagay kay Rosendo, nguni't sinabi kong dahil sa ibá-ibá ang ugali at hilig ng isáng lalaki ay baka hindi niyá nátatagpuán ang hináhanap na datnán ng kanyang asawa kung umúuwing galing sa maghapone paghahanap-buhay.

—May mga lalaki—ang wika ko ba,—na kung nangeágaling sa opisina ay waláng ibig máratnán sa kanyang táhanan kundi ang nasá kaayusan ang lahat. Lahát ng kanyang kasambaháy ay mapayapa at masasayá. Waláng hinanakitar at waláng sumbungan. At may katwiran silá, pagká't sa maghá-maghapong kaniláng pagpapatuo ng pawis o pag-uubos ng utak sa kaniláng pinápasukan, ang nais niláng nátatagpuán sa loób ng kaniláng táhanan ay isáng asawa't mga anak na mag-áalay ng mga kaaliwáng sukat makapawi sa kaniláng mga kapa-



Nátututong lumabás ng bakuran ang isáng amá, na kalimitang iná rin ng táhanan ang may-sala.

galan sa maghapon. Tayo man ang lumagáy sa kaniláng kalá-gayan, pagúd na pagód ka sa tra-baho, káuwí-uwi mo pa, ang má-raratnán mo'y isáng bahay na waláng ayos, isáng asawang salát sa kasiyá-siyáng pagsalubong, at mga anak na dahóp sa mabuting turo at kalinga ng isáng iná, anó ang ibúbunga?—ang náitanóng ko pa at akó rin ang sumagót:—ang ibúbunga ay... inít ng ulo at pagkasuya sa loób ng sarili niyáng táhanan. Kung marupók ang loób ng isáng lalaki, pagdatíng sa ganitóng kalá-gayan, ay nakáká-isip na ng ibá, ibig kong sabi-hin... napipilitang humanap ng aliw sa ilalim ng ibáng bubóng, at oras na dumatíng ang gan-yáng pagkakátaón, kung bagá sa halaman ay mamúmulaklák ng sámang ng loób at magbúbunga ng paghihiwaláy.

—Nguni't si Rosendo ay hindi ganyán—ang tutol ni Lumen na tila ibig itangi sa ibá ang kan-yáng asawa,—siyá namá'y umú-uwi, iyún nga lamang, laging ga-bí, na ang kadalasan ay tulóg na ang aming mga anak. Hindi ko namán ináasahang si Rosendo ay gágawa ng gaya ng kasásabi mo pa lamang.

—Anó ang malay mo! May ka-sabihán tayong mga tagalog na “kapág nag-ítlóg-ítlóg, ay mag-mámanúk-manók.” Maáaring ngayó'y umúuwi siyá kung gabí, sa pasimula; bukas-makalawá, hátinggabí na, sa kinámakatluhán namán ay madalíng-araw, at... sa magsisisunód, wala na! Diyán nagsisimula ang pagkawasak ng isáng táhanan...

Humingá ng malalim si Lumen at pinagmasdán akóng maigi na tila ba nagtataká at waring ibig itanóng sa akin ang “saán-saán ka ba kumúkuha ng iyóng mga sinásabi?”

Hindi ko siyá pinansín at akó'y nagpatuloy.

—Dapat alalahanín tuwi na ng isáng babaing may asawa, na:

**“Ang tunay na kaligayahan ay nasa loób ng táhanan.”**

Marami sa mga lalaking may ma-tino at matiníng na pag-iisip ang nakabábatíd sa bagay na iyán. Umúuwi silá sa oras sa pagbaba-ká-sakaling ang maghapon niláng pagod sa upisina ay mápalitán ng kaniláng asawa't mga anak. Nguni't... anó ang magiging kalá-gayan ng kaniláng pag-iisip kung sa pagdatíng sa kaniláng bahay ay di kaligayahan kundi sama ng loób ang kaniláng mátatagpuán? Dapat málaman ng lahat ng ba-bae, lalung-lalo na nga sa may asawang katulad natin, na ang Sining sa Táhanan, ay di lamang ang pag-aayos at pagpapagndá

ng mga táhanan natin, kundi ang pagdudulot din namán ng mga kaluguran sa kabiyák ng puso kung dumáratíng na sa ating pi-ling.

Nápatíngin na namán sa akin ang aking kausap, nguni't siyá'y hindi ko pinansín at akó'y nag-patuloy uli.

—Sa aking akala, ang káuná-unahan nating dapat alagataín sa loób ng ating pamamahay, ay: una, maging malinis at maayos itó; ikalawá, maging tahimik at mapayapa; at ikatló, maging pu-gad ng tunay na kaligayahan ng buóng mag-aanak. Ang salapíng kinikita ng ating asawa ay dapat nating pag-ayáw-ayawín.


Ang waláng tarós na paggugulog ay nagiging dahil ng pagkawala ng kaayusan at kaligayahan. Mang-yari, ugali ng karamihan sa ating mga babaie, kapág kapós na ang panggastos ay laging nakasima-ngot, tinátamad nang kumilos upáng ilagáy sa wastóng kalá-gayan ang lahat sa loób ng pama-mahay. Kaya nga'y táhasang masásabi na ang bulagsák na pag-gugugol ng isáng babaie ay mada-lás na humáhantóng sa mga ka-saliwaáng-palad. At di lamang iyán. May mga pagkakátaóng na-kaliikha tulóy ng masamáng hi-nala sa nagháhanap na asawa. Dili ang hindi nátátanóng nilá sa sarili na “baka kaya ang asawa ko'y may ibá nang pinagbibigyan ng aking kinikita.” Sa araw at oras na makapaghinala ng gan-yán ang isáng lalaki, na galing sa waláng tarós na paggagastá ng isáng babaie... tapús na ang kay mundóng ilaw—wika nga—sa loób ng isáng táhanan dapat maging mapayapa, tahimik at maligaya!

Diwa'y nápapaniwala ko sa aking mga sinabi si Lumen kaya nárinig kong násabi niyá, sa ma-rahang tinig, ang “May katwiran ka!” Hindi niyá sinabi sa akin kung bakit nulas sa kanyáng mga labi ang mga salitáng iyáng nag-bibigáy ng matwíd sa akin. Dá-tapwá't náhalata ko sa kanyá na sa mga dahiláng aking sinabi ukol sa pagkawala ng kaligayahan sa loób ng isáng táhanan ay ka-bilang ang nagiging sanhi ng pa-gigíng gabí na kung umuwi ng kanyáng asawa.

—Ang pagiging isáng uliráng asawa at amá ng isáng lala-ki ay nasa pag-ingat at pag-papala nating mga babaie—ang wika ko pa bilang tapos sa aming pag-uusap ni Lumen.—Kung ma-pagsisikapan nating mga babaie na sa pag-uwi ng ating asawa ay wala siyáng máraratnán sa kan-yáng táhanan kundi kapayapaán at kaligayahan ay matitíyák ko (Nasa pah. 37 ang karugtong)

## “Mabuti Na Ang Aking Sipon Inay”

Mangyari pa! Ang lunas na ito'y may bisang Panloob at Panlabas.



At may sipon na naman ba iyan? Ang anak ninyo'y huwag papaghintayin sa lunas na kailangan niya sa lalong madaling panahon. Gamitin agad ang madali at may dalawang bisang gamot na napagtitiwalaan ng angaw-angaw na Ina sa buong daigdig. Ihaplos lamang ang Vicks Vapo-Rub sa lalamunan, sa dibdib at likod.

Ang VapoRub ay kagyat na nagbibigay-bisa at nagpapaghinawa sa dalawang paraan.

Sa LABAS, ito'y tila panapal na pumapawi sa paninikip ng dibdib.


Formula: Camphor, 6%; Menthol, 3%; Oils of Turpentine, 5%; Eucalyptus, 2%; Cedar Leaf, 1%; Nutmeg, 1%; Thymol, 0.25%; Petrolatum, 81.75%.

Sa LOOB, ang panlunas na singaw nito na buhat sa init ng katawan ay nagpapaghinawa sa nagbabarang ilong, sa nanana-kit na lalamunan, at lumulunas sa ubo. Pag ginamit bago matulog, ang VapoRub ay patuloy na may bisa kahit na ang anak ninyo'y matagal nang nakakatulog. Sa kaumagaha'y malimit na wala na ang matinding sipon.

# VICKS VAPORUB

**UPANG SUMARAP AT MAGING MALINAMNAM ANG ANUMANG LUTO, GUMAMIT NG**

## MANTIKANG “CENVOCO”



**Mabibili sa Lahat ng Groseriya at Puwesto sa Pamilihan**

**Central Vegetable Oil Mfg. Co.**  
Maynila

**Ding,**

**Umuwi ka agad. Hinihintay ka.**

**Ang**

# PAGSISISING ALIPIN

**A** RAW ng mga Patáy...

Ang libingan, bagamán pinaliliwanag ng libu-libong dagitab at pinararangya ng mga palamuting bulaklák na ang ibá'y sariwa at ang ibá'y yari sa nagkináng-kináng na bubog, ang bayan ng mga namamayapang kaluluwa ay kinasisinagan din ng pangláv, kapanlawang lalong sumisidhi kung namamahay sa mga pusong sariwa pa ang pangungulila. Tilá maging ang hihip ng hangin sa pook na ito ay nagpapa-hiwatig ng lagim at nagdudulot ng lumbay.

Nguni't sa tanging araw na ito ng mga banal, ang mga tao'y hugos na sa pagyayao't dito sa lahat ng panig ng mapanlaw na pook. Ang mayayaman ay lulan ng kanilang magagarang sasakyan, may mga dalang mamahaling korona. Ang kanilang mga *mausoleo* ay nagbubunyag ng hindi na mapapawing pagmamalaki ng mga nakatataas maging sa huling himlayan. Ang maliliwanag na dagitab na hanggang sa pagharap sa Dakilang Bathala'y nais magpakilalang sila'y nasa ibabaw ay walang sawang tumatanod sa mga nakahimlay sa loob ng makapal nilang higaan. Samantalang ang mga dukha, na walang maiaabot sa karangyaan, ay nagkakasiya na lamang sa pagdadala ng mga ilang kandila upang ipailaw sa mga lalong dukhang libingan ng kanilang mga minamahal. Ang walang tilang pagluha ng mga tanod na ito sa apat na sulok ng kaawa-awang namamayapa ay lalo pang nagpapaantak sa kirot ng puso ng mga ulilang naiwan subali't siyang higit na karapat-dapat upang mapanariwang lagi na sa kanilang dibdib ang alaala ng yumao.

Sa pook na ito, samantalang ang mga kabataan ay walang sawa sa paglilibot na kasama na ang pagmamasid at paghahalintulad sa mga libing na kanilang minamalas sa nadaraan, na kung alin ang maganda at pinaggugulan ng limpak-limpak, ay isang babae namang nakapamindong ng itim na itim na sutla ang humahangos na dumating at sandaling nagmalas-malas sa paligid. Isa-isang sinasala ng paningin ang mga maralitang kurus na doo'y nangakatayong tila mga palándaan. Nakita niyang ang ibang kurus na malalaki ay bagong pinta. Tuwid na tuwid ang pagkakatayo sa ulunan ng namamayapang kaluluwang nakahimlay sa ibaba, habang ang iba naman ay kupas na ang pintura at nangakagiray pang tila nagbabadyang sila'y pang pagod at hindi na tatagal sa

**Si Marina Ay Lumaki Sa Gitna Ng Kahirapan  
Nguni't Nang Makatikim Ng Karangyaan Sa  
Lunsod Ay Tinalikdan Ang Nayong Sinilangan**

**Kuwento ni  
AUREA J. SANTIAGO**



Isáng babae ang dumating na nakapamindóng ng itim na sutla at sinasala ng paningin ang mga nagtayong kurus.

pagtatanod. Ang babaing dumating na nakapamindong, kung may magsusuring paningin sa kanyang anyo ay walang salang manggigilalas.

Ang gulang niya'y nasa katanghaliang-tapat. Magandang-maganda ang mukhang tila sadyang itinatago sa mapanuring lipunan ng mga tao sa pook na iyon. Ang kaputian ng kanyang mga bisig ay tinatabingan ng bupandang itim na halos ay nakabalot sa mga iyon, subali't ang hangin ay maliksi at maminsan-minsan ding ibinubunyag sa nagmamalas ang ilalim na kalamnan ng bisig mula sa siko kung pinasasalipadpad ang bupanda. Makikinis nga at mapuputi ang mga bisig na iyon at mahihinuhang ang ganoon kagandang mga kamay ay hindi pa-aari kundi rin lamang sa isang magandang mukha. Tunay na ang mukha ng babaing lumilinga at tila may hinahanap ay napa-karilag. Ang kinis at puti ng balat, ang maumbok na noo, malalamang pisngi na may biloy, ang katamtamang tangos ng ilong na bumagay sa gumamelang mga labi na bumubuo sa isang maliit na bibig, at ang may kaunting tulis na baba, ang lahat ng ito'y nagkaugpong-ugpong upang bumuo ng isang mukhang ang karilagan ay mapapangarap ng isang makata o ng sinumang anak ni Adan.

Sandaling huminto ang naturang babae. Itinuwid ang kanyang may magandang hubog na katawan. Ang maliliit na paang simputi ng bulak ay nakapaloob sa dalawang mumurahing bakya lamang. Nang hindi niya mapagsiya ang mga pangalang nasa kurus sa malayo ay lumapit siya at isa-isang sinapat ang mga titik.

—Baka kaya ako naliligaw, ah!  
—wika sa sarili.—Nguni't hindi, dito ang himatong sa akin ni Tato at siya'y hindi magsisinungaling.

Isang nakahapay na kurus ang kanyang nilapitan, yao'y nasa pinakaliblib na pook, sa dakong tabi ng tila gubat na mga nagtatayugang damo at talahib. Biglang sumikdo ang kanyang dibdib.

—Ito nga—anya,—ito na nga— at biglang nanlabo ang mga paningin. Ang luhang kanyang pinakakapigil-pigil ay hindi na nakayang timpiin sa kanyang mga mata. Nagsitalon at naramdaman niyang nabasa ang kanyang pisngi at ang kanyang mga bisig na nakahalukipkip sa kanyang pagkakatayo. Mga impit na hikbi ang namulas sa kanyang mga labi. Nag-uunahang tumanan sa kan-

yang dibdib ang buntong-hininga at dahan-dahan siyang napaluhod.

—Ding—anya,—Ding, patawarin mo ako.—At napahawak siya sa nakagiray na kurus,—kaawa-awa kong Ding, kung buháy ka lamang sana ngayon! Kung ma-aari lamang kitang mahagkan, kakalungin ko ang iyong hapong katawan na nagtiis ng madlang hirap dahil sa akin. Ngayon, asawa kong mahal, ay namulat na ang aking mga mata, nabuksan na ang aking nalalabuang pag-iisip at ngayon ay namamalas ko na ang lahat, hindi sa kanilang kabaligtaran kundi sa katotohanang ikaw pala ang pinakadakilang lalaki sa daigdig. Oh, mahabaging Diyos, bakit kaya ngayon ko lamang naalaman ang lahat!

Napahikbi na naman at napabuntong-hininga ang ang khabag-habag. Ang pagsisikip ng kanyang dibdib ay lalong sumidhi nang makita ang malabo nang titik sa kurus, ang araw na ikinatamatay ng tinatawag niyang si Ding.

#### NAMATAY NANG IKA-APAT NG NG NOBYEMBRE, 1936

—Diyos ko!—ang ulit ng babae, —noon pala siya namatay. Giliw ko—ang tawag pa sa tinatangisan,—noon ka pala sumalangit, habang ako naman, nang araw na iyon ay punung-puno ng galak na kasalamuha ng aking mga kaibigan at tagahanga. Oh, kung nalalaman ko lamang! Anong pagkadakila mo, asawa ko! Hindi mo hinangad na putlin ang aking kaligayahan, maging ang gayon ay tumbasan mo ng pagpapakasakit.

Hilam na hilam na ang mga mata ng babae sa luha.

—Nguni't pumayapa ka, magiting na lalaki ng aking pag-ibig. Kailanman ay hindi ko malilimot ang iyong pangalan. Lagi kang kasama sa aking mga panalangin. Loobin nawa ng Diyos na tayo'y magkasamang agad diyas na Kanyang Kaharian upang sa harap mo'y ipakilala ko ang taos-pusong pagsisisi!

Napaupo siya sa damo, sa gitna ng nagtataasang kugon at tala-hib. Napayuko at isa-isang dumalaw sa kanyang gunita ang nakaraan:

“Siya, si Marina Tatlonghari, ay mahirap na dalagang anak ng mag-asawang maralita sa isang maliit na nayon. Nagkakilala sila ni Alfredo Buhay, isang mahirap na manunulat, nguni't manunulat na ay makata pa, matamis ang dila, masarap magmahal at mapag-alaala.

“Ang pagkikilala nila'y human-tong sa sumpaang walang magtataksil. Nang sumakalam ng kanyang ama at ina ay walang pagtutol siyang narinig palibhasa'y kilala nila ang kabutihan ng angkan at ang kabaitan ng magi-

ging manugang. Pinag-isang-palad sila ni Ding at nagkaroon din naman ng malaki-laking handaan. Taga-iba't ibang nayon ang mga panauhin, may mga taga-lunsod pa. Kabilang sa taga-Maynila si Don Mariano Clarin, mayamang hari ng sapatos at si ginoong Lucio Barcelona, tagapamahala ng isang himpilan ng radyo at kada-upang-palad din ng mga samahan sa puting-tabing.

“Biglang naakit ang kalooban ng mayamang si Don Mariano.

—“Sayang, Barcelona—ang bu- long niya sa kaibigan,—nahuli ako at nahuling malabis.

—“Ano ang ibig mong sabihin? —ang mahinang tanong nito sa katabi.

—“Na, ako'y ngayon lamang umiibig, nguni't huli na, pagka't siya'y nakipag-isang-dibdib. Oo, katoto, mula nang makita ko ang babaing iyan ay hindi na ako napakali. Bakit ba ako'y nakasama-sama pa sa iyo?

—“Huwag kang mabahala. Ang lahat ay may lunas. Kasabihan iyan ng mga doktor, hindi ba? Habang may hiningá raw ay may pag-asa.

—“Nauuulol ka ba? Hayan at bagong-kasal pa lamang iyong aking napipili.

—“Nawalan ka na ng tiwala sa aking abilidad—ani Barcelona.

—“O sige nga, tingnan ko ang magagawa mo—parang birong turing ng don, na sa ganang kanya ay hindi naman niya inaasahan

pa. “Samantala ang mag-asawang pinag-uusapan ay walang kama- lay-malay sa hindi pa man ay may lambat nang nakaumang sa kanilang kaligayahan na nabibingit sa bangin ng kasawiang-palad.

“Mula nga noon ay sinundan- sundan na ng paningin ni ginoong Barcelona sina Alfredo at Marina, o sa lalong maliwanag ay si Marina lamang. Madalas na maging panauhin nila ang matandang tagapamahala. Kung naroon si Alfredo ay ukol sa mga kuwento, tula at pulitika ang paksa ng kanilang mga usapan. Subali't kung wala roon ang asawa ni Marina ay iba ang iniuukilkil ni ginoong Barcelona. Ibinabalita niya ang karangyaan ng buhay sa lunsod, ang malinam na panoorin, ang magagarang sasakyan at nagkikisigang mga pananamit na suot ng mga babae. Nakikita niya ang kadahupan sa kabuhayan nina Marina at ang hindi kaangkupan ng dilag nito sa gayong kabuhayan.

—“Tunay, Marina na hindi ka nararapat magtiis sa ganitong dahup na dahop na buhay—ani ginoong Barcelona,—kung maluluwas ka sa Maynila ay hindi mo na marahil nanasing mabalik pa sa malungkot na nayong ito. Maikli ang buhay at samantalain natin ang ligayang idinudulot ng buhay na iyan.

—“Naisin ko man po ay ano ang

aking magagawa?—ang tanong naman ni Marina na unti-unting nadadarang ng mga pangakit ng panauhin,—kami'y mahirap lamang, ang kinikita ni Ding ay napakaliit, paano kayang kami'y makaluluwas sa Maynila?

—“Madali iyon kung papayag ka. Mainam ang tinig mo at uma- asa akong maari kang umawit sa radyong pinamamahalaan ko. Ako ang bahala sa lahat, pumayag ka lamang.

“Kinagabihan nga ay si Marina naman ang umukilkil kay Alfredo tungkol sa pagluwas sa Maynila at pag-awit sa radyo. Muntik nang mabinlaukan si Alfredo sa kanyang paglunok pagka't nang kausapin siya ng asawa ay kasalukuyan silang naghahapunan. Sinasabi na nga ba niya't ang pagparuparoon ni ginoong Barcelona ay may ibig sabihin. Pinasukan siya ng pangamba, nguni't ayaw naman niyang biguin ang magandang si Marina.

—“Ikaw ang masusunod—ang matabang na wika ng makata,—kung talagang nais mong makarating sa lunsod ay luluwas tayo.

“Nang makaipon na sila ay lumuwas sila na kasama si ginoong Barcelona. Inilibot sila nito sa buong Maynila halos. Dinala sila sa himpilan ng radyong pinamamahalaan at doo'y sinubok si Marina sa pag-awit. Nagkaroon ng magandang kapalaran ang may- (Nasa pah. 31 ang karugtong)



Naakit ang puso ni Marina ng malalambing na tula ng ma kata at kuwentistang si Alfredo.

# Ang Selina

BOBELA ni NINGO ED. EGALADO



## Mayroon Nang Humihimok Kay Selina Upang Si Martin Ay Pakawalan Sa Bilangguan Ng Kanyang Puso, Nguni't Ito'y Tumututol...

—XX—

**G**AAYA nang ipinahiwigat ni aling Gidáy kay Dr. Arcelón

ay pinagsadya nga niyá ang ali ni Selina na si aling Magda na kanyang kumari. Palibhasa'y matagál-tagál na rin namáng hindi

nagkikita at sa dahilang waláng-wala sa kanyang loób ang tunay na dahil ng gayóng pagkakádalaw ni aling Gidáy, si aling Magda ay waláng malang gawín sa pagsalubong sa kanyang kumaring noóng kaniláng kabataá'y para niyang tunay na kapatíd. Niya-kap at hinagkán pa ang kanyang panauhin, at masuyong ipinasok

(Copyright, Manila, 1947)



Nang mahawi ang tabing ay nálantád kay Martín ang palungayngáy na pagkakáhiga ni Selina.

sa salas at malugód na pinupo.

—Anóng himalá't náalaala mo akóng dalawin?—ang unang tanóng ni aling Magda.—Talagá bang akó ang sadya mo, o nápa-daán ka lamang dini at sukat?

—Nakú, kumari!—ang pabuntung-hiningáng sagót ni aling Gidáy.—marahil ay masúsumbatán mo nga akó, na, kung di pa may-kailangan ay di pa makágunita...

Nápansin ni aling Magda na nanungaw ang luha sa mga mata ng kaharáp.

—Bakit, anó ang nangyayari? May máitúulong ba akó sa iyó?—ang tanóng na may pagmamalasakit.

—Oo, nasa iyóng kamáy ang ikapagtatagumpáy o ang ikabibigo, nitóng aking lakad—ang tugón namán ng panauhin.

—Kung kaya ko'y waláng hindi para ka namáng ibáng tao!

—Hindi nga kitá ipinalágáy na ibá kung kaya akó nangahás na pumarito.

Wala sa pag-iisip ni aling Magda na si aling Gidáy ay siyang biyenán ni Martín. Ang tanging nanariwa sa kanyang pag-iisip ay ang alaala ng mabuti niláng pag-sasama't pagpapálagayan ng kaharáp na panauhin noóng masayang panahón ng kaniláng kabataan. Hindi niyá nágunita nang mga sandaling yaón na siyá'y may ságuting dapat ipanliít sa kahihiyán sa harap ng kanyang kumari, dahil sa pangyayaring ang kanyang pang-uudyók ay nakatulong ng malakí sa pagkábuyó ni Selina kay Martín sa nais na má-

(Nasa pah. 27 ang karugtong)



**“MINAMAHAL NIYA KAMING TUNAY”**

Tahimik—napakatahimik ang gabi  
ang pinilakang sinag ng mga bituin ay nalalambungan...  
at pati ng sutsot ng hangin ay hindi mapakinggan  
habang ang mga nalulungkot na puso  
ay sinasariwa ang halakhak, kulog,  
isang pagmamahal na patuluyang naparam...

Subali't  
tingnang muli—  
sinaging mabuti sa mga matang ito...  
malasin ang nakatagong liwanag,  
na pinapagniningning ng lakas ng loob  
na sumisigaw nang ganito:  
Naparam, oo—subali't sariwa pa rin sa alaala  
naroroon pa rin  
upang gawing maningning ang kinabukasan...!

Ang isang polisa ng Insular Life ay sagisag ng  
pagmamahal na mananatiling buhay kahit man  
kayo ay mamatay.

**THE INSULAR LIFE**  
*Assurance Company, Ltd.*



INSULAR LIFE BUILDING \* MANILA, PHILIPPINES

Pakinggan ang pagkakatatag sa himpapawid ng mga laro ng  
N.C.A.A. sa himpilang KZMB—"long wave 950 K.C." short-wave  
9,640 K.C., 31 M.B. tuwing Huebes at Linggo ng Hapon.

# TILAMSIK

*Ditak ni* MARIO GAT. SALAMAT

**A**NG mga bulaklak ay nalalanta!  
 Nauupos ang mga kandila!  
 Ang libingan ay di-dapat na maging malagablab!  
 Ganyan ang pagkukurong namu'awi sa mga labi ng isang hiningan ng payo hinggil sa kung ano ang marapat na gawing pang-alaala sa karamawan ng mga Pa'ay.

Di raw bagay ang mga bulaklak pagka't ang mga bulaklak ay naganlalanta. Hindi rin mga kandila sa dahilang ang mga kandila ay nauupos. At lalong hindi ang pagpapailaw ng mga dagitab sapagka't ito'y angkop daw lamang sa mga pistahan at maririnal na pagtitipon.

Para sa kanya, ang mahalaga at mataimtim na paggunita sa mga namatay, ay walang iba kundi ang mataos na dalangin.

Alang-alang sa ikapamamayapang maluwalhati ng kanilang kaluluwa sa sinapupunan ng Dakilang Lumikha!

\* \* \*

Bukod sa riyan, ang wika pa niya, ay di nais ng mga kaluluwa na sila'y pagkagastahan. Kaululan ang mga korona! Kaululan ang mga bulaklak! Kaululan ang mga pagpapailaw!

Walang hinihintay ang mga kaluluwa kundi ang taimtim na dalangin ng kanilang mga naiwan sa lupa.

Nguni't ang tao, tao palibhasa, ay di napipigil sa marubdob na nais na maipakilala sa lahat na mahal sa kanilang puso ang kanilang mga patay na nananahimik sa kailaliman ng kanilang libing.

Kaya . . .

Lahat ay humuhugos sa mga libingan na may dalang panggayak sa ubing ng kanilang nangaging mahal sa puso.

\* \* \*

Kabilang sa nag-aakalang dapat pagsadyain sa libingan at pag-ukulan ng kahit anong pang-alaala ang puntod na kinalilibingan, si Huwan de la Kurus—gaya nang makikita sa karikatura namin ngayon.

Iya'y ayon sa aming karikaturista.

Nguni't sino ang pag-uukulan ni Huwan sa dala niyang kandila?

Dapat sana'y ang sinuman sa kanyang mga kamag-anak.

O kaya'y ang mga bayaning "nangabulid sa gitna ng dilim."

Nguni't hindi!

\* \* \*

Basahin natin ang nakasulat sa puntod na kanyang tinutungo:  
**KARANGALAN.**

Samakatawid, para kay Huwan (alinsunod sa aming karikaturista), ang karangalan ay nakabaon na sa kailaliman ng lupa.

Nguni't . . .

Kaninong karangalan?

Karangalan kaya ng bayang pilipino? Hindi! Ang bayang pilipino'y buhay at siyang kinakatawan ni Huwan de la Kurus.

Sa pamahalaan kaya? Hindi rin! At hindi sapagka't alinsunod sa diwa ng demokrasya ang pamahalaan ay siyang bayan.

Kung gayo'y kanino?

\* \* \*

Kung tayo'y gagawa ng isang masusing pag-aaral sa kasalukuyang mga pangyayaring nagiging sanhi ng mga pagtuligsa na nanggagaling sa kung saan-saan, ang karangalang nakalibing na pag-uukulan ng kandila ni Huwan de la Kurus, ay maipalalagay na karangalan ng ilan sa mga tao ng pamahalaan natin ngayon.

Ang sunud-sunod na mga pangyayaring natutunghayan natin sa iba't ibang pahayagan ay matibay na saligan upang iya'y siyang sapan-tahain.

Sapagka't kung ang panghahawaka'y ang mga tuligang ating nababasa ay lalabas na "karangalan" ng ilan sa mga taong iyan ay nakabaon sa lupa.

Di na taglay ng kanilang sarili!

\* \* \*



Bakit?

Anang mga nagsisi-uligsang iyan: kung ang karangala'y taglay pa ng kanilang pagkatao ay hindi sila gagawa ng mga eskandalong naka-kaalibadbad sa sikmura ng may sikmura.

Alagatain nila ang kapakanan ng lahat at di ang pagpapayaman ng kanilang sarili.

Iya'y kagagawan lamang ng mga taong nasa talampakan ang kahihyan.

\* \* \*

Subali't ang maitatanong namin, sa harap ng karikaturang iyan, ay ito: mag pag-asa pa kaya si Huwan de la Kurus na ang karangalang nakabaon sa ilalim ng kaharap niyang puntod ay magbangong muli sa kanyang kinalilibingan?

Marahil!

Sapagka't kung hindi ay di siya mag-aabalang magdala pa ng kandila upang itirik bilang pang-alaala.

\* \* \*

Kahimanawari'y huwag mabigo ang pag-asa ni Huwan.

Ang "karangalan" ay kailangang mabalik sa mga taong nangawalan ng hunus-dili sa kanilang sarili.

Ibig naming sabihin: ang tunay na diwa ng "karangalan" ay muling manumbalik sa isipan at puso ng mga taong ngayo'y nagstisihawak na iba't ibang tungkulin sa ating gobyerno.

Ang ating pamahalaan, at sa kanya'y ang bayan, ay hindi maaaring magtagumpay habang may mga taong sa panunuparan nila ng tungkol ay nag-iibis ng kahihyan at nagwawaksi ng karangalan.

\* \* \*

Sa ika-11 ng buwang ito ay idarao ang isang pangkalahatang halalan sa buong Pilipinas.

Tinatawagan namin ang lahat at bawa't isang manghahala upang ang kanilang karapatan sa pagboto ay gamitin sa isang paggamit na matalino at wasto.

Piliin nila yaong mga taong karapat-dapat, yaong mga taong buong bisang makatutulong sa Pangulong Roxas upang maisagawa nito ang paglilinis na kailangan sa pamahalaan natin ngayon.

Kahit ano ang laki ng pagnanais ng ating Pangulo upang ang pamahalaan ng ating Republika'y maging isang pamahalaang marangal, malinis at mapagtagumpy, kung di natin siya bibigyan ng mga katulong na karapat-dapat ay lubhang mabibigo at mauwi sa wala.

Gaya halimbawa ngayon, na walang bigong kilos na di nagkakaroon ng sagwil dahil sa ilang taong ngayo'y nakapaligid sa kanya.


Ipakilala natin, sa halalang napipinto, na tayong mga mamamayan ay ayaw sa uri ng ganyang mga tao.

\* \* \*


Pumiling tayo sa panig ni Huwan.

Sa pamamagitan ng ating mga boto ay sikaping magbangon sa puntod na kinalilibingan ngayon ang karangalang pinatay ng ilang nag-sisipanungkulang ang kahihya'y inilagay sa ilalim ng kanilang talampakan.






Modelo XH-257: Pambihirang ganda, may "2-band", 5-tubong panagap (receiver) sa magandang kahang plastiko. Nasasangkapan ng variable transformer at ganap na nilikhang angkop sa Pilipinas, 110-220 Boltahe.



Modelo XH-150: Isang magandang panagap (receiver) na may "3-band", 5-tubong istandard at "short-wave" AC. "Inertia Tuning." Bagong Pinagbuting Malakas na Espiker at may Kabitan ng Ponograpo, may variable transformer at ganap na nalikhang angkop sa Pilipinas!



Modelo XH-713: May "7-band", 6 na tubo na kasama ang "Cathode-Ray Indicator" istandard at "short-wave" na panagap (receiver) at may Kabitan ng Ponograpo. May Disenyong Kontinental na Kaha na yari sa mapulang kahoy ng Brasil. AC-DC o AC, na may variable transformer at ganap na nilikhang angkop sa Pilipinas!

AMERICAN FACTORS (PHIL.) INC.  
18-20 T. PINPIN, MANILA  
DISTRIBUTORS

is your radio **t.a.b.?**

ukol sa  
**TROPICALIZED**

... katulad ng DALAG... maaaring mabuhay sa tubig o burak at maaaring, sa loob ng mahabang panahon, mabuhay kahit sa tuyong lupa sa ilalim ng init ng araw!



... katulad ng KABA-YONG BATANGAS... bantog sa pagiging kabayong pangarera, pinakama-husay na kabayong pang-kalesa, pinakamabuti sa pagiging kabayong bukid!

ukol sa  
**ADAPTABLE**




... katulad ni MARIA CLARA, pangunahing tauhan ng walang kamatayang nobela ni Dr. Rizal, at uliran ng kababaihang Pilipina... na siyang naging inspirasyon sa pagkatha ng magagandang awiting kundiman.

ukol sa  
**BEAUTIFUL**

Makipagkita sa inyong tagapagbili ng Hotpoint o tuwirang magsadya sa amin

**Hotpoint**  
**RADIOS**  
are completely **t.a.b.**

• PHILPROM



**KAIBIGAN SA PANULAT**

Pacencia Montemayor: labingwalong taon ang gulang at naninirahan sa nayon ng Tugatog, sakop ng bayang Malabon. Lalong kilala sa taguring Pasing. Laang makipagsulatán at makipagpalitan ng larawan sa sino mang may nais makipag-kaibigan sa kanya sa panulat.

ng isáng pilas na papel at aking simulan. Matapos kong maititik ang lahat ng ibig kong sabihin ay inilagda ko namán ang pangalan ng isá kong kaibigang manunulát, na panitik lamang ang magandá sa kanyá, sapagká't isáng pangit na lalaki, ang wika nga. Pagkatapos ay inihulog ko sa isáng malapit na buson sa aming pook. Ang nilalamán ng liham ay ganito:

“Pasing:

“Bayaan mong huwág na kítang pupuing at iyán na lamang ang itawag ko sa iyo upang tayo’y magkaroon agád ng pagpapalagayang-loob kung maari. Ako, hindi mo man nitatanong, ay isáng kawal ng panulat, na, sa madaling pagsasabi ay sumusulat ng mga tula at kuwento. Kasalukuyang kagawad ng patnugutan nang lingguhang “Milegwas.” Kung minsán ay napipitang magputong ng korona sa mga kataangi-tanging paraluman, kayá’t ikáw, kung sakali’t tatanghaling isáng reyna ng pagdiriwang sa inyong bayan, ay huwág mangiming di ako tawagin upang mapaglinkurán kitá ng buo kong makakaya. Sisikapin kong lalo kang gumandá sa aking pagtula upang hangaan ka ng lupa at ng langit, at maging Bathala ng dilág.

—Rodante Salvador”

Ang mga araw ay isá-isáng yumaon. . . .

Ang paglilihamán namin ni Pasing ay nagpatuloy na waláng patláng, hangáng sa sumapit ang pangyayaring di sukat asahan: ang pagtatalik. Ang pagsusulatán namin ni Pasing ay nagkaroon nang kulay rosas, na, sa lalong malinaw na pagsasabi, ay nagkabukasan kami ng dibdíb at parang aklát na ipinabasa sa isá’t isá. Kami ay nagsumpaan at nagmahalang kahit hindi pa nagkikita. Ang lahat ng pagmamahál ay naipadamá na yata niyáng lahat sa akin sa pamamagitan ng liham; nguni’t, ang malaon kong pinakaasám na ipagkaloob niyá sa akin, ang kanyáng larawan, ay hindi, siyá’y naging ganáp na maramot sa akin at ayaw akong pagkalooban. Iminamatwid niyáng kung ako daw ay magkaroon na ng larawan niyá, siyá’y hindi ko na magiging “kasintahan sa panulat.” Bayaan ko raw na panahon ang mamagitan sa aming mairrog na pagkikilala. Ano mang pagtutoi ko sa pasiyá niyáng iyán ay waláng nangyari; nguni’t ako’y umasa-asang balang araw ay pagsasadyain ko siyá sa kaniláng nayon. Mamalasin ang kanyáng anyo at kung hindi mamali ang aking palagáy ay di na ako pakikilala pa. Kayá’t . . .

Isáng araw din ng linggo, nang marami nang tutoo ang araw na lumilipas ay pinagsadya ko siyá. Noo’y malabis na ang aking pananabik, at noo’y tumitibok na sa aking puso ang pag-ibig at pagmamamahál. Lingid sa kanyáng kalamán ay humanda akong siyá’y dalawin upang madamá ko’t ipadamá namán sa kanyá ang tunay na pagmamahál na umusbong sa aking puso. Ang tunay kong pangalang Rolando del Mar ay saka ko na ipagtatapat sa kanyá. Ang mga kalatás niyá ang aking gagawing saksi upang siyá’y mapapaniwala.

Ang pagkainip ko, nang umagang iyong ako’y magtungo sa kanilá sa mahaba din namáng paglalakbáy, ay nabawahan nang ako’y sumapit na sa kaniláng pook. Kapagdaka ay pumasok ako sa isáng malaking looban, matapos kong bayaran ang sasakyáng

**L**INGGO ng umaga noon. . . . Sapagká’t araw din lamang nang pamamahingá ng mga manggagawa sa buong isáng linggong paggawa, sa halip na maglaro ng “pingpong” na malimit kong gawin ay naisipan kong magbasá na lamang ng mga pahayagan at lingguhang tagalog. Sa maraming babasahing nakasalansán sa aming hapag-sulatán ay kumuha ako ng isá at masinop kong tinunghayán. Doon ay nakabasa ako ng magagandáng kuwento, maiindayog na tula at maddiwang sanaysáy na akda ng mga batikáng manunulat. Subali’t . . . ang lalong nakatawag sa aking kalooban ay ang pitak ng mga “kaibigan sa panulat.” Natunghayán ko sa pitak na iyon ang isáng lathala na ganito ang sinasabi:

hindi! Sapagká’t kung magandá siyáng katulad ng kanyáng pangalan ay ipalalathala din sana na katulad ng ibá. . . . Marahil ang dalagang ito ay pangit! Dili kayá’y isáng apo ni Ebang pinagkatián ng mga katangian ng isáng marilág na diwata, o napag-liwanan na ng panahon at waláng sinumang sukat makabati. Marahil din ay nag-aaliw lamang ito sa birong yaon ng tadhana sa kanyáng buhay. Ang mabuti’y biruin ko siyá at bigyan ng isáng aral, sapagká’t hindi na niyá nakuhang maghintáy sa “hulog ng langit” at siyá na ang unang nagbibigáy ng pagkakataon.

Ang ginawa ko’y kumuha agád



“Pacencia Montemayor: labingwalong taon ang gulang at naninirahan sa nayon ng Tugatog, sakop ng bayang Malabon. Lalong kilala sa taguring Pasing. Laang makipagsulatán at makipagpalitan ng larawan sa sino mang may nais makipag-kaibigan sa kanyá sa panulat.”

—Pacencia Montemayor!— ang wika ko sa aking sarili, —kay gandáng pangalan at kay gandáng palayaw! Nguni’t . . . magandá rin kaya siyá na katulad ng kanyáng pangalan? . . . Marahil ay

naghatid sa akin. Nguni't nang ako'y malapit na sa kanilang malaking tahanan, ayon sa aking napagtanungan, ay bigla akong napatigil. Napaudlot ako at nagsiilalas sa aking nakita. Paano'y ang tahanan nila Pasing ay namalas kong nagagayakan ng marami't iba-ibang palamuti, samantalang sa ibaba ay isang pala-pala namán ang pinaghandaan ng agahan. Maraming tao ang abalang-abala sa pag-aayos.

—Marahil— ang nawika ko sa sarili, —ay may pagdiriwang dito. kaipaláy kaarawan niya ngayon.

Sandali akong nag-isip kung ano ang aking dapat na gawin. Nagunita kong ako'y wala pang kakilala roon. Sino ang tatanggap sa akin? Gayunman ay iniwaksi ko ang lahat ng pangambát kahihiyán. Nilakasán ko ang aking loob. Datapuwát, nang muli kong ihahakbang ang aking mga paá at ipagpapatuloy ang paglakad ay napalingson ako sa aking pinagmulán. Isang berlinang nagagayakan ang biglang tumigil na aking nakita, at sabáy sa pagbaba ng mga sakáy noon ay biglang umalingawngaw ang tugtuging "wedding march" ng orkestang noo'y naghihintáy.

## Sa Kuwentong Ito'y Ipinakikita Kung Paanong Ang Isang Binatang Di Natutong Magtiwala Sa Kapwa Ay Nagsisi Sa Huli...

—May kasalan pala!— ang nawika ko, —nguni't sino kaya ang mapapalad na ikinasál?

Ang katanungang iyan ng aking sarili ay hindi ko na rin natugon sapagká't biglang nag-umugong ang palakpakan at pagbubunyi sa mga bagong dating na galing sa simbahan.

—Mabuhay ang mga bagong kasál— ang sigawan, —mabuhay si Pasing, mabuhay ang makata! . . . Mabuhay . . .!

Sa narinig kong iyo'y para akong naputukan ng bomba sa aking tabi na ikinatulig ko halos.

—Diyata't si Pasing ang ikinasál— ang naibulalás ko, —ang kasintahan ko sa panulat?

Hindi minsán ni makalawá kong kinusot ang aking mga matá, sa pag-asang baka ako'y nabubulagan lamang sa aking namamalas. Nguni't iyon din ang aking nakikita at nadadamá na parang di ko ibig na paniwalaan. Sapagká't naging tiwali ang aking akala. Si Pasing nga! Ang kasin-

tahan ko sa panulat, datapuwát ubod pala ng gandá at kaakit-akit. Ang tibok ng puso ko'y lalong sumasal nang mabalingan ko namán ng pansin ang mapalad na lalaking kaalabáy niya. Lalong di ko rin ibig paniwalaan sapagká't hindi na ibá sa aking pangmasid, malaon ko nang kilala at kaibigan ko pa. Siya ay dili ibá't ang inilagda ko sa aking mga kalatás kay Pasing: si Rodante Salvador, ang kaibigan kong manunulat.

Nang di ko mabatá ang hapdi ng birong yaon ng kapalaran ay bigla akong tumalilis sa kanilang daraanan. Sa isang malagong puno ng "yellow bell" ay ikinubli ko ang aking katauhan hanggang sa silá'y makapanhik sa bahay at mawala sa aking mga paningin. Noon din ay nagsisi ako ng isang pagsisising-alipin at ang aking ginawá'y malabis kong pinanghinayangan. Walang lungung-likod na ako'y umalis agád sa pook na iyon na sumaksi sa pagkasawi ng

aking lihim na pag-ibig.

Nalaman kong si Pasing, nang minsang tanghaling isang reyna ng pagdiriwang sa kanilang bayan dahil sa pagbubunyi kay Dr. Jose Rizal ay si Rodante Salvador ang napitang magputong sa kanyá ng korona ng karangalan. Sa pagkakataong yaon ay nagsimula na sa kanilá ang tagpong siyang naghatid sa kanilá sa harap ng dambana. Kayá't . . .

Ang nangyaring yaon sa aking buhay ay aking pinakatandaán, sapagká't ang naging ganti sa mapagbiro kong damdamin ay birong napakasakit ng tadhana at ng kapalaran.

WAKAS

## ANG SELOSA...

(Karugtong ng nasa pah. 22)

paghigantihan ang walang kama- lay-malay at may malinis na ka- loobang asawa nitó.

Kaya...

—Sabihin mo—anyá,—at kung may magágawa akó ay gágawin ko nang walang ulik-ulik.

Di na napigilan ni aling Gidáy ang pamamalisbis ng luha sa kanyang dalawang pisngi. Nagulumihan si aling Magda at kapagkaraká'y náisaloób na totoong malaking bagay ang sanhi ng pagkakápagsadya sa kanyá ng kaharap na kumari. Hinintáy ng buong pananabik ni aling Magda ang pagtatapat nitó at hindi máibuká- buká sa kanyang bibig. Nahihiyang kung papaano...

—Kumari—ang parang pag- along sinabi ni aling Magda na sinipingan pa sa pagkakáupo ang lumuluhang si aling Gidáy,— huwág kang mag-alinlangan; tú- tulongan kita, dádamayan kita...

—Salamat!—ang náibuká sa bi- big ng lumuluhang babae at ti- ningnán si aling Magda ng ti- nging tila humihingi ng awa.

—Anó ang aking máitutulong, sabihin mo.

—Naúmid akóng magsalita, pagká't...—at tumulo na namán ang mga luha ni aling Gidáy.

—Huwág kang mangimi, sabihin mo't dádamayan kita.

—Talagang pagdamay mo ang aking hihingin, naúmid lamang akó, pagká't may kinálaman sa súliranin ng puso ng aking anak at ng puso ng iyóng pamangkin.

—Haaa?—ang biglang nasnaw sa mga labi ni aling Magda.

Noon lamang nagi sa gunita ng ali ni Selina na ang kanyang kaharap ay dili ibá kundi ang buti- hing ina ng asawa ni Martín.

Ang katahimika'y matagal na naghari sa dalawang magkumari. Nagsimulang mapaghulo ni aling Magda ang mabigát na súliraning kanyang kinakaharap. Di sasalang ang tulong na hihingin ni aling Gidáy ay nauukol sa ikapaghíhiwaláy ni Selina at ni Martín. At palibhasa'y nakápangako (Nasa pah. 29 ang karugtong)



...Kinusót ko ang aking mga matá sa pag-asang akó'y nabubulagan lamang, nguni't iyon din. Si Pasing, ang kasintahan ko sa panulat!

# ARAW NG MGA PATAY

[All saints' day song]

Felipe P. de Leon

madalang at mataimtim

Ay! Lan git # Lan git - # na mai-tim i ba-ba-ba ka na na

min - # Ang namatay # ay nagbi-lin - # Huwag daw

si - # yang li-li mi - # tin Sa Diyos na # tin i-ya-

lay - # Ka # lulu wa - ng namatay # # Patawa-

rin - # at ka awaan - # Sa nagawang # ka sa la - nan -

**Abangan ang bilang na PAMASKO ng  
ILANG - ILANG Lalabas sa Disyembre 14!**

## MALAPIT NANG SIMULAN



### Abangan sa "ILANG-ILANG"

#### DR. A. T. SAN JUAN

Sakit sa Atay, Bato at mga Sakit na Lihim  
 Karunungan sa Panganganak at mga Bagay-Bagay tungkol sa Mag-asawa  
 MADALIANG PANGGAGAMOT SA "V. D."  
 Rayo Infra-Red Ultra-Violeta — Mga Kagamitan sa Diathermy  
 10-12 ng tanghali — 3-6 ng hapon  
 Silid 226 Samanillo Bldg., Escolta

#### TUBERKULOSIS

"Ang Maagang Pagkatuklas ay Maagang Paggaling"  
 Dalubhasang pagsusuri ng baga sa pamamagitan ng Rayo-X. Kung kayo ay may ubo, lagnat, sakit ng dibdib, hindi makatulog o makakain ay magsadya sa  
**TREPP MEMORIAL CLINIC**  
 2ND FLOOR, ROOM 224 DE LEON BLDG., RIZAL AVE.

#### DR. B. M. VILLAPANDO

Espesyalista sa mga sakit sa Mata, Ilong, Tainga at Lalumunan, Tumitistis ng Tonsil sa 2 minuto na hindi na kailangang matira sa Ospital.  
 Mga Bagong Kagamitan sa Pagsukat ng Salamin sa Mata — Rayos X  
 Oras: 9:00-12:00 A.M.—2:00-4:00 P.M. Araw ng Linggo: 9:00-12:00 A.M.  
 Bagong Tanggapan: 423 Evangelista Tagliran ng Simbahan ng Quiapo

#### RAYO-X; LABORATORIO CLINICO AT VAPOR-MERCURIO LAMPARA ULTRAVIOLETA

Completo paghuri at Modernong Paggamot ng mga karamdaman tulad ng: sakit sa da-anan ng IHI; SIRA ang REGLA; hindi PAG-AANAK; sakit sa BALAT; TISIS sa BAGA at APENDICITIS. SUGAT o PAMAMAGA ng SIKMURA; BITUKA; ATAY; MATRIZ; PANTOG at BATO.

#### DR. M. G. VIRATA

Nagtapos at nag-espesyalista sa pagka manggagamot sa ibang lupain. Naging Director ng Virata's Hospital, Kuarto No. 210 Sta. Cruz Bldg. Kanto ng Escolta at Plaza Sta. Cruz.

#### ST. MARY'S MATERNITY & HOSPITAL

DRA. E. OCHANGCO HERRERA—1105 Felix Huertas kanto Zurbaran Panganganak, Matris, Bata, sakit sa paghi, Baga, sirang regla, laging nakukunan at hindi pagaanak.  
 May silid na mababang bayad sa mahirap.

## ANG SELOSA...

(Karugtong ng nasa pah. 27)

na siyang tütulong sa anumang hihingin ni aling Giday ay di málaman ngayón kung anó ang maáari niyang dahilanin upáng siya'y makaiwas nang di namán kahiyá-hiya sa kaharáp na kumari.

—Wika mo'y may-kinálaman sa súliranin ng puso ng aking pamangkin at ng iyóng anak, bakit?... anó ba iyón?—ang sa wákas ay náitanóng ni aling Magda.

Tumütulo ang luhang 'isinaysáy ng iná ni Gunding ang mga pangyayaring ngayó'y nagiging sanhi ng paninimdim ng kanyang mutyang anak.

—Oo nga't waláng taong mali-

nis sa ibabaw ng lupa—ang wika pa ni aling Giday,—lahát ay nagkákamali! Hindi natin maáaring bagsakan ng sisi ang iyóng pamangking si Selina; ang buhay ng tao ay talagang ganyán at lahat tayo'y anak sa pagkakásala.

Kunút-noóng nakikinig si aling Magda na para bagáng tumitiim sa kanyang puso ang mga siná-sabi ng kanyang kumari. Naging mahinusay na namán ang kaloo-ban ni aling Giday. Nawala na ang mga luhang bumalong sa kanyang mga matá.

—Wala akóng hihilingin sa iyó, kumari, at itó'y para mo nang awa at habág sa isáng asawang namámahay sa hinagpis at sa dalawang anak na waláng kamalay-  
 (Nasa pah. 33 ang karugtong)

## MALAKAS ANG PAGLAKI!



Salamat sa

66 **LACTOGEN** 99

"Pina-kamabuting Pagkain Ng Mga Sanggol"



ISANG  
 PRODUKTO NG  
 NESTLE



# TAMPARANAN

Pitak ni Ginang ANTONIA F. VILLANUEVA  
GURO SA PAMANTASAN NG STO. TOMAS

IKA-12 ARALÍN

## MGA PANGHALÍP NA GINÁGAMIT NA SIMUNO

Melchora Aquino

**N**ARINÍG na marahil ng mara-mi sa inyó ang pangalan ni Tandáng Sora. Ang tunay na pangalan niya ay Melchora Aquino. Nguni't bakit kaya si Tandáng Sora ay di dapat kalimutan ng isáng tunay na Pilipino?

Si Melchora Aquino ay taga-Balintawák. Ang kinámihasnáng itawag sa kanyá ng lahat ay Tandáng Sora. Siyá ay may tindahan ng sarisari nang gawin ang Unang Sigáw sa Balintawák na pinamunuan ni Andrés Bonifacio.

Siyá ang iná ng mga kaanib sa Katipunan. Paano siyá tumulong sa mga anak ng bayang naghíhi-

magsik noon laban sa pámahala-áng Kastila?

Maraming manghihimagsik noon ang mga inuusig ng mga Kastila. Itinago ni Tandáng Sora ang mga Katipuneros na nápadako sa kanyáng tindahan. Ang mga nagúgutom ay pinagkalooban niya ng mákakain. Siyá rin ang nagkaloób ng malilinis na basahang pambalot sa mga sugatáng katawán ng mga Pilipinong manghihimagsik.

Noóng Agosto ng taóng 1896, maraming kasapi sa Katipunan ang nagsipagtago sa kasukalan ng Balintawák dahil sa pinagúusig silá ng mga Kastila. Si Tandáng Sora ang malimit na magdalá ng pagkain ng mga kawal sa kasukalan. Madalás din na may tumúktók sa pinto ni Tandáng Sora kung hátinggabi.

"Sino iyán?" ang kanyáng tanóng.

"Isáng kapatíd," ang tugón.

Saka lamang búbuksán ni Tandáng Sora ang pinto.

"Kumain ka na ba, kapatíd?" ang madalás niyang salubong sa sino mang anak ng bayang matuloy sa kanyáng maliit na tindahan may kasudlóng na maliit na bahay. Pinakain niya ang maraming kawal na sa kanyá ay lumapit. Nilanggás niya, ginamót at binalutan ang mga sugat ng mga katipuneros na sa Balintawák nagsipagtago. Inalagaan niya ang mga maysakit hangáng sa siláy nagsigaling. Pag malakás na ang kanyáng alaga, itó'y pinababaunan niya ng salapi at itinuturo rin niya kung saán dapat tumungo upáng máligtas sa panganib. Mabuti-buti ang kabuhayan noon ni Tandáng Sora at ang kanyáng natitipong salapi ay ginugol niya sa kagálingan ng kanyáng bayan.

"Ibig mo bang uminóm, kapatíd?" ang karaniwan niyang salubong sa pawisán at, dugú-dugú-áng kawal na nagtutungo sa kanyáng tinátahanan.

Narinig ng mga Kastila ang ginagawang pagtulong ni Tandáng Sora sa mga manghihimagsik. Isáng umaga ang mga Kastila ay dumating sa kanyáng tindahan at siyá'y dinakíp. Ang dahilán ay waláng ibá kundi ang kanyáng paglingap sa mga kaanib sa Katipunan. Dinalá siya sa Maynila at iniharáp sa mga maykapangyarihan. Ipinilit muna siya saka hinatulang itapon sa pulo ng Marianas na halos nasa kalágitnaan ng Dagat Pasipikó. Nang dumating dito sa Pilipinas ang mga

Amerikano, si Tandáng Sora ay nápabalik sa kanyáng bayan, nguni't kuláng-kuláng na sandaáng taón na siyá. Siyá ay namatáy nang marálita.

Si Tandáng Sora ay di natin dapat kalimutan. Lahát ay ibinigáy niya sa kanyáng mga kababayan. Ibinigáy niya ang kanyáng salapi, ang kanyáng panahón at pinuhunan din niya ang kanyáng buhay sa paglilingkód sa kanyáng bayan.

## Mga Panghalíp na Ginágamit na Simuno

Ang panghalíp ay ginágamit na panghalili sa pangalan. Tayo ay gumágamit ng panghalíp upáng maiwasan ang pag-uulit-ulit ng isáng pangalan.

Mayroón tayong limáng uri ng mga panghalíp: panao, pamatlig, pananóng, panakláv at pamanggit.

Ang mga panghalíp na ginágamit sa halíp ng mga pangalan ng mga tao ay tinátawag na panao.

Ang mga panghalíp na ginágamit na simuno ay nasa kaukuláng palagyo (nominative case).

1. Akó ay nag-áral na mabuti.
2. Ikáw ay sumama sa amin.
3. Aalis ka ba?
4. Silá ay makikipaglaro sa atin.
5. Katá ay magsabáy na sa pag-alís.
6. Siyá ay aking kaibigan.
7. Tayo ay ináanyayahan nilá.
8. Kamí ay maiiwan na.
9. Kayó ay hinihintáy nilá.
10. Kitá ay aking tútulungang mag-aral.

Ang mga panghalíp na paari, pang-una, ay naári ring gamiting simuno kung pangúgunahan ng pantukoy na pambalaná.

1. Ang akin ay akin.
2. Ibigáy mo ang kanilá.
3. Ang inyó ay kunin mo na.
4. Ang amin ay ibá kay sa atin.
5. Ang iyó ay ibibigáy ko na.
6. Ang kanyá ay huwág mong pakialamán.

Ang mga panghalíp na pamatlig ay ginágamit sa pagtuturo ng isáng tao, bagay, lunán o pang-yayari. May apat na uri ng mga pamatlig: paturól, paari, patulád at pahimatón. Ang mga pamatlig na paturól at patulád ay maáaring gamiting simuno.

1. Itó ay binilí ko pará sa iyó.
2. Iyán ay ginawa niyá.

3. Iyón ay hindi ko nálalaman.

1. Ang ganitó ay kunin mo.
2. Ang ganyán ay pará sa iyó.
3. Ang ganoón ay huwág mong tútularan.

Ang mga panghalíp na sumá-sakláv sa kaisahán, dami o kala-hatán ay tinátawag na pasakláv.

1. Lahát ay tumayo.
2. Bálaná ay umabuloy sa bulág.
3. Ang madlá ay humanga sa kanyá.
4. Si Kuwán ay nagtitindá ng mga isda.
5. Sínuman ay patuluyin mo.
6. Ang limá ay di dumating.
7. Ang isá ay piláy.

Ang lahat ng pamilyang ay naáaring gamiting panakláv.

Ang sínuman, anumán, alinmán, anó at kuwán ay mga panakláv rin.

Ang mga pang-añgkóp ay siyáng ginágamit na mga panghalíp na pamanggit. Ang mga pamang-

# CASTORIA

na may TIKI-TIKI  
METRO

# LAXATIVE

for Children

1 at 3 oz. mga Botelya

MAGPADALA ng 60¢ na HIRO POSTAL o SELYO ukol sa PAGMAGANDANG-LOOB NA PASUBOK NA BOTELYA sa

# METRO DRUG CORP.

880-882 Avenida Rizal

Formula: Each 3 fl. oz. contains: Alcohol, 3% by volume; Senna, 21.32 gm.; Wornseed 1.11 gm.; Pumpkin Seed, 2.22 gm.; Sod. Salicylate, 0.11 gm.; Rochelle Salt, 8.53 gm.; Sod. Bicarb., .44 gm.; Flavored Syrup, q.s.



"Hindi katakatakang hangaan ng lahat ang aking balat..."

Batid ng aking iná ang lihim ng pamamalaging makinis at malusog sa tingim ng aking balat. Gumagamit siyá ng Mennen Borated Talcum sa araw-araw. Sinabi niyang ang pino at madulas na pulbos na ito ay nakapagpapaghinawa at pinananañiling ligtas ako sa bumagang-araw at sa kating buhat sa lampin... pinangalagaan ang aking balat laban sa mga gassas at inpekasyon."



# MENNEN

BABY POWDER

git ay ginagamit na simuno ng sugnáy na pang-uri (adjective clause).

1. Ang aklát na hinirám mo sa akin ay kailangan ko na.
2. Ang batang isinamo ko ay aking anak.
3. Ang panahóng nakaraan na ay di na mulíng bábalík.

Ang mga panghalíp na pananóng ay karaniwang ginagamit na kaganapang pansimuno (subjective complement).

1. Sino ang taong binati mo?  
Ang taong binati mo ay sino?
2. Anó ang nais mo?  
Ang nais mo anó?
3. Alín ang bíbilhín mo?  
Ang bíbilhín mo ay alín?

**Mga Pagsasanay**

A. Basahin uli ang kuwento. Salungguhitang lahát ang mga

panghalíp na ginagamit na simuno.

B. Salungguhitan ang bawa't panghalíp sa pangungusap. Sabihin kung alín-alín ang mga ginagamit na simuno.

1. Itó ang ibibigáy ko sa iyó.
2. Ang lahát ay tütulong sa atin.
3. Tayo'y gumawa ng paraán.
4. Hindi kitá sinásadya.
5. Kákain ka na ba?
6. Anumán ay pasalamatán mo.
7. Ang amin ay hindi pa niyá ibinibigáy.
8. Silá raw ay mag-áral sa pámantasan.
9. Matütulog na kamí.
10. Ang pitó ay di ko pa náki-kita.
11. Si anó ay karáran pa lamang.
12. Iyán ay siyá kong tinawag.—#

**PAGSISISING...**

(Karugtong ng nasa pah. 21)

bahay ni Alfredo. Mainam ang kanyang pagkakaawit kaya't kinasundo siya agad ng tagapamahala.

"Masama ang loob ni Alfredo. Sa halip na magalak ay hindi't siya'y nakaramdam ng tinik sa puso. Alam niyang ang dilag ng kanyang maybahay ay sumasapanganib ngayong ito'y nasa dibdib na ng Maynila. Di nga ba naman mangyayaring ito'y mawili sa maligayang lunsod at malimot na ang malungkot nilang nayon? Ang gayon niyang paghahaka ay nauwi sa katotohanan nang si Marina'y tumagal na rito at ayaw nang umuwi.

"Maikli ang buhay at nararapat samantalain—anito sa asawa nang minsang amukiing magbalik sa dating pugad.

"Si Alfredo ay umuwing magisa at si Marina'y naiwang nakatira sa isang magandang silid sa isa sa mga mamahaling otel sa Maynila.

"Kasabihang 'mapanganib ang isang sisiw na malapit sa lawin.' Si Marina nga ay nabalitaan na lamang ni Alfredong nasa kapangyarihan na si don Mariano na kaibigan ni ginoong Barcelona.

Nabalitaan pa umanong si Marina ay hindi naman nagsisisi pagka't sa piling ng don ay nasusunod niya ang bawa't mahiling: ang karangyaan, ang mga damit na magagara at mga mamahaling hiyas ay nilalaro sa palad ng dilag ng nayon. Walang anu-ano ay nabalita namang ito ay isa nang artista sa puting tabing. Mapanagumpay at kinagigiliwan ng marami. Lalong nawalan ng pag-asa si Alfredong manumbalik pa sa kanyang piling ang minamahal na asawa. Hindi naman niya hinangad pang ito ay pakipagkitaan. Sinarili niya ang hirap ng loob at ang panibughong madalas mamahay sa kanyang puso ay ginagamot niya at iniwaksi sa pamamagitan ng paginom ng alak. Naging katulong ito ng malabis na pag-iisip upang ang kanyang matipunong pangangatawan ay humina at madaling sumuko sa kamatayan.

"Samantala'y lalong nagniningning ang pangalan ni Marina sa pagka-artista at nang araw nga ng ika-apat ng Nobyembre ay ipinagdiwang niya ang kanyang tagumpay sa gitna ng mga kaibigan at tagahanga. Umani siya ng matutunog na palakpak, halos ay nalasing siya sa kamanyang ng papuri, nguni't sa kaibuturan ng


kanyang dibdib ay isang bagay ang sumundot na nagpakiro't sa kanyang puso. Isang masaklap na alaala ang gumuhit sa kanyang gunita at napahinto siya sa pagtungga ng tsampan. Napuna siya ng mga kaibigang nagbubunyi. Biglang nanlamlam ang kanyang mukha.

—“Pagpaumanhinan ninyo ako —anya sa mga nagkakatipong ka-

ibigan,—sumumpong lamang ang aking dating sakit sa puso.

"Ilan pang ika-apat ng Nobyembre ang nagdaan. Naghabulan ang mga taon hanggang sa si Marina ay abutin ng takip-silim sa buhay.

"Si don Mariano ay namatay na bigla sa alta prisyon pagkatapos na siya'y alimurahing mabuti pagka't ang don ay naging ma-



**DUMATING NA—**


**PERFECTION MATIPID.**

*Lutungang Petroleo—*

- ★ TANYAG NA MARKA
- ★ NAKAPAGTATAKANG KATIPIRAN
- ★ MAKABAGO
- ★ MALINIS, WALANG USOK
- ★ AT MARAMI PANG KATANGIAN

*Tinanggap namin:*

2-BURNER — DE LUXE — SPARE PARTS  
3-BURNER — CABINET TYPE — WICKS



**LARUAN-LARUAN**

**DAISY AIR RIFLE :**

₱15 95    ₱23 75    ₱25 50

*Red Ryder Carbine 1,000 shots*

- ★ MANYIKA
- ★ BISIKLETA
- ★ BOLA
- ★ LOBO
- ★ BARIL-BARILAN
- ★ JEEP
- ★ AEROPLANO
- ★ STROLLER
- ★ PIANO AT 1001 MGA LARUAN PA.

**Everlast**

543-545 RAON  
MALAPIT SA EVERLEST

**RIZAL SURETY & INSURANCE CO.**

**FIANZA: ADUANA, KRIMINAL, SIBIL, KONTRAT A, ESKOPETA, REBOLBER AT IBA PA.**

**SEGURO: BAHAY, KASANGKAPAN AT PANINDA.**

**GIBBS BUILDING  
671 DASMARIÑAS**

**ROMAN R. SANTOS  
Pangulo**

**TELEPONO: 2-68-41  
MAYNILA**

gagalitin nang malugi sa kala-kal. Isa mang kusing ay hindi iniwanan ang babaing hindi naman natatali sa kanya.

"Si Marina ay inabot naman ng panlalaming sa puting-tabing. Ang kanyang dating mga taga-hanga ay naging matamlay na sa kaniyang pagpalakpak. Hindi na nila gaanong naibigan ang mga kilos ng dati'y kinagigiliwang artista. Unti-unti nang pumutla ang hinaharap ni Marina hanggang sa siya ay tuluyan nang mamatayan ng pag-asa.

"Isang panauhin ang dumating sa kanyang maliit na tinutuluyan. Si Tato, na kakilala niyang taga-nayon, ay napasulpot sa lunsod at nang abutin ng gabi ay siya ang nalsipang pakituluyan. Ang pang-gigilalas at pananabik na nasinag ni Tato sa kanyang maganda pa ring mukha ay nag-udyok upang ibalita ang kinasapitan ni Alfredo.

"Isang damdaming hindi mailarawan ang nadama ni Marina sa kaibuturan ng kanyang dibdib.

"—Saan siya nakalibing, Tato, para mo nang awa ay sabihin mo sa akin.

"—Dito sa Maynila siya namatay—ani Tato.—Nang malubha na ay napatatid dito. Pagka't ibig daw niyang sa lupang kinaroroonan mo malagak ang kanyang bangkay. Namatay siyang mahirap na mahirap at isang maliit na kurus lamang ang nailagay kong tanda."

Inihimaton sa kanya ni Tato ang pinaglibingan. Niyari sa isip ng babae na paghanapin ang libing ng asawa pagsapit ng araw ng mga banal.

At si Marina nga, na nahubdan ng karangyaan, ay nakadama ng pagsisising alipin sa harap ng libingan ni Ding.

WAKAS

## ISANG LIHIM...

(Karugtong ng nasa pah. 15)

—Hindi Fred, hindi ako nagsasawa sa iyo—ang inabutang narinig ni Ipeng na saad ni Itsay sa kausap. Kundi sa paghahanap ko sa sulat noon ay umabot sana sa iyo ang iyong ipingbilin—ang dugtong pa ni Itsay na parang humihingi ng paumanhin.

—Aba...—ang walang anuano'y nabigkas ng kausap ni Itsay, pagkatapos ng sandaling di-pag-iimikan. —Hindi pa nga pala ako...

—Mga aksil!—ang di-napigil na sigaw ni Ipeng buhat sa silong, na sa kagitlahaan'y di naipa uloy ang sasabihin ng panauhing nagsasalita.

Kasabay ng gayong sigaw ay mabilis na lumabas si Ipeng sa kanyang panunubok. Palundag na tumuloy ng itaas. Hawak sa kamay na kanan ang kanyang balisong at poot na humarap sa dalawang kapuwa putlang napatigagal.

Mga anyo at mata ang noo'y nagsipag-usap lamang. Kahila-hilakbot!

Si Fred at si Itsay, sa harap ng gayong kapanganiba'y nagsipag-angkang mangusap, nguni't kapuwa naunahan ng sindak na parang sumasakal sa kanilang lalamunan. Parang nasikangan ang kanilang big ng mga nag-aalab na mata at nagsasaga-sagang mukha ng kanilang kaharap.

—Hala, babae—ang mahina nguni't nakasisindak na basag ni Ipeng sa sandaling kaahimikang namagitan sa kanilang tatlo,—mangusap ka, bago ko utasing mauna ang iyong buhay!—ang may panunurot na atas ni Ipeng.

Si I say, sa malaking takot, ay nakapag-angkang tumalon sa kalapit na bintana, nguni't maliksi siyang nasunggabab sa kanang bisig ng naghihimig na kaliwang kamay ni Ipeng, at matapos siyang pakabig na mahirap ay inundayan sa dibdib ng isang mariing saksak ng balisong na mahigpit na kimis ng kanang kamay ng kanyang nagngangalit na

asawa, upang utasin. Subali't ang ipamamatay na kamay ni Ipeng ay maliksing napigil ng isang malakas na gulamot.

—Ta ay...—ang narinig ni Ipeng na tawag sa kanya ng may-ari ng kamay na pumigil sa kanyang pagiging kriminal.

Si Ipeng ay napalingson sa tumawag. Sandaling naiilhan.

—Tatay...—ulit ng tumawag sa kanya at umawat.

Sandali silang nagkátitigan.

—Huwag, Tatay! Magpakahinahon kayo!—ang muling ulit ng kati-tigan ni Ipeng.

Si Ipeng ay nagugulumihanan sa mga paulit-ulit na "Ta ay" na binibigkas na pasamo ng kanyang kausap. Binitiwang dahan-dahan ang nangangaykay na asawa. Banayad na ibinaba ang kamay niyang may hawak na patalim, at tuwirang hinarap ang tumawag sa kanya ng Tatay na dili iba't si Fred, ang pinanibughuan niyang panauhin ni Itsay, na noo'y taas-noong humarap na nakipagti igan sa kanya, buo na ang loob, at handang mananggol sa mangyayari.

Sa balintataw ng mga ma'ta ni Ipeng ay dahan-dahang iginuguhit ng mukha ni Fred ang isang larawan na nang mabuo na'y nagpangayupapa sa nag-alimpuyong damdamin ni Ipeng. Siya'y napayuko't sa muling pagtataas ng mukha'y tinagayan ng tig-isang sulyap na malamlam si Fred at si Itsay na kapuwa saglit na nagkatinginan lamang.

—Itsay...—ang basag na tawag ni Ipeng sa asawa pagkatapos ng mauliraning sandali ng di nila pag-iimikan, —ano ang kahulugan ng la-

hat ng ito?—ang dugtong na tanong. Sa halip na tumugo'y dinukot ni Itsay sa loob ng kanyang nakasuot na damit ang isang nangingitim-ngitim na papel, at ma'apos na humugot at magpapulas ng isang malalim na buntong-hininga'y marahang iniabot ang papel na yaon sa asawang naghihintay sa kanya ng kasagutan.

Isinuksok muna ni Ipeng sa kanyang baywang ang kimis na sandata bago inabot kay Itsay, at binasa ang papel na yaong ganito ang nakalalaman:

"Ipeng:

"Nasa kabilang buhay na ako marahil ngayong tinuntunhayán mo ito. Marahil ay maghuhupa na ang iyong kagalitan at ma'ari mo na akong patawarin kung inakala mong ako'y nagkásala sa iyo. Ang ating anak na si Fred, na naging bunga ng ating kapus-palad na pag-iibigan, ay malaki na ngayon at siya'y aking inihabilin sa aking ale at kay Itsay na iyong makakaisang-dibdib, upang kalingain. Mahalin mo siya. Lamán siya ng iyong lamán. Mahalin mo rin si Itsay. Siya'y mabait at tapát kong kaibigan. Sa huli ay isinasamo ko sa iyong pag-ukulan mo lamang ng isang dalangin ang aking kaluluwa.

"Paalam,  
"LUISA"

—Diyos ko...!—patatop-noong nalulupaypay ma'apos mabasa ang

LALABAS SA LUNES, IKA-3 NG NOBYEMBRE, SA ALIWAN ANG PINAKABAGONG NOBELA NI

## HILARIA LABOG

(Sumulat ng mga nobelang "Bagong Sinderela", "Ulilang Kalapati", "Kasal Na Walang Pag-ibig" at iba pa.)

A n g

## NAGLAHONG LIWANAG

Ito'y kasaysayan ng isang mapangaraping batang babae na lumaki sa ampuhan ng mga ulila sa Welfareville. Sa tangkilik ng isang mapag-ampong kamay ay nagdalaga siya at napatanyag sa mataas na lipunan. Nasumpungan niyang isang malaking daigdig ang humahanga sa kanyang paanan. Nguni't ang anino ng kanyang abang nakaraan ay parang multong kanyang kinatatakutan. Tinakasan niya... linayuan niya! Nguni't iyon ay bahagi pala ng kanyang buhay na hindi niya maitatakwil. Sa wakas ng lahat, ang munting daigdig na iyon na itinakwil niya ay nakilala niyang isa palang pagkaganda-gandang daigdig na ma'ari niyang mapagpáhingalayang muli kung ang palalag lipunan ng mga tao'y magkaiit na sa kanya ng pagtingin. Basahin niyo ang magandang nobelang ito at walang salang kayo'y masisiyahan.

ANG ALIWAN AY NILILIMBAG TUWING LUNES NG PALIMBAGANG TAGUMPAY  
1055 Soler, Maynila

Gusto ko ang langis ng atay ng bakalaw nguni't iinumín ko ito sa Emulsion de Scott

Ang EMULSION DE SCOTT ay mabuting toniko ukol sa mga lumalaking batang babae. Isa itong maaasahang tulong sa pagkakaroon ng tagal samantalang nagaaral at sa pagtawid sa panahong mula sa pagkabata hanggang sa pagdadalaga. Malaking tulong din naman ang kaayaayang lasa ng Scott's at ang pagiging apat na ulit na lalong madaling tunawin kay sa pangkaraniwang langis ng atay ng bakalaw.

Bilhin ang tunay na



SCOTT'S  
EMULSION

FORMULA:—Cod Liver Oil, 30.083%; Glycerine, 13.067%; 1% Solution of Hypophosphites of Lime & Soda, 54.967%; Excipients, 1.799%; Flavoring, 1.000%. Approved and Registered U.S. Pat. 1,100,000



## ANG SELOSA...

(Karugtong ng nasa pah. 29)

malay, kundi ang mahimok si Selina na bigyang laya si Martín upang makadalaw man lamang sa kanyang asawa at sa dalawang bunga ng kanyang tunay na pag-ibig.

—Kung sabagay, kumari—ang malamig na tugón ni aling Magda,—sa súliranin ng puso ng ating

## ANG KAMBAL...

(Karugtong ng nasa pah. 12)

laga sa kanyang mga matá.

—Ha-ha-ha-ha-ha!—ang nárinig na halakhák na waláng iniwan sa kulog na nagmula sa maluwáng na bunganga ni Bantáy.

—Akala ko'y isáng lalaki kang kasinlaki ko. Isá ka paláng langám lamang. Paano mo nabuksán ang matibay na pinto ng Arayat?

—Kay-dami mong usisa—ang payamot na tugon ni Abá.—Ang sagutin mo sa aki'y kung saán maáring mákita si Sinukuan.

—Mahirap na mákita ang aming panginoo—sagot ng higante.—Hindi siyá nakikipag-usap sa basta tao lamang.

—Ano? Hináhamak mo ang aking pagkalalaki.

Humugot ng isáng palaso si Abá at ibininit sa bagting ng kanyang busog.

—Papanain ko ang iyong matá kung di mo bábawiin ang iyong sinabi, na may kinálaman sa pag-aglahi sa pagkatao ng anak ni Luyong.

Nagtawá lamang ang higante at noon di'y umambáng dakmain ang maliit na nilikháng kanyang kaharáp. Maliksing tumalilis si Abá at nagdaán sa pagitan ng mga binti ng higante.

Kung minsan ang kaliita'y isáng kalasag na nagagamit: ang kaliitan ni Abá sa kanyang kaharáp na higante ay siyang nagligtas sa kanyá sa tinangkang pagsunggáb ng kalaban. Nang muling bumaling si Bantáy upang harapin ang maliit na kaluskos na nagawa ni Abá sa gawing likuran, ay isáng "aruy!" ang náitili ng higante. Paano'y pumako sa kanyang matáng kaliwa ang pinawaláng palaso ni Abá sa hawak na pana.

Mabilis na nagbinit na namán ang binata ng isá pang palaso sa kanyang pana, at...

—Ganáp kitáng bubulagin kung di ka manánahimik—ang wika ng binata.—Binuksan ko ang matibay na susi ng pinto ng Arayat sa bisa ng aking palaso at ngayon

(Nasa pah. 37 ang karugtong)

sulat ni Luisa't mabatid ang kato-tonanan, tuloy napaupo sa kanilang silyang kawayang nasa tabi ng bintana, nanlulumo at kinalaro ng sarisaring guniguni.

Si Itsay at si Fred, sa kabilang dako'y sinungawan sa kanilang mga labi ng ngiti ng kasiyahan.

(WAKAS)

mga kapuwa ay di tayo maáring manghimasok. Bukód sa riyán ay di kaila sa ating dalawá na si Selina ay siyang unang nobya ni Martín. Ang pusong naiiwanan ng isáng dalisay na pag-ibig ay náhahalintulad sa saláb na kahoy na sa bahagyang init ay nagdiringas. Gayún pa man ay gágawin ko ang lahat kong magágawa. Hindi ko nálalaman ang kasalukuyang mga nangyayari. Bayaán mo't pagsásadyain ko si Selina, pangungusapan ko't pangangaralan.

—Kung ang bagay na iyá'y magiging mabigát pará sa iyó, ituring mo kumari, na akó'y parang waláng násabing anó man.

—Amá, hindi!

—Anó kaya, sa palagáy mo, kung akó ang máunang magsadya sa kinárroonán ni Selina?

—Magsadyang papaano...?

—Hindi sa anupamán!—ang patláng agád ni aling Gidáy,—ibig ko lamang siyang kausapin, hingán ng tulong, hingán ng awa... sapagká't pará sabihin ko sa iyó nang totoo, ang di pag-uwi ngayon ng bahay ni Martín ay magiging sanhi ng kamátayan ni Gunding at ng pagkakasakit ng dalawang bata.

Ang huling nárinig ni aling Magda ay waring nakabagbág sa kanyang puso. Isáng asawa at dalawang anak! Di niyá nálalamba'y may isá palá siyang ságuting nápakalubha sa ginawa niyang pang-uudyók kay Selina upang ibilango nitó sa kanyang bisig ang asawa ng ngayó'y nakabilango na ngang si Martín.

—Ikaw ang bahala!—ang náwika ni aling Magda,—maúna ka at súsunód akó; kahimanawari'y mapapani-wala natin siyang masama ang kanyang ginágawa.

—Saán ba silá naninirahan ngayón?—náitanóng ni aling Gidáy.

Si aling Magda, na, nang mga sandaling yaó'y tila nakahandáng tumulong nga ng totonanang pagtulog sa kanyang kumari, ay di nagkaít. Inahimatóng kay aling Gidáy ang poók at bahay na sa kasalukuya'y tinitirhan ngayón ni Martín at ni Selina.

Hindi málaman ni aling Gidáy kung papaano niyá pasásalamatan ang kanyang kumaring si aling Magda. Nagpaalam siyá't nanaog nang kung may luha man sa mga matá ay puno namán ng kasiyahan ang puso dahil sa náipangakong tulong na gágawin ng kanyang kumari. Si aling Magda'y naiwan sa isáng malalim na pag-iisip.

—Malaking sama palá ang náibunga ng aking pang-uudyók!—ang pagkaraan ng mahabang sandali ay násabi ng ali ni Selina, nagbuntúg-hiningáng malalim at nagpakábuti ng paghilig sa kiná-uupang likmuan. Ipinikit ang mga matá. At, gaya nang simungang pinagpúyusán ng damdamin, ay parang náikikita sa kan-

"I'LL ALWAYS adore you"

She's a LUX girl

LUX TOILET SOAP

NAKUHA DIN NATIN...

PEPSI-COLA!

WISS SHHS!

FREE! 2 CASES OF PEPSI-COLA FOR A BRIGHT IDEA

THANKS TO: MARIO GOMER 8539 TAFT AVE. B.Y. BIALCIZY

PHILPROM #44

yang guniguni ang malungkot na larawan ng isang inang lumuluha dahil sa asawang hindi sumisipót samantalang sa kaibayong dako ay nagtátawanan namán at nagpapakasawa ang dalawang kálulwáng kalung-kalong ng mga kaliwáng magdaraya. At siyá, ang kanyá namáng sariling larawan, ay parang aninong gumalaw sa nakapikit na pangingin: isang salarin na nag-anyóng dimonyong nanúnuksó sa dalawáng pusong tila naglálaro sa hangin.

Si aling Magda'y bigláng ná-pabalikwás sa kanyáng kináuu-pán. Nagtindíg. Isáng kapasiyahán ang binuo at nagmámadaling tinungo ang silid upáng magbihis. Makasandali pa ay lulan na ng isáng taksing mabilís na tumátakbó na patungo sa poók na kinátitirahan ng kanyáng pamangking si Selina. Ang ibig niyá'y máunahan si aling Gidáy.

—Ibig kitáng mákausap ng másinsinan—ang sa makapangyarihang hawig ay násabi sa pamangkin nang siláng dalawá'y nagkásarilinán na sa pag-uusap.

—Sa anó, tiyá?—ang maglilwina na tanóng ni Selina na di sinalagimsimán kahit katiting ng tunay na sanhi ng pagkáparoón ni aling Magda.

—Sa isáng bagay na ang kalutasan ay nasa iyó—ang waláng kakurap-kuráp na tugón.—Tayong dalawá, unang-una ka na, ay nakágawa ng isáng malaking pagkakásalang dapat pagsisihan.

Nagdilím ang mukha ni Selina.

—Wala akóng náalamang kahit anó sa inyóng sinásabi; ukol sa anó?

—Ukol sa kalágyan mo ngayón.

—Anóng kalágyan?

—Nákita mo na!... Kung minsan, dahil sa galák at kasiyaháng loób, ang paniniwala ng mga tao ay náligligaw at nálalason. Kaya, tayo'y nakágagawa ng malaking sama nang di natin námamalaayan.

Nagsimula ng pag-uulik-ulik si Selina.

—Bakit di ninyó liwanagin, tiyá—ang wika,—anó ang tunay na ibig ninyóng sabihin? Saáng dakó patungo ang inyóng mga sinásabi?

—Sa dakong kinálalagyán ninyó ngayóng dalawá ni Martín.

—Ni Martín?—ang tanóng na kasabáy ng bigláng pagkápatayo ni Selina.—At anó kami ni Martín?

—Dahan-dahan ka at tayo'y mag-usap ng mahusay—ang mahinusay na payo ni aling Magda at pinaupóng muli ang pamangking nápatayo.—Wala kang kamalay-malay ay makamámatáy ka ng iyóng kapuwa—ang maramang wika at ibinulóng pagkatasos:—si Segundina ay nasa masamáng kalágyan, kailangang pagpayuhan mo si Martín upáng umuwi na sa kanilá...

Natigilan si Selina at matagál na di nakapagsalita.

—Marahil—ang patuloy ni aling Magda,—ay magugunita mong akó'y nakatulong sa iyó upáng

akitin si Martín at nang ikáw'y makapaghighanti sa nakalipas na mga kaapihan; kung papaano kitá inudyukan noon, ay ganoón din ang paghimok na ngayó'y aking ginágawa upáng mabigyan natin ng lunas ang samáng tayo ang may kagagawán.

—Ibig ba ninyóng sabihí'y maghiwaláy kami ni Martín?—ang halos nanginginig na tanóng ni Selina.—Kahit máhigán ko ang aking kálulwá ay hindi akó pápayag.—At si Selina'y nápasigaw:—Tiyaaa!...

Nang mga nakaraáng araw, ang mga matá ni Selina ay maramot sa luha; ngayó'y kitang-kita ni aling Magda na may umáagos sa kanyáng dalawáng pisngi.

—Umíyák ka?—itanóng.

—Umíyák akó sapagká't si Martín ay totoóng mahál sa akin—ang matatág na sagót ni Selina na sinabayán ng pagtutóp sa mukha ng kanyáng dalawáng kamáy.

Tumangú-tango si aling Magda na ang mga matá'y nakapako sa pamangkin.

—Kung mahál sa iyó si Martín—ang wika,—at totoóng masakit sa loób mo ang kayó'y magkálayo, timbangin mo ngayón sa dalawá mong palad kung gaano kabigát pará kay Gunding nang di pag-uwi ng kanyáng asawa!

Waláng kamalay-malay ang dalawáng nag-úsap ay lugúd na lugód sa pakikinig si Martín buhat sa silid na kanyáng kinároonán sa pag-uusap ni aling Magda at ni Selina. At siyá'y nálulugód sapagká't ganáp niyáng napagkilala ngayón na may mga tao na paláng humihimok sa babaing sa kanyá'y bumibilanggo upáng siyá'y makakawala. Kung sabagay, ang lahat ay maári niyáng gawin, nguni't siyá'y umíwas na ang isáng nayari sa pakiusap at matamis na úsapan ay makalás at mawasak sa isáng kaparaanang bigla at marahás.

At tabóy ng malaking kasiyahán ay nápalabás at sukat si Martín sa kinároonán niyáng silid. Pagkátanaw ni Selina ay makalás na nápasigaw.

—Anó ang ibig mo, bakit ka lumabás?

Tumawa lamang si Martín at

kinindatán si aling Magda. Itó'y tumayo na upáng magpaalam. Dátapwá't bago umalis ay binulungán si Selina at binigyan ng mga payong di ang hindi tumiim sa puso ng pinagbigyan.

—Isipin mong mabuti!—ang kahulí-hulihang tagubilin ni aling Magda sa kanyáng pamangkin.

Nang ang sasakyang nilulanan ni aling Magda ay makaliko ná't di na mátanawán ay nagngangalit ang mga ngiping lumapit kay Martín si Selina.

—Kitang-kita kong nagkindatan kayó ng aking tiyá, bakit? May pinag-usapan ba kayó?—ang galit na galit na tanóng kay Martín nanlaki ang mga matá dahil sa kanyáng náringig.—Akala mo ba'y di ko nápapakiramdamáng nagugustuhan mo ang aking tiyá, hayup!

—Pero, Selina—ang malamig na náwika ni Martín,—patí ba namán ng matanda nang tiyá mo ay ipagséselo mo pa sa akin?—At náatawá.—Hindi ko málamang kung anó ang nangyávari sa iyó...

—Kung anó palá ang nangyávari, ha?

At si Selina'y padabóg na pumasok sa kanyáng silid.

Yao'y isáng pagkakataóng maáring samantalahin ni Martín. Patiyád-tiyád itóng lumakad upáng tumanaw-tanaw. Bukás na lahat ang mga pinto! Maári siyáng tumakas. Maáring lumipad na pauwi sa kanyáng táhanan.

Nguni't...

Si Martín ay nagpakahinahan. Humilig sa silyón at nagbasá, hanggáng sa gumabi. Aywan kung sa malaking sama ng loób, si Selina'y hindi na lumabás at diwa'y nákatulog o nag-íiyák sa kanyáng pagkakáhiga. Ang ginawa ni Martín ay binuksán ang radyo at nakinig.

Dátapwá't si Martín, sa halip na maalíw at malibáng sa palá-tuntunan isinásabog sa himpapawid, ay lalo pa ngang nahapis at nahapdián ng puso dahil sa inawit ng koro ng iláng may matatamis na ting na mga dalaga. Tumiim na totoó sa kanyáng ka-looban ang titik ng inawit na yaón, na, ayon sa tagapagbalita ng himpilan, ay isáng kantahing ang pamagát ay "Sa Sariling Pugad." Ganitóng mga salita ang nápakó sa pakinig ni Martín na siyáng titik ng kantahing kahulí-hulihang inawit sa radyo:

"Wala nang matamis, wala nang masarap, Paris ng magbalik sa sariling pugad,

### Mantle Lamp Repair Shop

(Kumpunhan ng Lampara)  
Nagbibili ng Lampara at mga Kasangkapan  
1004-B Magdalena, sa tapat ng Ospital San Lucas.  
CARLOS DY  
Tagapamahala at May-ari

- Ibig Ba Ninyo Ng Isang Regalong Hindi Malilimutan?
- Isang magandang ala-ala sa inyong anak, ina-anak, o kapatid?

Bigyan ninyo sila ng suskrisiyon sa

## PILIPINO KOMIKS!

Sa Halagang P5.00 Lamang Ay Makatatanggap Sila Ng Pambihirang Babasahing Ito Sa Loob Ng Isang Taon

Iwasan ninyo ang pangyayaring tuwing lalabas ang PILIPINO KOMIKS ay maraming mambabasa ang hindi nagkakapalad na magkaroon ng sipi. Gamitin Ninyo Ang Kupong Ito:

ACE PUBLICATIONS, INC.  
1055 Soler  
Maynila

Mga Ginoo:

Kalakip ang halagang ..... sa pamamagitan ng hiro postal/tseke Blg. .... na kabayaram ng suskrisiyon sa PILIPINO KOMIKS sa loob ng .....  
..... Ipadala ninyo ang PILIPINO KOMIKS kay ..... ng .....

Ngalan ng Nagpadala ..... Tinitirahan

Mga Halaga Ng Suskrisiyon  
Sa Pilipinas

1 taon (26 na labas) — P5.00 6 na buwan (13 labas) — P3.00  
Sa Ibang Bansa  
Doble

**Dra. Tomasa Halili**  
MATRIS, PANGANGANAK at SAKIT ng BATA  
Tanggapán: Central Hotel, Ave. Rizal, Panulukan ng Azcarraga Silid 217 Pangalawang Palapas.  
Oras: 9:00-12:00 A.M.—3:00-5:00 p.m.  
Tahanan: 1430 Washington  
Tel. 8-63-17

Sakit Sa Balat... Sakit Na Lihim  
**DR. F. C. PLANTILLA**  
May 13 taong naging punong manggagamot ng "Cebu Skin Dispensary," pinakamalaking pagamutan ng sakit sa balat ng Pamahalaan sa Pilipinas. Dalubhasa sa pagkilala ng ketong. Dagilang paggamot sa gonorea at sipsils.  
Great Eastern Hotel, Echague, Kuwanto 315  
8-9 ng umaga: 3:30-5:30 ng hapon

Táhanan man ay dukha  
sa ginto at pilak,  
Ay sagana namán  
sa suyo at paglingap.

Umuwi na tayo  
sa ating táhanan  
Pugad ng pag-asa  
at kaligayahan,  
Umuwi na tayo't

hanapin ang layaw  
Sa piling ng ating  
mga minámahál."

Nápaiyák si Martín at ang ná-  
alaala'y ang sariling táhanang pi-  
naghihintayán sa kanyá ng giliw  
na asawa at pinakamúmutyáng  
mga anák. Tumindíg sa kanyáng  
pagkakáupo at nanungaw. Madi-

lim ang gabí at tahimik ang la-  
hát. Ang ginawá'y dahan-dahang  
tinungo ang silid ni Selina. Ang  
kurtinang nakatátabing sa pinto  
ay hináwi ng kanyáng kanang  
kamáy upáng tingnán kung ang  
kinákasama niyáng lubháng ma-  
panibughuín ay nahihimbing sa  
kanyáng pagkakatulog. Nang  
mahawi ang tabing ay nálantád

sa kanyáng dalawáng matá ang  
palungayngáy na pagkakáhiga ni  
Selina na tila bagá hapúng-hapo  
sa nápakalalim na pag-iisip.

—Salamat!—ang tanging nas-  
naw sa mga labi ni Martín na  
waláng nakariníg kundi siyá la-  
mang.

(Itutulóy)

# REPUBLIKA NG PILIPINAS

## KAGAWARAN NG PAGTUTURO TANGGAPAN NG PAGTUTURONG PRIBADO

### SA KINAUKULAN:

Sa pamamagitan nito ay PINATUTUNAYAN na ang sumusunod na mga TANGING PAARALANG BOKASYONAL sa Maynila (inayos ng magkakasunod) ay umaalinsunod sa mga itinatadhana ng Batas sa Paaralang Pribado, sa mga hinihingi ng Kagawaran ng Pagtuturo, at ng mga pamamalakad ng Tanggapan ng Pagtuturong Pribado at pinagkalooban ng pahintulot ng PAMAHALAAN na maghandog ng kurso o mga kursong binabanggit sa ilalim nila.

Sa ilalim ng Pangkat 3 ng Batas 2706 na sinusugan ng Batas 180 ng Commonwealth "sino mang tao o pangkat ng mga taong nagnanasang magbukas o magtatag ng paaralang pribado o kolehiyo ay kailangang kumuha muna ng pahintulot ng kalihim ng Pagtuturo bago magbukas o magtatag niyan." Sa ilalim ng Pangkat 6 ng sinabing Batas na sinusugan, ang anunsiyo o palathala ng isang walang pahintulot na paaralang pribado o kolehiyo ay parurusahan sangayon sa batas.

Upang madulutan ng karampatang kalinga ang mga nagaaral at mga magulang gayun din ang madla bago ipasok at magbayad ng anumang matrikula sa mga kursong walang pahintulot o paaralan ay kailangang magkaroon sila o magpakita ng ukol na kapahintulutan o pagkilalang may lagda ng Kalihim ng Pagtuturo at ng Tagapamahala ng Pagtuturong Pribado.

### MANUEL CARREON

Tagapamahala ng pagtuturong pribado

#### DE LUXE FASHION SCHOOL

Rizal Ave. Corner, Carriedo & 1424 Azcarraga  
Doroteo Jose Corner Misericordia

Directress—JOSEFINA B. MANALO  
Courses—DRESSMAKING: Dean—Remedios Roque  
HAIR & BEAUTY CULTURE  
Dean—Paulina Verzosa  
EMBROIDERY—Head, Consuelo de Leon  
MASTER (Men's) TAILORING—Head—A. Fajardo

#### PARIS-MANILA FASHION ACADEMY

671 Evangelista Quiapo, (near corner Azcarraga)

President Dr. PRESENTACION C. BAYANI DE SANTOS

Directress Dra. Belen C. Bayani

Courses:—DRESSMAKING & EMBROIDERY

#### LE CHIC FASHION ACADEMY

Rica Theatre Bldg., Taft Ave., Pasay

Directress—GENEROSA D. GARCIA

Course—DRESSMAKING

#### SAMSON FASHION SCHOOL

859 Quiapo, near corner Azcarraga, Manila

Directress—A. T. SAMSON

Courses—DRESSMAKING & EMBROIDERY

Dean—A. T. Samson

HAIR & BEAUTY CULTURE

Dean—Felino Bautista

Culinary Arts—Mrs. H. Lusonghap

#### MANILA DESIGNING SCHOOL

Founded since 1927 by S. G. Buenagua, author of the  
"DE LUXE" textbook for men and women's garment non-  
fitting system.

3rd Flr. LEYVA BLDG., Corner David and Dasmariñas Sts.

Offers courses for MASTER DESIGNER & CUTTER  
and DRESS DESIGNER (Modiste).

ENROLL FOR THE TECHNICALITY OF GOOD  
INSTRUCTION, AT ANY TIME.

#### SOCIALITE FASHION INSTITUTE

547 P. Paterno, Quiapo

Directress—ANDREA BADURIA LOCSIN

Courses—DRESSMAKING & EMBROIDERY  
and PLEATING

Dean—Andrea Baduria Locsin

HAIR & BEAUTY CULTURE

Dean—Escolastico Lopez



#### MILNA

INSTITUTE OF FASHION  
512 Quezon Blvd., Manila

#### COURSES OFFERED

Dressmaking

Embroidery

Directress:  
Mrs. Maria Q. Banzall  
Instructress

In charge:  
Miss Gloria de la Pasion

#### VONAMI' ARTS & FASHION ACADEMY

400 Carriedo Quiapo, Manila

Offers: Complete Courses in DRESSMAKING,  
HAIR & BEAUTY CULTURE

Directress: Mrs. E. GOROSIN

Banford Academy Graduate, U.S.A.  
Costume Designing—Master College of  
Costume Designing, Chicago, Ill., U.S.A.




# GANYAN Lang

NI ROMEO V. TABUSKA

SULAT ITO KAY →

mahal kong TEKLA,  
 ikaw ang aking birhen, ikaw ang aking  
 Panaginip, ikaw ang aking Diyosa, ikaw ang tabat  
 sa akim at ikaw ang aking Pag-asa, kaya pakiramay  
 mo lang ako ng PISETA at wala lamang akong barya...

(ABANGAN ANG SAGOT NI TEKLA!)  
 Nagmamahal  
 TIBO!



## Dalawang Kabutihan



Marieta at Marina Baluyot

Sila ay maliliit, payat at namumutla. Nangamba kaming sila'y oaka mamatay. Nangailangan sila ng pangangalaga at sa simula pinainom namin -sila ng D-C Calcium. Sa loob ng tatlong buwan, napagkilalang ang D-C Calcium ay mabisa sa kalusugan kaya't ang kambal ay natatiling malakas at ligtas!

Matapat na sumasainyo,

*Rosario Dino Baluyot*

(Gng.) Rosario Dino Baluyot  
2219 Anacleto, Maynila

# D-C CALCIUM

May kasamang  
TIKI-TIKI at BAKAL

Ito ang masarap na tonikong nagtataglay ng Bitamina C, Calcium Gluconate, Sucrose, Tiki-Tiki at Bakal. Pinayayanan ang dugo, nagpapalusog, nagiiwas at nagpapagaling sa beri-beri, nerbiyos, kulang sa pagkain, kulang sa dugo, sakit sa buto at atay at sakit na sanhi ng kakulangang sa esriwang pagkain. Mabuti ukol sa mga inang nagdadalang-tao at nagpapasuso, malakas magpalaki ng mga bata at mahalaga sa mga nagpapalakas na galing sa malaria, disin'erya at tisis. Hingin kang malapit sa inyo.

FORMULA: Every liter has Calcium Gluconate, 40 gms.; Sucrose, 300 gms.; Vitamin C. 1.8 gm.; Tiki-Tiki, 48.00 c.c. Iron and Ammonium Citrate, 17.87 gms.

—PAUNAWA—

Ipadala ang inyong TUNAY na karanasan tungkol sa D-C Calcium na kalakip ng isang larawan at etiketa. Ang pinakamabuting nagpapalalang libon ay magtatamo ng P20.00 na gantimpala.

**Lexel Laboratories**

1127 Rizal Ave., Manila  
Tel. 2-92-34

## ANG KAMBAL...

(Karugtong ng nasa pah. 33)

namá'y bubulagin ko ang iyong mga matá, pag di mo ako mala-yang pinapasok sa lágusang patungo sa palasyo ni Sinukuan.

Ang tanod na si Bantáy ay nuno ng katapangan. Isá siyang alagád ni Sinukuan na tapát sa kanyang paglilingkod at masunurin sa kanyang panginoon. Hindi siyá makapápayag na may sinumang makapaglagos sa lágusang patungo sa palasyo ng enkantado. Makalilibong tanghalin siyang bangkáy kaysa máparatangang nagbabaya sa tungkulin.

Nárinig ni Abáng pinagtiim ni Bantáy ang mga ngipin. Nákita niyang nanginginig sa galit ang malalaking daliri ng higante na handáng lumamukos sa kanyang kalilitan. Umigtád si Abá nang daluhungin ni Bantáy, at sa sangkisáp-matá'y pinawalán ang palaso sa kanyang pana, na pumako sa isá pang matá ni Bantáy. Naging ganáp na bulág ang higante. Gayunmá'y nagpatuloy sa kanyang pag-aapuhap. Naniniwala si Bantáy na sa sandaling másunggabán niyá si Abá ay maáari niyang durugin ang katawá't mga buto nito sa kanyang mga palad.

—Magdaráan ka sa aking bangkáy bago makapasok sa lágusang patungo sa palasyo ng aking panginoong si Sinukuan—ang malakás na salitáng namutawi sa mga labi ng higanteng ganáp na ang pagkabulag.

Waláng taros na iwinasiwas ni Bantáy ang malaking pamalong kanyang hawak, sa pagbabaká-sakaling mátamaán ang kanyang katunggali. Subali't si Abá ay malayung-malayo na at mabilis na naglálagos na papasok sa lágusang patungo sa palasyo.

—Huwág kang magtumulin, Abá—ang nárinig niyang tinig na kilalang-kilalá niyá.—Mapanganib ang mabilis na paglalakád sa lágusang ito.

Nálalaman ni Abá na ang tinig na yao'y sa kanyang iná-inahang lambana, na hanggáng sa mga  
(Nasa pah. 39 ang karugtong)

## ANG TUNAY NA...

(Karugtong ng nasa pah. 19)

sa iyóng waláng isáng babaing pamumugtuán ng matá na gaya ng pamumugto ng mga matá mo ngayón. Hindi mabuting iná ng isáng táhanan yaóng gaya ng kináringgán ko ng mga salitáng "Papaano liligaya ang aking táhanan kung kami'y salát sa salapi?" Wala sa salapi ang kali-gayahan, iyá'y nasa mabuting pagsusunuran at tapát na pagsasama.

—Mabuti ka na paláng lecturer! —ang náitukso tulóy sa akin ni Lumen nang akó'y papanag ng na haydanan ng kaniláng bahay.—#

Ukol sa kasiyahan  
ng may-bahay...

CORN STARCH  
Marka

TIGER



Napakasarap sa  
mga Pagkain

ANG MGA MAIBAHAY AY LUBOS NA MATUTULUNGAN SA PAGPAPASARAP SA MGA LINULUTO KAPAG GINAMITAN ITO NG "CORN STARCH" MARKA TIGER. SILA AY MAGIGING LALONG MAHAL SA KANILANG KASAMBAHAY.

Tanging Tagapamahagi

PACIFIC UNION  
CORPORATION

1007 PALAPAG, GUSALING TRADE & COMMERCE  
123 JUAN LUNA MANILA TEL. 2-6468



SA PAGGAWA NG MGA KEIK AT IBANG LUTO SA BURNO.



SA PAGLILUTO NG "LUMBURER" O IBANG LUTONG KARNE NA MAY SALSA.



SA SOPAS, O DILINAWAN SA PAGLILUTO NG TORTA O ITLOG.

Ang mga produktong KILLS'EM ay siyang pinaka-mabuting nagawa para doon sa mga nagnanasang makapagtamo ng mga pinakamabuting bunga!



DDT 10% SPRAY

TAHASANG ITINATAGUBILIN PARA SA PAGPUKSA NG SURROT AT IBA PANG MGA MAPAMINSALANG HAYOP SA MGA DULAN, OTEL, DORMITORYO, TAHANAN, AT MGA TANGAPAN AT GUSALI.

SA MGA LATANG 1-GALON, 5-GALON, 55-GALON

DDT 5% SPRAY  
ROACH SPRAY—

SA MGA LATANG 1 KUWARTILYA, 1-GALON, 5-GALON  
MABIBILI NGAYON SA MGA BOTIKA AT MGA TINDAHAN SA TINGIAN

KILLS 'EM CHEMICAL CO., (Phil.) INC.

206 People's Bank Bldg. Dasmariñas, Maynila

"Ang gawa sa Pilipinas, ang nagtatatag ng Pilipinas"

# HIWAGA ng PAG-IBIG

*Kathambuhay*  
PANIMDIM  
*Inalarawan*  
RIC. COLLADO

IKA-33-LABAS



TUTULUY

## HALIK SA . . .

(Karugtong ng nasa pah. 10)  
mapit sa panig ng pader na inig-  
sawán ng binata.

Nakiramdám siyá. Itinatanzon  
niyá sa sarili kung nakalayo na  
si Renato. Nguni't nang maká-  
ramdám siyá ng kaluskos ng mga  
dahong tuyo ay tumawag siyá sa  
mababaw na tinig: "Renato!"

—Mang Gilmo!—ang mahina  
man ay maliwanag niyang nári-  
nig.

## ANG KAMBAL . . .

(Karugtong ng nasa pah. 37)  
sandaling násabi'y kaakibat niyá  
sa paglakad.

—Mag-ingat ka, aking bunso!—  
ang ulit pa ng tinig.—Mápapa-  
suung ka sa lalong malaking pa-  
nganib na higit pa sa dinaanan  
ng iyong amáng si Luyong. Si  
Sinukuan ay isáng nilikháng bat-  
bát ng mabibisang agimat. Ang  
kanyáng mga tanod ay hindi mga  
dambuhalang katulad ng mga  
tanod na nákalaban ng iyong amá  
sa lágusan ng Siyera Madre. Ang  
kanyáng galing ay nasa mga ba-  
gay na mapang-akit na ipakikita  
sa iyo. Sa lágusang ito'y maká-  
kakita ka ng mga hiyás na ma-  
kagágayuma sa iyong mga pani-  
ngin, nguni't huwág mong pápan-  
sinin ni hihipuin. Habang nasa  
loob ka ng lágusang ito'y huwág  
kang makikipag-usap kahit na sa  
lalong magandang dalaga na  
iyong mámamasid. Isá sa mga  
pang-akit na ipakikita sa iyo'y  
ang buháy na katauhan ni Ma-  
gandá. Sa aba ng iyong kapala-  
ran, kapág nagkámali kang ba-  
tiin si Magandá, pagkát magiging  
hamak na halamang-bato ka na  
mawáwalán ng lakás at pagmu-  
muni. At ngayo'y áalis na ako.  
Hindi na kitá maáari pang subay-  
bayán sa landasin mong tátaha-  
kin. Malaking kapinsalaan ang  
sa iyo'y aking magágawa, kung  
ako'y magpápatuloy ng pag-aki-  
bat sa iyong mga layunin. Ang  
likás kong halimuyak ay hindi  
maáaring mákaila kay Sinukuan,  
pag sumama ako sa iyo hangáng  
sa kalahañan ng lágusang tiná-  
tahák mo ngayon.

At nawala na ang tinig ng lam-  
bana.

(Dúrgtungán)



Formula: Tolu Balm, wild Cherry Amchoir  
AA 250 Gly. Am. 200; Bensoate Acid,  
Camphor. AA. 2 gm. Flavor & Excip. to  
make 2.5 li s. Alcohol 3.2%.

—Hindi nga! Níngáya ka po ga-  
na!

—Opo! Sinaktán ba kayo?—  
ang tanong ng nasa kabila ng pa-  
der.

—Sinikaran ako!

—Ano po ba ang sadya at na-  
pariyan?

—Nagháhanáp ng awto.

—May nákuha po ba?

—Wala!

—Mabuti na lamang at náitago  
ninyo!

—Hindi ko kítango ang mga  
awto. Kinusang dinalá nimá Vic-  
tor nang umalis. Silá ang nag-  
tago ng mga lyon sa malayong  
pook niláng nilikasan.

—Ako po'y lálakad na, mang  
Gilmo!—ang paalam ni Renato.

—Bakit hindi ka pa magpabu-  
kas? Baka makásalubong ka ng  
mga hapon diyán sa dáraanan  
mo!—ang paalala ng matanda.

—Bahala na po! Ang kadili-  
man ng gabi ay makabubuti sa  
akin, sapagkát malubáy-lubáy  
ang magkubli kahit saán.

—Ikáw ang bahala! Nguni't  
kung may kailangan ka ay huwág  
kang makalilimot sa pagdalaw sa  
akin.

—Sisikapin ko po! Diyán na  
kayo.

—Samahan ka ng Diyos!

PAGKAPANGGALING ni Star  
Palawan at ni Martin sa táhanan  
ng mga Valdíña na talagáng ka-  
niláng tutupukin kundi nágibikán  
ni Victor, ang dalawá'y lubusan  
nang nagpakálaut-laot sa lalong  
masamáng pamumuhay. Nakisa-  
ma na silá sa mga masasamáng-  
loob na sa hangád mabuhay at  
makapaghiganti kung magkáka-  
roon ng pagkakátaon ay nakipag-  
kalbigan sa mga pinuno ng mga  
balitang mambubutang.

Subali't ang itinuturing na ma-  
gandang kapalarang ito ni Mar-  
tin ay naragdagan ng isá pa uling  
kapalarang ipinaging makapang-  
yarihan niyá. Isáng gabing may  
nakatakas na bilanggo sa isáng  
gárison ay nagkátang naglálá-  
kád ang mag-amo sa násabing  
lansangang sinusukat ng malulu-  
wáng na hakbáng ng nakaalpás  
na bihag. Nakárinig muna ang  
magpanginon ng iláng putok.  
Sumunod ay yabág ng isáng ku-  
mákaskás ng takbo.

Hindi nilá tangkang harangin  
o paslangin ang tumátakbong  
itong matuling papalapit sa ka-  
niláng kinálalagyán. Subali't sa  
takot na silá'y máunahan ay ti-  
nambangán ng magpanginon at  
pagkátapat sa kaniláng madilim  
na kinálalagyán ay pinagsabayán  
niláng pinatid. Dapáng-dapa ang  
kahabág-habág sa bangketang se-  
mentado nang kaniláng pagsaba-  
yán ding kubabawin at paulánan  
ng waláng patumanggáng suntok.

Lupaypáy at halos waláng ma-  
lay na ang tao nang dumating  
ang dalawáng kawal na hapong  
nagsisihabol.

Kahit hindi nilá máwatasan  
(Nasa pahina 41 ang karugtong)



# Mabinkin

JESUS S. ESQUERRA  
at  
DEO C. GONZALES

ANG MAILAP NA BATHALA NG KABUNDUKAN

ISANG BANGKAY NG KAWAL NI TINA ANG MAKIKITA NA MAY TAMA NG PALASO SA LIKOD.

AGUNI'T SA ISANG KISAP-MATA'Y ISA NAMANG PALASO ANG MABILIS NA SUMIBAT...



SA TABI NG BANGKAY NA YAON AY NAKATAYO SI TINA NA SIYANG TUMUDLA NG PALASO...

"IYAN ANG MABUTI SA IYO! HINDI MO NALALAMAN ANG IYONG GINAGAWA!" - SABI NI TINA ...



NAGTAGPO SINA TINA AT HABAGAT. "SINO ANG NASAWING IYAN?" - TANONG NI HABAGAT.



ISANG HIBANG NA KAWAL KO NA NAGHANGAD NG IYONG KAMATAYAN!" - TUGON NI TINA



TUMALIKOD SI TINA AT UMALIS... "HABAGAT, NAGLALAKAD KA SA ISANG LANDAS NA MADILIM!" - SABI PA NI TINA



SA SUSUNOD "PAGBABAYAD"



# HALIK SA....

(Karugtong ng nasa pah. 39)

Ang sinásabi ng dalawang hapon, kung pakiwariin ni Martin ay tila nagpapasalamat sa kanilang pagkakadakup sa umalpas na bihag. Isinama silá sa himpilan ng pinunong nakapamamahala sa ilang kawal na nagsisipagtanod sa maraming bihag na umano'y mga gerilyero.

Ang isang tumakas na ito'y isa sa pinahihirapan doong bilanggo na dahil sa hindi na makatagal sa hirap ay nakipagsapalarán nang tumakas na kung di napag-tulongan ng magpanginooon ay nakalaya na sana.

Ipinagparangalan ng dalawang kawal na hapon ang magpanginooon sa ginawa umano nitong pagtulong sa kanilá upang mada-kip ang tumakas na bihag. Ito'y ikinasiyá ng pinunong kawal at noon din ay ipinatawag ang inter-preteng dati'y nagtitindá ng "mong-con-hielo."

—Kayo mamuti piripino, gawa turong-turong sa Nippong!— ang wika ng interprete.

—Talagá pong kalaban kami ng mga gerilya. Magseserbisyo kami sa Emperador!—ang pagmamagaling ni Martin.

—Kayo migay-migay pases!—ang pagmamagaling namán ng interprete na lalo pang utál kay-sa tunay na hindi maalam ng tagalog.

—Salamat po!—pag-utál-uta-

lan namang sagot ni Martin sa-nay na sanay na mang-uuto. At ang pases ay niyari ng pinuno ng himpilan. Tig-isá ang magpangi-noon ng malapad na papel na may sulat Nippon, may taták ng pi-nuno na siyang mahigpit na kai-langan sa ikapgakakabisa ng mga nakatitik doon.

Pagkatapos magawa ang kau-kulang pagyukod ng dalawá, silá'y nagsipanaog nang tuwang-tuwa. Walang kamalay-malay ang da-lawang naging "bayani" nang hindi sinásadya na ang kanilang pinatid ay napugutan na ng ulo dahilán sa pagkakátakas.

—Para kitang nakapulot ng ka-láruan, tsip!—ang nagágalak na wika ni Palawang ipinamulsa ang pases na ipinagmagandang-loob sa kanilá..

—Ngayon ay hindi na tayo ma-tátakot sa mga pondiyap na iyán. Makapapasok tayo kahit saán. Mahihingan natin ng kahit mag-kano ang mga insik at ang sinu-mang mayaman—ang wika ni Martin inihihilig na agád sa ma-sama ang anumang balak dahil sa pinanghahawakan nilang katiba-yan.

—At kung di magbigáy, tsip?—ang tanong ni Palawan.

—Alám mo na ang gágawin ko!—Siyá ko ngang hindi nálala-man, amo!

—Ituturo natin sa pinunong hapon!

—Ituturong paano?—ang ta-nong ng hindi nakauunawang ka-

usap.

—Sasabihin nating gerilya ang sinumang may matigás na bali-ngusan.

—May katwiran ka! Sapagká't mainam pa ang mahulog sa kumukulong langis sa impiyerno kaysa mapagbintangang gerilya sa mga araw na ito.

—Ngayon pa lamang kitá yá-yaman nang husto, Palawan.

—Dapat na namán akong yu-maman, tsip! Sa marami nang kahirapang nádanas ko, ang pag-yaman lamang ang siyang maka-pagpápalimot sa akin sa maraming pagdurusá ng aking buhay. Anhin ko pa ikáw, tsip, talagá ka namang mayaman. Nguni't ako, ako ay wala nang nágismán at kinabuhayan kundi hirap at hirap na lamang sa habang panahon.

—Huwág mong pagsisihan ang kahirapan mo. Ngayong may tinátanganan kang "anting-anting" ay parang hinihipang pantog ang iyong pagriwasa sa kabuhayan!—ang pampasiglang-loob ay sabi ni Martin.

Nasok silá sa isang restauran upang ipagdiwang ang pagtatamo nilá ng kapalarang sa hindi iná-

asahang pangyayari ay mapapa-sa-kamáy na palá tilá.

NANG gabing iyong mahulag-pusán ni Renato ang mga hapon ay hindi niya inisip agad ang lumabás ng Maynila. Marami pang araw ang hihintayin niya sa pook ng kanilang tipanang magkakasama bago magsisipot ang mga ito. Kaya ang ginawá'y sinamantalang sadyain ang mga kaibigan niyang kasamahán sa kanilang Kapisa-nan sa Panunuda nang bago pa magkadigma.

Sapagká't malalim na rin namán sa gabi nang makarating siya sa Sampalok pagkatapos ng pakubli-kubling pagtawid at pagbaybáy sa mga gilid ng daán, kaya ang pagkatok niya sa isang pintuang tablá ng isang aksesoriya ay ikinámanghá ng lalaking siya na lamang gising at nagbá-basá ng isang aklát.

—Sino po kayo?—ang tanong ng lalaking inaaninaw na pilit ang mukha ni Renato ng hindi mapagsiyá sa dilim.

—Ibyong, hindi mo na ba ako (Nasa pah. 42 ang karugtong)

*Ukol sa Makikisisig na Lalaki!*

**BUCKINGHAM**  
TRUBENZED COLLAR

KAMISADENTRONG

Mga makabagong makinang panahi at mga sanay na mang-gagawa ang siyang yamayari sa mga kasuotang BUCKINGHAM!

**SENG LU & CO.**  
156 ROSARIO MANILA



"Mmmmm... kay Sarap!"

anong BUTI!


ANG WATSONAL CASTORIA ay mading inumin sapagka't matamis ang Jasa—ang tunay na lunas sa mga sanggol at batang hindi nalulusawan.

**Watsonal CASTORIA** ng BOIE

Formula: Senna, 12%; Pumpkin Seed, 4.8%; Wormseed, 2.4-0.0; (In form of infusion) Rochelle Salt, 3.2-0.0; Sod. Bicarb., 1.6-0.0; Alcohol., 6%; Flavored. Preserved with 1/10 of 1% Sod. benzoate.



ni MALANG SANTOS




# PULIS PULIS!

BAKAS NG NAKARAAN

PAUWI NA SI TABUKLING BUHAT SA LIBINGAN... AT SA LABORATORYO... HANG NILULUTO NI DR. DIYABOLO ANG "SULBUHAYSOL"...

AY SIYA NAMANG PAGDATING? NINA PELIS AT TARAKATAK? NAWALAN NG GASOLINA, DIUMAKO. ANG KANILANG DIYIP AT, ANILA, AY BAKA MAY TELEPONO SA KASAMAANG PALAD AY WALA! KARAKOLES... BAKA 'ABABISTO' DUKTOR... BULETIN... DUKTOR... ISIP... DUKTOR... ISIP...

11-2-47



**HALIK SA...**

(Karugtong ng nasa pah. 41)  
 nákikilala? Si Renato ako!—ang pakilala na niya sa sinadyang kaibigan.

—Renato!... — náibulalás na wika.—Halika! Masok ka rine sa loob!—ang anyayang inakay ang panauhin.—Umupo ka!

—Kumusta ang buhay-buhay?—ang unang usisa ni Renato.

—Mabuti namán. Subali't humapon ka na ba?—ang mapagmalasakit na tanong.

—Kumain na! Huwág kang mabahala!

—Kumusta ang buhay mo? Kailán ka ba pinalaya? Nábalitaán kong kabilang sa sumuko ang inyong dibisyon.

—Subali't ang kompanya ko ay hindi!—ang maagap na tugon ni Renato.

—Ang ibig mo bang sabihin ay takas ka?—ang nápagbigláng tanong ni Toribio.

—Oo! Minabuti namin ang tumakas pagkatapos na gumawa kami ng huling panlalabán na ikinasawi ng kuláng-kuláng sa kalahati ng mga kawal ko. Kaming nálabi ay nagsumpaang magpapatuloy ng pakikitunggali hanggang sa dumating ang mga amerikang pantulong.

—Sa paniwala mo ba'y may dárating pang pantulong, Renato?

—Mayroon! Tiyák na mayroon!—ang wika ng binatang kumináng ang mga matáng nanlalim sa maraming araw na kagutumang tiniis sa pag-iwas na manunton sa mga lansangan hanggang sa makalayo siláng magkakasama.

—Nguni't buhat ngayon hanggang sa ipaghalimbawa na'y idárating ng mga sinásabi mong pantulong, ay paano ang buhay mo?

—Ako'y tiyák na mamumundok, Ibyong!

—Hindi ba mapanganib ang gágawin mong paglaban sa malakás na hukbong ngayon ay nakasásakop sa atin?

—Mapanganib nga! Subali't malubay pa ang sumuong sa panganiib kaysa dalumatin ang mga kapaslangang ináasal nilá sa mga bihag.

—Nguni't ano ang máitutulong ko, huwág mo na lamang mábanggit kahit kanino!—ang tilla may pangambá nang usisa ni Toribio na nahahalata ni Renatong sa pakikipag-usap sa kanya'y lagi nang nakikiramdam sa dakong pintuan.

Ang gayong pag-aalaalang may sindák ng kaibigan ay náunawaán namán ng binata. Dahil dito'y dinali-dali na niya ang pagsasa-

bi ng kanyang pakay.

—Nátatandaán kong may rebolber kang .38 at mayroon ka pang pang-ibon.

—Mayroon nga, subali't iniisip kong isuko n:ng lahat bukas. Kahapon ay nábasa ko na namán ang lathala sa páhayagán na nanánawagan upang isuko ang lahat ng sandatang pumuputok.

—At isusuko mo namán?—agaw ni Renato.

—Iyon ang pinagkáusapan ng mga kasapi sa ating Gun Club Renato!

—Ganoon man ay nasa ating "armory" ang mga baril, hindi ba?

—Hangga ngayon ay naroon pa!

—Ikaw pa rin ang katiwala ng mga iyon?

—Ako pa ang inabutan ng digmaan na siyang ingatyaman at katiwala.

—Nasa iyo ang susi ng silid na taguán ng mga armas, hindi ba?

—Nasa akin! Nguni't bakit mo náitanong, Renato?

—Toribio!—ang tawag ni Renato.—Kahit tayo magkaibigan ay hindi ko hinihingi sa iyong sumama ka sa amin sa parang. Una'y dahil sa marami kang anak. Ikalawá'y maáring hindi mo pa náunawaán ang paninindigan namin. Subali't ang

tanging hinihiling ko sa iyo'y ipagkaloob mo sa akin ang mga armas.


—Ipagkaloob sa iyo? —Gaya nang iyong náringig! —At kung hanapin sa akin ng mga hapon?

—Makagágawa ka ng kahit anong dahilán. Halimbawa'y ninakaw sa kinatataguan.

—Ganoon man ay ako ang nag-iingat ng susi. Renato, áambág na ako sa iyo ng limándaang piso, huwág mo lamang pangahasán ang mga armas.

—Ibyong!—tawag ni Renatong naubusan na ng paumanhin.—Sa lakad na ito ay hindi namin pinipilit na makiisá sa amin ang si-numan. Subali't lahat nang tumatangging tumulong sa amin ay ituturing naming kaaway. At ang kaaway ay hindi namin ipinalalagáy na may karapatáng mabuhay.

Námataán ng matá ni Ibyong ang nakasukbit sa baywang ni Renato. Alam niyang may sandata ang kanyang kaibigan. Ayaw niyang mápatáy ng mga hapon sa ibang araw sakaling maghinala sa kanya ng masama oras na mátuklasang nangawala ang mga armas na nasa kanyang pag-iingat. Nguni't hindi namán niya māmabutihin din ang mamatáy (Nasa pahina 45 ang karugtong)




**FARMACIA MANUEL ZAMORA — 928 R. HIDALGO**

LUMAHOK SA PALIGSAHAN NG MGA BAGUHAN SA PAG-AWIT NG TIKBOY SA HIMPILANG KZRH TUWING SABADO SA IKA 7:00 N.G. MAGPATALA KAY MYSTERY SINGER SA KZRH SA PAGITAN NG MGA ORAS NA 8:30 AT 12:00 NG TANGHALI TUWING BIE'NES. MAY GANTIMPALANG SALAPI SA MGA MAGSISIPAGWAGI. TAKDANG GULANG: 15 TAON O PABABA.

# Pakikipag-usap SA MGA BITUIN

Pitak ni J.S. ESGUERRA



Si Miguel Lopez, na tuklás ni Susana de Guzmán at gumanáp sa "Violeta" ay mulíng mákikita sa "Ang Pamana ng Tulisán" at "Sarúng Banggi."

**KAMAKAILAN**, si Gng. Aurora Aragon ni Quezon, pangulo ng lupon ng mga patnugot ng "NATIONAL CAMPAIGN ORGANIZATION FOR THE ANTIPOLO CHURCH RECONSTRUCTION," ay binigyan ng pagkakataong mápanood ang mga unang tagpong yari sa ginágawáng pelikulang "HIMALA NG BIRHEN" sa estudio ng LVN.

Ang násabing ginang ay nasiyahan sa mga nápanood at naniniwala siyang ang pelikulang ito'y magiging hit sa araw at oras na itanghál sa mga dulaan sa Maynila.

Pagkaraan ng may anim na buwang panginibang bayan, si Encarnacion de Leon, ay nagbalik sa Maynila. Maraming lunsod sa Estados Unidos ang nádalaw sa buong panahong inilagi niya roon, at isá na ang Hollywood.

Mga kilalang bituin sa aninong gumagalaw ang sumalubong at nagparangál sa pagdating ng násabing butihing-ginang. Napagalamán namin na siya'y may dalang sarisaring makabagong máki-

na sa pagkuha at pagyari ng pelikula. Kamakailán, si Encarnacion de Leon ay hinirang ng kanyang iná, si donya Sisang, bilang pangkalahatang "manager" ng LVN.

Maligayang bati sa inyong pagdating at sa bagong tungkuling háhawakan sa LVN.

Araw-araw, buhat sa umaga hanggang hapon, ang silid na kinálalagyan ni Gerardo de Leon sa pagamutan ng San Lukas ay laging puno ng maraming dalaw.

Mga litaw na bituin sa Puting Tabing ang karamihan sa nagsisidalaw kay Gerry. Sa isang pagkakataon, isang dalaw ang kumu-musta sa kanya, at siya ay masayang tumugon.

—Isang KAMAY NG DIYOS ang nagligtás sa akin—ang wikang nakangiti ni Gerry,—kaya hindi ako nasawi.

Kung hindi pa nalilimot ng madla siya'y gumaganap ng isang mahalagang papel sa pelikulang "ANG KAMAY NG DIYOS."

Sa isang restoran ay nagkaroon ng isang malaking eskándalo nang magbabag ang dalawang artistang lalaki dahil sa isá namang artistang babae na kapuwa nilá sinusuyo.

..Nguni't ang magandá nito ang artisang kapuwa pinipintakasi ng dalawang nagbabag ay lihim na palang nakatali sa isang pusong lalong mapalad kaysa kanilá.

—Hoy, mga panyero—ang wika ng isang nakiawat sa awayang yaon,—tigil na ang mga kahibangngang iyan, sapagka't ang pinagbabangayan ninyo ay may isang linggo lamang ngayong ikinasal kay...—at saka ibinulong ang pangalan ng ibig tukuyin.

Pagkaraan ng ilang sandali, ang dalawang artistang muntik nang magkasubukan ng lakás dahil sa isang malikot na pag-ibig, ay nagkamáy at saka kapwa nagsabing limutin na ang lahat.

Si Bb. Remedios Amariague ng Kalamba, Laguna, ay sumulat sa amin. Sa isang bahagi ng kanyang liham ay ganito ang mababasa:

"...marahil, si Oscar Moreno ay may iniibig na, kaya wala na siyang kapaná-panahong tumugon sa mga nagsisisulat sa kanya. G. Esguerra, maari pu bang sa pamamagitan ninyo ay málaman namang taga-Kalamba, kung bakit hindi tinutugon ni Oscar ang mga sulat na ipinadadalá sa kanya ng kanyang mga tagahanga?"

Ukol sa bagay na iyan, Bb. Amariague, ay wala pu kaming masasabi. Maari pu bang maghintáy kayo ng ilan pang araw? Anong malay ninyo kung si Oscar Moreno ay abalá ngayon sa marami niyang shooting, kaya hindi niya makuhanang tugunin ang mga nagsisisulat sa kanya? Maghintáy kayo, at huwag mung nang mawáwalán ng pag-asá.

Marami ang nagtatanong sa amin tungkol kay Lilia Dizon. Ninanais nilang málaman kung si Lilia ay dalaga o may-asawana.

Buhat kay Macario Rimasanta ng Taguig, Rizal ay tumanggáp kami ng ganitong sulat.

"G. Esguerra: ako po ay isang binatang mahilig makipagsulatán sa mga artistang kinagigiliwan ko sa Puting Tabing. Si Lilia Dizon po ay isá sa aking mga paborita. Kamakailán, siya ay sinulatan ko. Nátatandaan kong mayroon na-

akong limang sulat na nápadádalá sa kanya, nguni't isá man ay hindi niya tinutugon. Bakit po kaya? May-asawa na kaya ang artistang iyon na nagiging kasintahan ko sa aking mga panaglinip?"

G. Rimsanta, kay-gandá ng inyong sulat na tinanggáp namin. Náwiwill kaming tunghayán iyon, nguni't nalulungkot kaming kayo ay sagutin tungkol sa inyong ibig málaman. Ang masasabi namin ay ito :Ang puso ng isang babae, maging siya ma'y isang artista o hindi, ay tulad sa dagat na hindi maarok ang lalim. Ang máipapayo namir sa inyo ay ganito: Huwág kayong panlamigan ng loob at naniniwala kaming bukas-makalawá ay makakatanggáp kayo ng kanyang tugon, maging ang tugong ito ay sa inyong ikasisiyá o ikalulungkot.

"GINANG TAKAICHI." Ito ang isá pang pelikula ng Nolasco Bros. na ngayo'y ginágawa na. Sa mga pangunahing papel ay magsisiganap siná Ernesto La Guardia na kababalik lamang buhat sa Estados Unidos, at Lilia Dizon.

Kabilang din sa casting siná Josefino Cenizal, Gil de Leon, Rosa Rosál, Luis del Rey at Billy Vizcarra.

Ang "MAHINHIN" ay isá sa mga pelikulang ináasahang magtatagumpáy ng Pedro Vera, Jr. Studio. Sa pelikulang iyan ay magsisilabás siná Arsenia Francisco, Ricardo Brillantes at ibá pang may pangalan na rin sa aninong gumagalaw. Ang "synopsis" ng "MAHIN-

**SINUBOK Sa Klinika**  
**Laban Sa**

# HIKA

Sa ginawang pasubok sa klinika ng mga espiyalista sa baga, napatunayang ang SIROP NOREL ay nahisang lunas ang himang kung tinumin sa unang babala sa hima. Lamang kung tinumin sa unang babala sa hima, ang paninikip sumpong, binabawasan nito ang pinatubag ng himang kung tinumin sa unang babala sa hima. Maging ang inyong paghinga, pinatubag ang himang kung tinumin sa unang babala sa hima. Ang inyong paghinga, pinatubag ang himang kung tinumin sa unang babala sa hima. Ang inyong paghinga, pinatubag ang himang kung tinumin sa unang babala sa hima.

**DOCTORS PHARMACEUTICALS, INC.**  
Silid 224 De Leon Bros. Bldg. Ave. Rizal at Raon

**HIN"** ay madalás ikalat sa pamamagitan ng radyo, kaya ngayon pa'y inásahan nang ipagtagumpáy. ng Pedro Vera, Jr., Productions ang pelikulang iyan.

Muling pagigitna sa larangan si Carlos Vander Tolosa. Ang direktor na ito na namatnugot na sa maraming pelikulang nagtagumpáy, ay matagal-tagál ding hindi náring. Nguni't ngayon ay sinásabi niyang kagigiliwan ng lahat ang pelikulang "SIETE DOLORES" na kanyang pamámahalaan.

Ang "SIETE DOLORES" ay pag-aari ng Nolasco Bros. Kung sino ang magsisigánap diyán, ay siyang hindi pa málaman.—#

## HALIK SA....

(Karugtong ng nasa pah. 43)

na agád sa oras na iyon sa kamáy ng isáng taong alám niyang may tiyák nang kapasiyahan sa pagtataguyod ng paninindigang tagláy sa kaibuturan ng isáng mataos na kalooban.

—Hindi namán sa ayaw tumulong, Renato!—náipakli niyang ang tinig ay may kaunting pangginginig.—Ang hinihintáy ko sa sa iyo ay turuan mo ako ng máikakatwirang kapani-paniwala sakaling ako'y siyasatin!

—Ang susi lamang ng malaking pinto ang kailangan ko. Ako na ang bahalang bumasag sa mga dinding na salamin upáng makapasok sa kinalalagyan ng mga armas at siya nang sasalikwát sa talasok na bakal ng estanteryang kinalalagyan ng mga rebolber.

Tila nasiyahan si Toribio sa paliwanag ni Renato kayá't yamang dalawá namán ang susi ng pintuang malaki ay ipinagkalóob niya ang isá.

—Mga rebolber lamang ang nároroon. Ang aking pang-ibon ay nárito. Kung kailangan mo'y bábalutin ko sa sako at nang iyo nang madalá.

—Salamat, Ibyong. Kung magtagumpáy kami ay hindi mo panghihinayangan ang malasakit na idinamay mo sa amin!—ang wika na ni Renatong sumayá ang mukha.

Pinagtanggál-tanggál ni Toribio ang baril na pang-ibon at saka binalot sa sako at tinalian ng mga leteng. Hindi lamang iyon at susi ang ipinabaon niya sa kaibigan, kundi ipinagpilitan din namáng isinilid sa bulsá ng binata ang limándaang pisong nábanggit na sa kanilang pag-uusap.

Palingus-lingos na lumabás at lumayo si Renato sa pook na iyon. Kung alin ang madilim at madaalang na daanan ng mga tao ay yaon ang lansangan niyang tinatalunton.

Alám niya ang iláng na pook na kinalalagyan ng kanilang

## KAYUMANGGING...

(Karugtong ng nasa pah. 10)

wal na Hapon ang kanilang kawalang-pag-asa. Talaga raw silang mapalad na mag-aanak. Sa awa ng Diyos, lahat sila'y nangkalgatas. Ito ay isa sa mga bagay na lagi niyang ipinagpapasalamat sa Lumalang. Iyan...at ang kanyang kapalaran sa pag-aartista.

Ukol sa huli:

Lumuwas sa Maynila si Rosie na kasama ng isang kapatid na matanda noong Enero, 1946. Iyon ang una niyang pagkakaparito sa loob ng buong kapanahunan ng digmaan. Nguni't iyon ay isang "dalaw" lamang; nagbalik din siya sa Dabaw pagkatapos. Sa nayon ng Toril na sila nanirahan at doon na nagpagawa ng bagong tahanan ang kanyang ama, hindi na sa dati nilang pook sa kapital. Pagkatapos ng dalawang buwan ay muli na naman siyang nagkaroon ng pagkakataong makaluwas sa Maynila.

Sa pagluwas na ito noong Marso ng nakaraang taon ay nalagsama siyang minsan ng isang kaibigan sa studio ng *Sampaguita Pictures*. Kapuwa sila humiling ng screen test o pagsubok.

Pagkaraan ng ilang araw, bago pa malaman ni Rosie ang kinalabasan ng test, ay may nagpasa naman sa kanyang isang kaibigan sa tanggapan ng Hukom Jose O. Vera, pangulo ng *Sampaguita*. Pagkakita raw ng naturang ginoo kay Rosie, ay naakit ito at nagwika: "Wala ka bang hangaring mag-artista sa sine?"

Si Rosie ay napangiti at ipinagtapat niyang talaga ngang siya'y may hilig sa pagganap; katunayan, nakakuha na siya ng screen test.

—Screen test?—ang ulit daw ng Hukom Vera.—Saan ka kumuha ng screen test?

Lalong napangiti si Rosie. Marahan at waring nahihya siyang

"clubhouse." Kaya kahit siya nagliliklik sa pamimili ng mga lansangang hindi mapanganib ay alám niyang siya'y makasápit din sa pook na kanyang sadya.

Nguni't nang malapit na siya sa kanyang pook ná pakay ay nátanaw niya sa tulong ng isáng malamlám na ilawán ang isáng kawal na hapon.

Tumigil si Renato. Umupong dahan-dahan at nagkubli sa malagong damong lampás-tuhod na naggugubat sa gilid ng daán. Gumapang siyang buong pag-iingat upáng makalapit sa kinalalagyan ng náikikita niyang palakad-lakad at pabalik-balik na nilikhang may pasáng riple at nakasambalilo ng bakal, na ang bayoneta ay kumikislap sa tuwing tátamaán ng isáng lámparang nakasabit sa bakod sa panulukan ng daán.

(Itútulóy)

tumugon: "Sa *Sampaguita Pictures*, po!"

Nakahinga ang ginoo (marahil ay kinutuban siyang sa ibang samahan nakapuntang una si Rosie!), at nalulugod na nagwika ng:

—Mabuti! Hindi ko alam ang bagay na iyan nguni't ngayon din, pakikialaman ko kung ano ang kinalabasan ng test!

Natuwa si Rosie pagkarinig nito sapagka't siya ma'y sabik na sabik nang mabatid kung siya nga ay "naka-pasa" o hindi.

Sa madaling sabi, ang screen test daw ay isang tagumpay—at sa sumunod na iglap halos ay inalok na siya ng isang kontrata! At ang una niyang pelikulang nilabasan ay isa sa itinuturing na "bigatin", o yaong nagtatampok ng mga artistang kinikilalang "numero uno": "Si, Si, Senyorito!" nilabasan nina Carmen Rosales at Oscar Moreno.


Gayon na lamang ang tuwa ni Rosie. Unang-una, si Carmen Rosales ang higit niyang hihahangaan sa mga artistang pilipino. Malaon na niyang itinuturing na "diyosa" si Mameng at sa kanyang

sarili'y lihim niyang pinipintuho ang bantog na artistang ito. At ngayon ay makakasama niya sa paglabas!

Ikalawa, ang tungkuling iniatas sa kanya ay "hindi masama", lalo pa kung aalagataing siya'y isang baguhan. Nakasama kapagkaraka ang kanyang pangalan sa *billing*, o sa talaan ng mga pangalan ng mga artistang gumaganap. At kasama siya sa maraming tagpo ng pelikula, na karamihan pa'y mga *close-up*: yaong uri ng "kuha" na pinipita ng karamihan sa mga artista dahil sa malapit na malapit at "buhay na buhay" ang bawa't larawan!

At ngayon ay lalo pa siyang masayang-masaya. Sapagka't kabilang siya sa mga napiling lumabas sa pelikulang hanggo sa nobelang dugtungan ng *ILANG-ILANG*: ang "Kamay ng Diyos". At mahalaga rin ang tungkuling ibinigay sa kanya, walang iba kundi si Elena, kaibigan ni Marta! Muli niyang makakasama si Carmen Rosales!

—Siya ang hinahangaan ko sa lahat ng artistang babae sa Pilipinas—ang pagtatapat ni Rosie



Pour Madame

NOLE

A Lotion that accents Sophistication

## SARUNG BANGGI...

(Karugtong ng nasa pah. 9)

Lihim na nātatawá sa kanyáng sarili si Rosa, wala pa siyang ná-kakasamang kasindungo ng lalaking ito kayá't binuo sa kanyáng sariling gawin ang makakaya upáng baguhin si Nanding.

Pagpasok na ng sasakyán sa estudio ay lalong sumasál ang kabá ng dibdib ni Nanding at nang siyá'y pinalálagyan na ng make-up ay tila ba nahihirinan siyang kung paano at nanlalamig siyang gayon na lamang.

—Mr. Flores,—ang tawag ng mensaherong si Ben—ipinatátawag po kayo sa loob, hinihintáy po kayo ni direktor Fernandez.

At umalis na ang mensahero. Hindi málaman ni Nanding kung saán siyá susuot. Tinalun-ton niyá ang mahabang pasilyo buhat sa silid na bihisán at hustung-hustong dumáring siyá sa dulo ay nákita niyá ang isáng babaing nátsod sa hindi nákitang nakausing bato. Nagdudumali si Nanding na lumapit at tinulungan ang babaing nápalupasay sa lupá.

—Cut!—ang sigáw ng kung sino.—Ano ba ang ginágawa mo diyán?

Takáng-taká si Nanding. Tumulong na nga namán siyá'y násigawán pa.

Nádapa po ang ale, tinulungan ko lamang—ang pagmamatuwid niyá.

—Tinulungan?

Galit na galit ang direktor pagká't kung makailáng ulit na yaon na hindi makuha ng artista ang tila totohanang pagkádapa at ngayong mahusay na ay may bigla namáng sumipot at tinulungan ang babae.

—Hindi mo ba nálalalamang kami'y kumukuha ng pelikula? Hindi ikáw ang dapat tumulong diyán kundi ang bidang lalaki.

Nagtáwanan ang lahá't ng mga nanonood!

Hiyáng-hiya si Fernando; hindi niyá málaman kung ano ang kanyáng gágawin. Noon namáy sa-lálabás si Rosa at nákita si Nanding.

—Nanding, ano ang ginágawa mo diyán? Sa loob kitá hinihintáy—ang waláng kamalay-malay na wika ni Rosa.

—Hindi ko náalaman ang daán —náisagot ni Fernando.

ukol kay Mameng.—Sa ganang akin ay wala pang maaaring pumantay sa kanya, kung ang pag-uusapan din lamang ay ang kahusayan sa pagganap!

Kung ang isang taga-hanga ay maaari lamang makasunod sa kinaroroonan ng kanyang hinahangaan, tiyak na balang araw, si Rosie Lorenzana man ay mapapatanyag ding gaya ni Carmen Rosales. Magpatuloy lamang sa pagpatnubay ang mabuting ang-hel na nagligtas sa kanya sa maraming kapahamakan, ay hindi ito malayong mangyari. #

—Sino ba iyán?—ang tanong ng direktor kay Rosa.

—Si Fernando Flores, siyá ang mákakatatambál ko sa pelikulang "Sarung Banggi."

Niyaya na ni Rosa ang kanyáng bagong tuklás at magkahawak pa ang kamáy nang umalis upáng pumasok sa loob ng estudio.

—Masama na namán ang tayo ni Alfonso!—ang wika ng isáng crew o manggagawa sa estudio.

—Tayna kayo—anáng isáng bit player o gumaganáp ng maikling tungkulin,—panoorin natin ang shooting ng bagong artista.

—Tayna!

Sama-sama siláng hagtungo sa loob ng estudio upáng panoorin ang bagong artista.

Inabutan niláng nakalíkmong magkapiling sa isáng magandang sopá si Rosa at si Fernando Flores. Nakaayos na ang mga ilaw, nakatapat na sa ulunán ng dalawang kukunan ang mike at ang hudyát na lamang ng direktor ang hinihintáy upáng simulán ang paggaláw ng kámara.

—Ready—ang sigáw ni direktor Fernandez,—motor!—dugtong pa na ang ibig sabihí'y pakilusín na ang kámara.

Naging tahimik na tahimik ang lahá't nang maringig nilá ang bahagyang ugong ng umiikot na ká-

## LAGALAG NA...

(Karugtong ng nasa pah. 5)

pikit ang babae.

—Rustica del Pan! —puno ng pagtataka ang kanilang mga pangungusap.

mara. Kumilos ang clapper boy o tagakuha ng bilang ng tagpong kinukunan.

—Nagsisinungaling ka! —ang buong kabihasang wika ni Rosa kay Nanding sa kaniláng pagsasanay,—mayroon kang ibáng inibig.

Sumagot si Nanding subali't... waláng tinig na naringig buhat sa kanyang mga labi, inulit niyá'y ganoon din at dalá ng kabaguhá'y tumingin pa sa lente ng kámara at saka hinagud-hagod ang pinanunuyuang lalamunan.

—Cut!—ang sigáw ni direktor Fernandez.

Nagtáwanan ang lahá't ng mga nanonood.

—Ano ba iyán—anáng isáng bit player.—Galing sa bundok?

Nagtáwanang lalo ang mga nakárinig; lalo namáng inalihan ng kahihiyán si Nanding at tagain man yata nang mga sandaling yao'y waláng dugong lálabás dahil sa labis na pagka-takot!

(Itútulóy)

Si aling Rosa, na nang mga sandaling yao'y si Roberto ang kinakalaro, ay madaling nakapan-sin sa gayong batian ng dalawa.

—At bakit, dati na ba kayong magkakilala? —ang kanyang tanong sa dalawa.

—Aling Rosa, hindi ko po aka-laing anak pala ninyo si Cecilio.

—Iyan ang anak kong mawala't lumitaw. Kung minsá'y aalis na lamang at kung minsan naman ay darating na walang kaabug-abog. Akalain ko bang ngayon pang "todos los santos" makaisip umuwi, pagkatapos ng kung ilang taong paglalaglag?

—Inay —ang sambot ni Cecilio, —ipinagkaloob din sa akin ng la-ng't na masumpungan ko ang pinakaiibig ko at pinakamamahal. Nakagawa ako sa kanya ng isang masakit na biro, nguni't ang magandang pagkakataong ito ang magpapatunay na siya'y hindi ko hinangad na biruin kundi gantimpalaan at paligayahin.

—Ano ang kahulugan ng iyong mga sinasabi? —ang patakang tanong ni aling Rosa.

—Si Rustica po ang babaing aking kasintahan, at sadyang kami'y haharap sa dambana, nguni't dahil sa aking biglang pagkatalayo, sapagka't ako'y walang karingat-dingat na ipinadala sa Mindanaw ng aking mabait na tagapamahala upang siyang mangasiwa sa isang sangay ng aming bahay-kalakal doon ay hindi na kami nagkabalitaan.

—Nguni't paano mangyayari ang iyong sinabing iyan? —ang patanong ni aling Rosa. —Nalalaman ng buong nayon na si Rustica ay matagal nang nabalo, at sa katunayan ay narito si Roberto na kanyang anak. Ang ibig mo bang sabihin ay bala na siya nang kayo'y magkagastuhan?

Hindi agad nakapagsalita si Cecilio. Pinukol niya ng tingin ang batang nasa kandugan ni aling Rosa at pagkatapos ay tinitignan ang nahahapis na mukha ni Rustica.

—Paano ngang mangyayari ang iyong mga ipinahayag? —ang patuloy ni aling Rosa nang hindi kumikibo si Cecilio. —Ang puntod na itong ginayakan na niya non pang nakaraang araw ng mga patay at mula noon ay halos dinadalaw niyá linggu-linggo, at sa mga oras na ito'y hayon at ayus na ayos, ay siyang kinahihimbangan ng kanyang unang kasintahan? Basahin mo, Cecilio, kung ano ang nakatitik sa kurus na iyang kinasasabitan ng bulaklak.

Pagkaraan ng ilang sandali ng pag-aatubili ay binasa nga ng binata ang doon ay nakatitik, at ganito ang kanyang natunghayan: "Lagalag Na Kasintahan." Pagkatapos mabasa ni Cecilio ang mga tiktik na yaon ay nakangiti siyang humarap kay Rustica at ang tanong.

(Nasa pahina 48 ang karugtong)

**POMPEIA**  
*Your Favorite*  
**LOTION**

**L.T. PIVER PARIS**

SOLD AT ALL LEADING DRUG STORES & BAZARS

Distributors  
**OCEANIC COMMERCIAL, INC.**  
(LEVY & BLUM)

# Sa DAIGDIG NG MGA ARTISTA



(1) Si Bert Olivar, bagong tuklas ng Sampaguita, ay makikitang kasama ni Lillian Leonardo sa isang tagpo sa "Hele-Hele (Bago Quiere)". Pinangungunahan ang pelikulang ito nina Carmen Rosales at Oscar Moreno, sa ilalim ng pamamatnugot ni Lorenzo P. Tuells.


(2) Isang tagpo sa "Daily Double" ng Palaris. Nasa tagpong ito sina Sylvia Rosales, Oscar Keese, Rosa Aguirre, Tugo at Fugo. Namatnugot si Oscar del Rosario.

(3) "Ngayon at Kallanman" ng Premiere. Sa larawan: Romy, Tindoy, Jose Padilla Jr., Benny at Anita Linda. Direktor: Carlos Padilla.

(4) Isang madulang tagpo sa "Bagong Manunubos" (LVN) na buhat sa panitik ni Nemesio E. Caravana at pinamatnugutan ni Nardo Vercudia. Sina Norma Blancaflor at Jaime de la Rosa ang magpapatahip ng inyong dibdib sa pelikulang ito.

(5) Tatlong pangunahing babaing artista ng Nolasco Bros.: Lilia Dizon, Consuelo Sayson at Alma Bella. Sila'y mapapanood sa "Ginang Takaichi" na siyang kauna-unahang pelikulang ginagampanan ni Ernesto La Guardia sapul nnang siya'y umuwi buhat sa Amerika.

-G. PINEDA



## LAGALAG NA...

(Karugtong ng nasa pahina 46)

—Maipagtatapat mo ba sa akin kung sino ang sinasabi mong “Lagalag Na Kasintahan”?

—Nakikilala mo siya —ang makikiling tugon ng babae.

—At paano ko siya makikilala? Napalibing siya rito nang hindi ko nakita ni nabalitaan man lamang! —ang pagtatanggol ng binata.

—Kung nakikilala mo si Cecilio del Amor, at kung nakikilala ni Cecilio del Amor ang kanyang sarili, ay makikilala mo kung sino ang “Lagalag Na Kasintahan” na nakalibing dito!

—Ako? —nakangiting pakli ng binata. —Oh, Rustica! Diyata't inilibing mo na si Cecilio del Amor at pinanganlan mo pa siyang “Lagalag Na Kasintahan”?

—Upang alalahanin siya ng aking anak at ng aking sarili habang kami'y nabubuhay, sapagka't si Cecilio del Amor ay mahal sa akin magpakailanman!

—Inay! —ang baling ng binata sa kanyang ina na noon ay waring nagugulumuhanan. —Siya po ang inyong butihing manugang mula ngayon. Wala pa akong nampungang matimtimang babang katulad niya magbuhay nang ako'y maglagalag. Inay, ang inyong apo, ang unang supling ng aming nagkalayong pagmamahalan.

—Adilos! —ang nasambit na lamang ni aling Rosa. —E, kung gayo'y apo ko pala si Roberto? Ah, kaya pala magaan ang aking dugo sa mag-inang ito! —at pinudog niya ng halik ang bata.

—Oh, malaki na pala ang aking anak! —ang sambot ng ama at humaliling humalik at bumuhay sa bata. —Roberto, ako ang iyong tatay!

—Tatay! tatay Inay, sino ang aking tatay? —ang tanong sa kanyang ina.

—Siya nga, siya ang iyong tatay! —sambot ng babae.

—Hindi ba iyan patay ang aking tatay? —ang tanong uli ni Roberto.

—Hindi na, anak. Hindi na siya patay ngayon!

Nang ibaba ni Cecilio ang maliit na si Roberto ay si Rustica naman ang kanyang linapitan.

—Sino ang nakalibing sa puntod na ito? —ang kanyang tanong.

—Ang aking lagalag na kasintahan —ang maliksing tugon ni Rustica.

—Karapat-dapat pa ba siya sa iyong pagtatangi? —at hinawakan sa kamay ang babae.

—Kailangang mangusap ang kanyang kaluluwa na ako'y hindi na niya lalayan magpakailanman! —at yumuko si Rustica.

—Nangungusap ang kanyang kaluluwa —ang tugon ng binata at sinapo sa baba ang kanyang kasintahan.



Si Bb. Anastacia Fajardo ng Sta. Lucia, Kalumpit, Bulakán, ay nagtapós kamakailán sa De Luxe Fashion School.

## ANG KAMAY NG...

(Karugtong ng nasa pah. 7)

buong katawán. Paano'y para pa niyang nakikita ang huling gabing ipinagtagpo nilá nito sa isang “bar” nang mánansin niya ang tiamsik ng dugo sa damit nito. Si-napantaha niyang di-malayong tiamsik ng dugong nagmula sa katawán ng kanyang asawang pinasláng ng kung sino, at ang kung sinong násabi'y inakala niyang si Manuel na nga, pagká't nang dumating siya ng bahay ay inabutan niyang nag-aagaw-buhay si Estrella Madrid. Nágunita rin namán nang mga sandaling yaon ni Dr. Magsalin ang tatlong larawang nákitá niya sa album ni Estrella, isá sa náturang mga larawa'y ang kay Makabuhay, na naging mahigpit niyang kaagaw sa pangigingibig sa nasirang kabyák ng puso.

Muling nárinig ang tugtog ng orkesta na siyang nakagambala

—Kung gayo'y ano ang kanyang sinasabi? —ang tanong na may mga luha sa mata ng babae.

—Bukas na bukas din ay ihatid ka sa dambana at...

—Cecilio! Tinutubos mo na ba ako sa aking pagtitiis?

—Isinusumpa kong paliligayahin ko kayong mag-iná? —at umupo silang magkapiling sa luklukang kawayan at ibinuhay ng bawá't isa ang kanilang mga naranasan.

Samantala, sa tulong ng liwanag ng mga kandilang patuloy na nagsisiluha ay masaya namang nakikipaghahabulan si aling Rosa sa kanyang apo at ang kanilang mga anino ay malimit na bumagtas sa ibabaw ng puntod ng “Lagalag Na Kasintahan.”

WAKAS

sa masikháy na pagmumuni-muni ng nakabalát-kayong si Dr. Magsalin.

—Magsayaw tayo, Ginoong Serrano —ang wika ng nagpapanggap na Estrella Madrid, at kumawit sa bisig ng balbasing lalaki.

Pumagitna ang dalawá sa nangingislap na bulwagan. Sa himig ng isáng nakakikiling “rhumba” ay wala siláng iniwan sa bulaklák at paruparong ipinagduruyan ng hangin. Magkatugmáng lalo ang kaniláng pag-imbáy. Nagháhabuláng kasunod ng mga nota ng musika ang kaniláng mga paá.

—Kasinghusay kayo ng aking asawa kung magsayaw —ang wika ng nagkukunwaring si Estrella. —Sa tanáng buhay ko'y ngayon lamang ako napasayaw sa isáng lalaking kasinggaán ng aking asawa kung magdalá. Si Dr. Magsalin ay isáng dalubhasang mananayaw. Siya ang nagturo sa akin ng tango at ng ibá't ibáng sayaw na aking nátutuhan. Ang kanyang malaking karanasan sa mga lupaing pinagpala ng pagkakáunlad ay siyang nakatulong sa kanyá ng malaki, hindi lamang sa panggagamot kundi pati na sa sining ni Teprscore. Talagáng kahawig na kahawig kayo ng aking asawa sa pagsasayaw.

—Binibiro ninyo ako —ang wika ng nakabalát-kayong si Dr. Magsalin. —Madalás kong mákitang magsayaw ang inyong asawa. Wala siyang pangalawá. Ang totoo'y sinakit kong mapag-aralan ang paraán ng kanyang pagdadalá, lalung-lalo na sa tugtog na rhumba. Nguni't... maibá nga tayo ng sálitaán. Kumusta ang inyong asawa at saán siya nároroon ngayon?

—Siya'y nasa Hongkong —ang waláng kagatul-gatol na tugon ni Marta Makairog sa lalaking noon lamang niya nákilala at ni minsan ma'y hindi pa niya nákaka-haráp.

Lihim na nángiti si Dr. Medel Magsalin sa ipinakitang katalinuhan ni Marta, kayá't...

—Alám ninyo, hindi ako naniwalala sa kababalaghan, ni sa milagro —ang nulas sa labi ng balbasing lalaki, —nguni't ngayong mákita ko kayo at mákausap ay naging mapaniwalain ako, at naniwalang may mga patáy nga paláng nagbábangon sa kaniláng libingan upáng muling makihalubilo sa daigdig ng mga buhay.

—Dapat ninyong málaman —ang pakli ni Marta, —na ang labis na katalinuhan ng tao sa ngayo'y kahimá-himala. Dárating ang araw na hindi lamang mga patáy ang mabubuhay ng isáng manggagamot, kundi mabubuhay nilá at mapagagalaw ang isáng eskulturang waláng puso at káluluwá. Lalo nang nagalák si Dr. Magsalin sa nakatutuwang kaságunan ng matalinong si Marta Makairog.

(Nasa pah. 50 ang karugtong)



# VINO DE QUINA Y CACAO WATSONAL

To a rich Claret wine is added the tonic qualities of Kola, Cinchona, and the Phosphates of Iron.

TONIC WINE FOR EVERYONE

Cinch., Kola, and Cocoa ss 2; Pyroph. Iron 1.5; Wine and Arom. Excip. to 100; Alcoh. n. m. t. 12%





# KUNG ANG LIBINGAN KO'Y...

Pang Todos Los Santos

Matagal-tagal ding tayo ay nagduyan sa suyo at lambing ng pagmamahalan; sa aking pagtula: ikaw'y paralumang sa salamisim ko'y nagbigay ng ilaw; sa mgá lungkot mo: ako'y kasintahang langit ng langit mo, masulyapán lamang; diwang sa diwa mo ay isáng timbulan, pusong sa puso ko ay kaligayahán. Ganyán tayo noon; nguni't... kapalaran, kay rupok ng aking tali sa sumpaán!

Pinatay mo ako sa iyong pag-ibig sa pagtataksil ko sa sumpáng malinis! Luha ng luha mo'y natak at tumigis at ikaw'y namahay sa dusa at sakit. Ako'y salawahang naghanáp ng langit sa ibáng kandungang naging panaginip. Nalimutan kita at di na nalirip ang hapdi ng iyong mgá pananangis! Talaga ngá yatang ang guhit ay guhit, Kapag hindi iyo'y uuwi sa tubig.

Bagaman at ako'y sintáng nabubuhay. ipinagluksa mo ng mahabang araw, at, ang wika mo pá: ang aking libingan ay iyáng puso mong lubháng matimtiman. Sala ng may-salang pinagsisisihan ng abáng naglilo sa pagsusuyuan. Sa araw na ito'y iyong pátunayang patay na nga ako sa iyong isipan. Kung ang libingan ko'y ang puso mo, hirang ang libingang puso'y iyong kandilaan...

DAPIT-HAPON





Isá sa mga katangian ng yumaong lider ng bayan na si Manuel L. Quezon ay ang di-pagkawalay sa kanyang isip ng kasabihan nating "ang di lumilingon sa pinanggalingan ay hindi dara-ting sa patutunguhan." Sa tuwi-tuwi na'y di siya nakalimot sa mga taong pinagkákautangan niya ng loob. Sa larawang ito ay mákikita si Quezon nang kanyang dalawin ang libing ng kanyang Ninong na si Dr. Rafael Bertol nang ito'y bawian ng buhay. Mákikita rin sa larawan siná Kom. Manuel Nieto, Kapitán Fernando Fores, Dr. Carlos, Sr. Jesus Saigado, si Gng. Josefa Bertol ni Felix, kapatid ng yumao at ninang ng ngayo'y Pangulong Roxas.

**ANG KAMAY NG...**  
(Karugtong ng nasa pahina 48)

—Alám ba ninyo kung paano ako nabuhay?

—Paano?—ang ágarang sahod ng lalaki.

—Inilawit ng Diyos ang kanyang kamáy sa isang dalubhasang manggagamot upáng ako'y buhayin at isigaw sa harap ng mga alagad ng batás na ang aking asawa'y walang kinálaman sa kasalanang pagpatáy sa akin na kanilang ibinubuhat.

—Kung gayo'y nákikilala ninyo ang kriminal na pumaslang sa inyo?

—Nákikilala ko!—ang táhasang sagot ni Marta.

—Masasabi ba ninyo sa akin kung sino?

—Hindi pa panahon upáng isilawat. Pagkaraan ng mga ilang araw ay málalaman ng madla kung sino ang kriminal.

Natapos ang tugtog na rhumba. Magkakawit-bisig ang dalawang lumapit sa mesang nakalaán sa kanila.

Binati ni Makabuhay ang kahusayang magsayaw ng nakabalát-kayong lalaki.

—Hintáy palá—ang wika ni Manuel Makabuhay sa pinupuring balbasing lalaki.—Salvador

Serrano... wika ninyo ang inyong pangalan, di kung gayo'y kayo ang mánunulát na nábabalita sa Amerika Latina?

Yumukod nang bahagya si Dr. Magsalin. Ang totoo'y ginagad lamang niya ang kanyang ayos sa mukha ng mánunulát na latino nang mákita niya ang larawan nito sa isang mágasin, at siya ring pangalang kanyang ginamit sa pagpapakilala.

—Mula sa Buenos Aires, Arhentina ay nábalitaán ko at nábasa sa mga páhayagan ang bahagi ng mga nangyari sa buhay ng bali-tang manggagamot na si Dr. Magsalin at ng kanyang asawa. Dati ko silang mga kakilala. Nang mábasa ko ang nakaáakit na balita'y madali akong naparito sa Pilipinas na lulan ng isang saksakyang panghimpapawid. Ang layunin ko'y mangalap ng mga tala ukol sa ibig kong sulating kasaysayan.

—Sulating kasaysayan? At kasaysayan nino ang ibig ninyong sulatin?—ang may himig-pagtakang usisa ni Manuel Makabuhay.

—Kanino pa kundi ang buhay ni Estrella at ni Medel—ang walang atubiling tugon ng lalaking nakabalát-kayo.—Lalo na ngayong mákita kong nabuhay ang

isang patáy na malaong nálibing sa ilalim ng lupa, ay naging masidhi ang aking pagnanais, sa-pagká't nangangahulugán sa akin ng limpak-limpak na salapi.

Habang nagsasalita ang nakabalát-kayong si Dr. Magsalin ay mangingat na pinagpálipat-lipát ang kanyang mga matá kay Marta at kay Manuel. Nahalata ng manggagamot na bahagyang natigatig ang dmdamin ni Manuel Makabuhay.

—Ginang Magsalin—ang baling ng nagpápanggap na mánunulát kay Marta Makairog.—Maáari ba kayong mádalaw sa inyong táhanan upáng manghingi ng ilang tala ukol sa inyong...

—Mahirap na pumayag si Ginang Magsalin sa inyong ibig na hingin sa kanya, pairugan ba ninyo silá aling Estrella?

Minasdán ni Estrella Madrid ang nagsalitang si Manuel Makabuhay. Nákita ng babaing bahagyang nangagát-labi ang binata, na nangangahulugang huwág sumang-ayon sa hángarin ng mánunulát.

Hindi nga sumagot si Marta, nguni't ikinagalák na malabis ni Manuel ang nákita niyang iling ng ulo ng ipinalalagáy niyang asawa ni Dr. Medel Magsalin.

—Dinaramdám ko kung gayon

—ang sagot ng nakabalát-kayong lalaki.—Bukas din ay tutulak akong patungong Hongkong. Umáasa ako, na kung naging maramot kayo sa aking kahilingán ay walang salang pairugan ako ng inyong asawa, na wika ninyo'y nasa lupaing náturen.

—Kayo ang masusunod—ang wika ni Marta Makairog,—nguni't mahirap ninyo siyang mákita at mákausap. Iniwan ko sa Hongkong si Dr. Magsalin na malubha ang kalagayan. Dinapuan siya ng sakit na pagkatuyo. Noo'y halos gágadali na lamang ang nálabi niyang buhay. Anim na buwán na ngayon ang nakaráran, na ni balita'y wala akong tinátanggap sa kanya. Maáaring sumakabilang buhay na siya.

Nag-umapaw sa puso ni Manuel Makabuhay ang kagalakan. Sumagi sa kanyang isipan ang kanilang mga nakaraan ni Estrella Madrid—ang kahapon nilang nasasabugan ng mga bulaklak!

Nagmámadaling umalis ang nakabalát-kayong si Dr. Medel Magsalin. Walang naiwan sa mesa kundi siná Rosendo, Marta at Manuel. Dumukot ng isang dadalawampuin si Manuel at ini-abot kay Rosendo, kasabay ng mga tagubilin: "Maáari ka nang maghintáy sa awto." Minasdán muna ni Rosendo ang mukha ni Marta. Nahinuha niya sa isang kindát nito na sumunod sa tagubilin ni Manuel Makabuhay. Pinasigla ni Rosendo ang kanyang kilos at umalis kunwang masayang-masaya sa harap niná Marta Makairog at Manuel Makabuhay.

—Nápakamalilimutin mo namán—ang wika ni Manuel sa kanyang ipinalalagáy na si Estrella, nang mápagdalawá na lamang silá sa mesa.—Ako'y si Manuel Makabuhay. Hindi mo na nga ba ako nákikilala? Nálimot mo na ba ang ating kahapon?

—Maulit ka namán—ang salo ni Marta Makairog,—nagbalik ako sa daigdig ng mga buhay, na wala akong natatandaán maliban sa aking pangalang Estrella Madrid at pangalan ng aking asawang si Medel Magsalin. Nguni't... aywan ko ba. Ang tinig mo kung aking wari'y para bagang náringin ko na rin, hindi ko lamang málaman kung saán.

—Manainga ka... manainga ka at isá-isá kong sásabihin sa iyo upáng panumbalikán ka ng pag-iisip at mákilala mo akong ganáp.

(DURUGTUNGAN)

Uubusin ni Susana de Guzmán ang kanyang nálalaman sa susunod na bilang. Mábibilad na rito ang kriminal na ituturo ng Kamáy ng Diyos. Nasa mga palad ng pangunahing mánunulát na babae kung sino ang kanyang gágawing kriminal sa mga tauhang gumagalaw sa nobelang dugtungan nitong ILANG-ILANG.